

1. Center of top breaking headlines and current events related to Department of Education.
2. Offers free K-12 Materials you can use and share.

# 10

## Edukasyon sa Pagpapakatao

Modyul para sa Mag-aaral  
Yunit H

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan at pamantasan. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa [action@deped.gov.ph](mailto:action@deped.gov.ph).

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon  
Republika ng Pilipinas**

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang**  
**Modyul para sa Mag-aaral**  
**Unang Edisyon 2015**  
**ISBN:**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC  
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD

**Mga Bumuo ng Modyul para sa Mag-aaral**

<b>Mga Konsultant:</b>	Manuel B. Dy Jr., PhD at Fe A. Hidalgo, PhD
<b>Editor:</b>	Luisita B. Peralta
<b>Mga Manunulat:</b>	Mary Jean B. Brizuela, Patricia Jane S. Arnedo, Goefrey A. Guevara, Earl P. Valdez, Suzanne M. Rivera, Elsie G. Celeste, Rolando V. Balona Jr., Benedick Daniel O. Yumul, Glenda N. Rito, at Sheryll T. Gayola
<b>Tagaguhit:</b>	Gilbert B. Zamora
<b>Naglayout:</b>	Jerby S. Mariano
<b>Mga Tagapamahala:</b>	Dir. Jocelyn DR. Andaya, Jose D. Tuguinayo, Jr., Elizabeth G. Catao, at Luisita B. Peralta

**Inilimbag sa Pilipinas ng FEP Printing Corporation**  
**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat**  
**(DepEd-IMCS)**

Office Address: 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City  
Philippines 1600  
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072  
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

## Talaan ng Nilalaman

### Ikatlong Markahan

<b>Modyul 9: Ang Maingat na Paghuhusga</b> .....	161
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo? .....	161
Paunang Pagtataya .....	163
Pagtuklas ng Dating Kaalaman .....	166
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa .....	168
Pagpapalalim .....	170
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto .....	180
<b>Modyul 10: Ang Pagmamahal sa Bayan</b> .....	184
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo? .....	184
Paunang Pagtataya .....	185
Pagtuklas ng Dating Kaalaman .....	188
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa .....	191
Pagpapalalim .....	194
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto .....	206
<b>Modyul 11: Ang Pangangalaga sa Kalikasan</b> .....	209
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo? .....	209
Paunang Pagtataya .....	210
Pagtuklas ng Dating Kaalaman .....	212
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa .....	214
Pagpapalalim .....	216
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto .....	232
<b>Modyul 12: Espiritwalidad at Pananampalataya</b> .....	235
Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo? .....	235
Paunang Pagtataya .....	236
Pagtuklas ng Dating Kaalaman .....	238
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa .....	239
Pagpapalalim .....	241
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto .....	251

## MODYUL 9: ANG MAINGAT NA PAGHUHUSGA



### A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO ?

“Pag-isipan mo muna nang maraming beses bago ka gumawa ng anumang pasiya.” Siguradong narinig mo na ang pahayag na ito sa isang kaibigan, magulang, o nakatatanda. Ano ang kahulugan nito para sa iyo? Bakit kaya hinihikayat ang tao na mag-isip nang mabuti bago magpasiya?



Sa Unang Markahan, naging malinaw sa iyo na bilang natatanging nilikha ng Diyos, ang tao ay may misyon na hubugin ang kaniyang pagka-*sino* bilang *persona* upang makamit ang pinakamataas na yugto ng pagpapakatao – ang pagiging *personalidad*. Kung kaya’t binigyan siya ng: (a) *isip* upang magnilay at makita ang buod o esensiya ng mga bagay na umiiral, (b) *kilos-loob* upang kumilos tungo sa kabutihan, (c) *konsensiya* upang makapili sa pagitan ng mabuti at masama, at (d) *kalayaan* na nagbibigay ng kakayahang tumugon sa tawag ng pagmamahal at paglilingkod. Kailangang linangin ang mga ito upang makabuo ng mga pasiya na magpapaunlad ng kaniyang paninindigan sa pagpapakatao.

Sa Ikalawang Markahan, nalaman mo na dahil sa taglay na *kalayaan* ng tao, may kakayahan siyang magpasiya at kumilos nang may kaakibat na *pananagutan*. Tinalakay din ang mga batayan ng pagsusuri ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Mapapansin na ang tuon ng Ikalawang Markahan ay ang moralidad ng kilos. Paano naman natin matitiyak na magiging mabuti ang kilos bago ito isagawa? Ano-ano ang mga dapat isaalang-alang upang makabuo ng mabuting pasiya?

Sa bawat araw ng ating buhay, nasusubok ang ating kakayahan sa pagpapasiya. Halimbawa, mauupo ka nang sandali upang makapahinga pagkatapos ng buong araw na pagtulong sa iyong ama na nagsaka sa bukid nang maabutan ka ng iyong ina at pinagsabihan na hindi ka maasahan sa bahay. Magpapaliwanag ka ba o palalagpasin na lamang ito? O ‘yung pakagat ka na sa kabibili mong tinapay nang nilapitan ka ng namamalimos at hinihingi niya ang kaisa-isang pirasong hawak mo. Kakainin mo ba ang tinapay o ibibigay na lang sa namamalimos? ‘Yung eksenang huli ka na sa

klase nang biglang may maaksidenteng matanda sa harapan mo. Ipapasa ba sa iba ang pagtulong para mahabol ang oras sa paaralan o ikaw mismo ang tutulong sa matanda?

Para kang binibiro ng kapalaran. Sa dinami-dami ng tao, sa dinami-dami ng oras, bakit ngayon pa? Bakit ikaw pa ang kailangang matiyempuhan ng mga palaisipang ito: Uunahin ba ang sarili o magsasakripisyo para sa ikagiginhawa ng iba?

Hindi bihira ang mga ganitong palaisipan sa ating buhay. May tamang sagot ba rito? May mali ba? Ano ang tama? Ano ang mali? Paano ko malalaman? Sa modyul na ito, makikita ang prinsipyo sa likod ng mga paghugang kailangang gawin sa tuwina na magsisilbing gabay ng mga mag-aaral upang sa panahong malagay siya sa mga alanganing sitwasyon, alam niya kung paano gumawa ng maingat na paghuhusga at mabungang pagpapasiya. Layon nito na masagot ang **Mahalagang Tanong na: Paano nakatutulong ang maingat na paghuhusga sa pagpapasiya upang higit na mapaulad ang paninindigan sa pagpapakatao?**

**Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:**

- 9.1 Natutukoy ang mga kilos na nagpapakita ng maingat na paghuhusga
- 9.2 Nasusuri ang mga kilos na nagpapakita ng maingat na paghuhusga
- 9.3 Napatutunayan ang Batayang Konsepto ng aralin
- 9.4 Nakagagawa ng mga angkop na kilos na nagpapakita ng maingat na paghuhusga

**Narito ang mga batayan ng pagtataya ng *output* sa Kasanayang Pampagkatuto 9.4:**

- a. Natutukoy ang mga pagsubok na nangangailangan ng maingat na paghuhusga.
- b. Nakikilala ang dalawang magkatunggaling dulo ng mga pagpipilian.
- c. Nakabubuo ng pinakamabuting pasiya mula sa gitna ng dalawang magkatunggaling dulo ng mga pagpipilian.



## Paunang Pagtataya

### Unang Bahagi

*Panuto:* Basahin at unawain ang mga pangungusap. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat sa inyong kuwaderno.

1. Alin sa sumusunod ang tinaguriang “ina” ng mga birtud?
  - a. Prudentia
  - b. Katarungan
  - c. Kahinahunan
  - d. Katapangan
2. Sino sa sumusunod ang nagpapakita ng karuwagan?
  - a. Si Belle na takot sa lumilipad na ipis
  - b. Si Abby na ayaw maglakad sa madidilim na kalye
  - c. Si Drew na takot mahulog kung sasabit sa jeep
  - d. Si Marie na nahihiyang mag-ulat sa harap ng klase
3. “Ang karuwagan ay pagpikit ng mata sa tawag ng halaga. Yuyuko at titiklop ang isang duwag sa kaniyang sariling kahinaan.” Ang pahayag na ito ay:
  - a. Tama, dahil nakikita ng isang duwag ang wala sa kaniya sa halip ng napakaraming mayroon siya.
  - b. Tama, dahil hindi umaatras sa anumang hamon ang isang duwag.
  - c. Mali, dahil tiyak na susubukan harapin ng isang duwag ang hamon kahit walang kasama.
  - d. Mali, dahil batid ng isang duwag ang halaga ng mga nakapaligid sa kaniya.
4. Sino sa kanila ang *hindi* nagpapakita ng *katarungan* bilang birtud?
  - a. Isang guro na pumapasok nang maaga at nagtuturo nang buong husay sa klase.
  - b. Isang mag-aaral na itinuturing ang pag-aaral na huli sa kaniyang mga prayoridad sa buhay.
  - c. Isang ama na ibinibigay ang kaniyang buong lakas at oras upang mabigyan ng magandang buhay ang pamilya.
  - d. Isang empleyado na hindi lumiliban sa trabaho at tinitiyak na tapos ang gawain bago umuwi ng bahay.

5. Kung ang maingat na paghuhusga ay pagiging rasyonal ng isang tao, ano ang kaniyang pamantayan sa kaniyang mga kilos?
  - a. Kumikilos nang malaya upang hubugin ang kaniyang mga kakayahan.
  - b. Ginagamit ang talino at tamang katuwiran sa pagtugon sa mga sitwasyon.
  - c. Mahinahon sa pagpapahayag ng kaniyang kaisipan at damdamin.
  - d. Nagpapahalaga sa dignidad at karapatan ng kaniyang kapuwa.
6. Paano napatitingkad ng maingat na paghuhusga ang kabutihan ng tao?
  - a. Kapag maingat ang paghuhusga sa mga pamimilian, nakagagawa ang tao ng mabuti at tamang pagpapasiya na nagdidikta ng makataong kilos.
  - b. Kung maingat ang tao sa paghuhusga ng kaniyang kapuwa, naiiwasan ang pagbibintang at maling pagpapatang.
  - c. Kapag may maingat na paghuhusga, napangangalagaan ang reputasyon nating lahat lalo na sa mga may kasalanan.
  - d. Kung maingat ang paghuhusga magkakaroon ng katarungan, kalayaan, at kapayapaan sa sangkatauhan.
7. “Ang pagpapakatao ay pagiging maingat sa paghuhusga.” Ano ang kahulugan ng pahayag na ito?
  - a. Mahalaga ang maingat na paghuhusga upang maiwasan ang mga maling pagpapasiya na makakasama sa ating sarili.
  - b. Ang maingat na paghuhusga ang nagbibigay hudyat ng matalinong pagpapasiya na mangangalaga sa kapakanan ng tao.
  - c. Laging tandaan na ang unang hakbang sa paggawa ng kabutihan ay maingat na pagpapasiya.
  - d. Nagiging ganap ang pagpapakatao kapag hindi nanghuhusga ng kapuwa kahit may matibay na katibayan.
8. Paano inilarawan ni Bernard Haring, ang maingat na paghuhusga?
  - a. Wings of Love
  - b. Eyes of Love
  - c. Pledge of Love
  - d. Puppy Love
9. Ang maingat na paghuhusga ay tinatawag na “karunungang praktikal” na ang ibig sabihin ay isinasagawang karunungan. Kaninong akda ito?
  - a. Pieper
  - b. Keenan
  - c. Aristotle
  - d. Isaacs

10. Bakit tinatawag na “ina ng mga birtud” ang “prudentia”?
- Dahil mas mataas ang halaga nito sa ibang birtud.
  - Ito ang sagot sa pagpili sa dalawang dulo ng pagpipilian.
  - Hindi kailangan ang ibang birtud sa pagbuo ng mabuting pasiya.
  - Nailalagay nito sa konteksto ng panahon at kasaysayan ang pamimili.

### Ikalawang Bahagi

*Panuto:*

- Suriin ang sumusunod na sitwasyon.
- Kung ikaw ang nasa kalagayan ng mga taong ito, paano mo maipapakita ang maingat na paghuhusga sa iyong pasiya at kilos?
- Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

#### Sitwasyon A

May nakitang pitaka si Carl habang paakyat siya sa ikalawang palapag ng kanilang paaralan. Nang buksan niya ito, nakita niyang naglalaman ito ng malaking halaga, kasama ang ibang mahahalagang pagkakakilanlan ng may-ari. Naisip ni Carl na hindi siya mahihirapang hanapin at isauli ito ngunit biglang may naalala siya. Noong nagdaang gabi, narinig niya ang may-ari ng kanilang inuupahang bahay na galit na galit habang kausap ang kaniyang ina. Ayon dito, kung hindi pa sila makababayad sa loob ng tatlong araw ay tuluyan na silang paaalisin. Limang buwan na silang hindi nakababayad ng upa. Si Carl lamang ang tao noon na paakyat sa hagdanan at walang nakakita sa kaniya. Ano ang nararapat niyang gawin?

#### Sitwasyon B

Saksi si Abby sa madalas na pangongopya at pandaraya ni Paula sa mga pagsusulit sa paaralan. Nitong nakaraang markahan, tinanghal si Paula bilang isa sa *Top 10* sa kanilang klase. Magkklase sila mula elementarya kaya’t itinuturing na rin ni Abby na kaibigan si Paula. Ngunit nakaramdam siya ng lungkot at panghihinayang para kay Jenny na isa rin niyang kaibigan sa klase. Mahusay na mag-aaral si Jenny at higit siyang nararapat na itanghal sa mapasama sa *Top 10*. Ayaw ni Abby na mapagalitan at mapahamak si Paula kung magsusumbong siya, ngunit maaaring magpatuloy ang gawaing ito at tuluyang mawalan ng pagkakataon si Jenny na mabigyan ng parangal. Kung ikaw si Abby, ano ang gagawin mo?



### Sitwasyon C

Matapos bumili ng *CDs* ng paborito mong mang-aawit, napagpasiyahan mong kumain muna bago umuwi sa inyong bahay. Nang binilang mo ang iyong pera, napansin mong hindi nai-*punch* ng kahera sa *record store* ang isa sa mga *CDs*. May kamahalan ang halaga nito, kaya malaki ang natipid mo. Pagbalik mo sa tindahan, mahaba na ang pila ng mga bumibili at nagbabayad. Naisip mong hindi mo na ito pagkakamali at gamitin na lang ang sobrang pera na pambili ng pagkain mo at pasalubong sa iyong kapatid. Sa kabilang banda, alam mo rin na maaaring mapagalitan ang kahera at ibawas sa kaniyang suweldo ang halaga ng *CD* na hindi mo nabayaran. Ano ang gagawin mo?



## B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

### Gawain 1

*Panuto:*

1. Balikan ang mga mahahalagang pangyayari sa iyong nakaraan.
2. Pumili ng isang pangyayari na:
  - a. kailangang gumawa ka ng isang maingat na pagpapasiya matapos husgahan o timbangin ang dalawang pagpipilian kung alin sa mga ito ang tama at dapat mong piliin.
  - b. naging matinding pagsubok ito sa iyo dahil kung maaari lang ay wala kang gustong piliin sa dalawang pagpipilian.
3. Isalaysay ang buong kuwento sa iyong kuwaderno.
4. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod:
  - a. Bakit ka nahirapang pumili sa dalawang pagpipilian?
  - b. Ano ang ginawa mo bilang pagtugon sa hinihinging sitwasyon?
  - c. Ipaliwanag ang iyong dahilan kung bakit mo ito ginawa.
  - d. Ano ang kinalabasan ng iyong ginawang pagpapasiya?

## Gawain 2

*Panuto:*

1. Pagkatapos papangkatin ng guro ang klase sa apat. Ang bawat isa ay magbabahagi ng karanasang isinulat sa Gawain 1.
2. Pumili ng isang miyembro ng pangkat na mag-uulat sa sintesis ng napag-usapan pagkatapos punan ang hinihingi ng bawat kolum sa tsart sa ibaba.
3. Kung ilan ang bilang ng mga mag-aaral na kasapi ng pangkat ay siya ring bilang ng kahon pababa.
4. Dito ilalagay ang mga pagsubok ng bawat mag-aaral, ang dalawang pinakamatinding pagpipilian at ang aksiyong isinagawa.

Mga Pagsubok	Pinakamatinding Pagpipilian		Aksiyong Isinagawa
	Una	Ikalawa	
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			
6.			
7.			
8.			
9.			
10.			

5. Sagutin ang sumusunod na tanong sa kuwaderno.
  - a. Ano ang iyong naging reyalisasyon matapos mong mapakinggan ang ulat ng iyong mga kamag-aral?
  - b. May nabago ba sa iyong sariling pag-unawa tungkol sa kahulugan at kahalagahan ng maingat na paghuhusga? Ipaliwanag ang iyong sagot.
  - c. Gaano kahalaga ang maingat na paghuhusga sa buhay ng isang tao? Patunayan.



### C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

#### Gawain 3: Pagsusuri ng mga sitwasyon

*Panuto:*

1. Suriin ang sumusunod na sitwasyon.
2. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng mga taong ito, paano mo maipakikita ang maingat na paghuhusga sa iyong pasiya at kilos?
3. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

#### Sitwasyon A

Parating na ang malakas na ulan. Nananawagan na ang baranggay na simulan na ang paglikas. Ganoon na ang ginagawa ng inyong mga kapitbahay. Lilikas ka ba tulad nila o hindi? Delikadong maiwan ang mga kagamitan sa inyong bahay, dahil talamak ang mga nakawan sa mga panahon ng paglikas tulad ng naranasan mo na sa nakaraan. Ilang taon ding pinagtrabahuhan ng nanay mo sa ibang bansa para makumpleto ang gamit ninyo sa bahay. Ano ang gagawin mo? Magpapaiwan ka ba upang bantayan ang inyong bahay o lilikas na upang iligtas ang sarili?

### Sitwasyon B

Nagtapat ang kaibigan mo sa iyo na siya ang kumuha ng dalawang libong pisong hinahanap ng inyong kaklase. Kailangan ng kaibigan mo ang pera ngayon upang pagtakpan ang nagastos niyang pambayad ng kaniyang matrikula. Kilala ang kaniyang mga magulang sa pagiging malupit at mabigat ang kamay. Ang kaklase mo naman ay may kayamanan at ang dalawang libong piso ay ipambibili lamang niya ng sapatos na marami naman siya. Nakarating na sa inyong guro ang balita ng nawawalang pera. Aaminin mo ba sa guro ang ginawang pagkuha ng iyong kaibigan? Pagtatakpan mo ba siya tulad ng hinihingi niya?

### Sitwasyon C

Lagi kang pasimuno sa mga kalokohan sa inyong klase. Sa bawat araw, mayroon kang hirit na magiging dahilan upang maghagalpakan sa katatawa ang buong klase. Hindi natutuwa ang inyong guro rito dahil naaantala ang daloy ng talakayan. Nagbabala na siya na dapat itigil ang biruang ito. Isang beses, may humirit sa klase. Hindi ikaw ito. Napuno ang guro at pinagalitan ka sa klase. Ano ang gagawin mo? Hindi mo kilala kung sino ang gumawa ng hirit na iyon. Ikaw ang tinuturo ng lahat na may gawa ng kalokohan. Ipagtatanggol mo ba ang iyong sarili? Paano?

4. Sagutin ang sumusunod na tanong sa kuwaderno.
  - a. Ano ang iyong mga natuklasan sa natapos na gawain? Ipaliwanag.
  - b. Sa iyong palagay, ano ang nararapat na maging pasiya ng mga taong nabanggit sa mga sitwasyon?
  - c. Ano ang mangyayari kung hindi maingat sa paghuhusga ang tao? Ipaliwanag.
  - d. Paano nakatutulong ang maingat na paghuhusga sa pagbuo ng tama at mabuting pasiya?

Upang higit na mapalalim ang iyong kaalaman sa maingat na paghuhusga, halina't sasamahan kita upang maunawaan ang susunod na babasahin.



## D. PAGPAPALALIM

Basahin ang sanaysay.

### Hamon Hindi Problema

Maraming mga bagay ang kailangang tugunan sa araw-araw: Ano ang kakainin mamaya? Paano makatutuyo ng damit ngayong umuulan? Saan kukunin ang pambayad sa mahabang listahan sa tindahan? Sino ang mag-aalaga kay bunso? Paano gagawin ang takdang aralin? Alin ang uunahin sa mga problemang ito?

“Haaay, buhay...” Ang magbuntong-hininga ay panandaliang ginhawa lamang. Hindi ka puwedeng bumitiw at magkibit-balikat ngayon. Kailangan mong harapin ang mga naghahata kang puwersa sa iyong buhay. Kailangan mong tugunan ang mga tungkuling nakalatag sa iyong harapan. Kung maaari nga lamang sana na isang pitik ng mga daliri ay naayos na ang lahat ng kailangan mong gawin, hindi na sana kailangan pang pagkaabalahan ang mga ito. Kung maaari nga lamang sana na huwag na lamang pansinin ang mga problema. Subalit, alam mong lalong hindi ito makatutulong. Wala kang magagawa kundi ikaw mismo ang humanap ng solusyon sa mga problemang ito.

Inihanda ka ng mga nauna mong mga karanasan sa buhay upang makagawa ng mapagmalay at mapanimbang na mga pagpapasiya.

Lalo ngayong hindi ka na bata. Inaasahan ka nang makibahagi nang mas aktibo sa mundo. Hindi na ang iyong mga magulang, o ang mga ate at kuya, ang gagawa ng mga pagpapasiya para sa iyo. Litaw na ang iyong mga personal na katangian at kakayahan, may hugis na rin ang kinabukasang ninanais mo. Ikaw na ang kailangang kumilos kung ibig mong magtagumpay sa buhay.

Tila mabigat na pasanin, subalit sa katunayan, isang nakatutuwang pagkakataon ang hinahain sa iyo ngayon: nasa iyong kamay na ang pagpapasiya. Masusubukan ang iyong talino at kakayahan. Magagamit mo ang ilang taong pag-aaral ng Edukasyon sa Pagpapakatao: ang pagkilala sa sariling mga lakas at hangganan, ang Likas na Batas Moral, at mga prinsipyo ng moralidad ang magiging gabay sa pagpapasiya. Inihanda ka ng mga nauna mong mga karanasan sa buhay upang makagawa ng mapagmalay at mapanimbang na mga pagpapasiya. Kaya't hindi talaga problema ang mga ito. Mga tungkulin mo ito sa iyong buhay na dapat tupdin. Isang hamon na mabigyan ng kaukulang atensiyon at pananagutan ang mga ito. Hindi madali, ngunit may mga paraan. May magagawa ka dahil may kakakayahan ka. Kaya mo 'yan!

## Karuwagan at Takot

Ang kalaban lagi ay karuwagan. Iba ang karuwagan sa takot. Natural ang matakot. Natatakot ka sa aso dahil baka ka kagatin. Natatakot ka sa ipis, lalo na ang lumilipad. Sino ba ang hindi takot sa ipis na lumilipad? Natatakot ka maglakad sa madilim na eskinita lalo na kapag ikaw lang mag-isa. Natatakot ka sumabit sa jeep baka ka mahulog. Hindi masama ang matakot. Babala iyan ng ating utak

Iba ang karuwagan sa takot. Ang pagiging duwag ay pagsuko sa hamon dahil sa kawalan ng tiwala sa sarili o sa iba.

upang ingatan ang sarili. Maaaring nagmula ang mga internal na babalang ito sa mga hindi kawili-wiling karanasan o sa mga kuwento at paalala ng ibang nakaranas na. Mabuting sundin ang takot na ito. Pero iba ang karuwagan. Ang pagiging duwag ay pagsuko sa hamon dahil sa kawalan ng tiwala sa sarili o sa iba. Nahaharap ka sa isang bagong sitwasyon at dahil bago, agad-agad aatras na lamang at hindi man lang susubukan. Tulad ng pagkain ng durian. Naaamoy pa lamang ang durian, inaayawan na agad. Hindi na ito titikman pa dahil sa amoy. Hindi niya alam kung gaano kasarap ang prutas na ito. Napapangunahan kasi ang sarili ng mga naiisip tungkol sa isang bagay. Hindi nagtitiwalang kayang tanggapin ng katawan ang pambihirang prutas na ito.

Kailangang makita ang pinong pagkakaiba ng taong umaayaw sa isang bagay dahil *natatakot* siya sa hamon o dahil talagang alam niya sa kaniyang sarili na *hindi niya kaya* ang hamon. Maraming kailangang timbangin upang makita ang pagkakaiba ng dalawa: Ano-anong mga karanasan ko o ng iba ang nagsasabi sa aking huwag ko na subukan pa ang kinakaharap kong bagay? Nasubukan ko na ba (o ng iba) ito dati? Ano ang nangyari? Anong pahamak ba ang maidudulot nito sa akin o sa iba kung gagawin ko ang bagay na ito? May pakinabang ba akong makukuha rito? May madadagdag ba o mababawas sa kahulugan ng buhay ko kapag ginawa ko ito? Saan nagmumula ang takot: takot na masaktan, takot magkamali, takot sa sasabihin ng iba, o takot dahil talagang ikapapahamak ko ang gawin pa ang bagay na ito?

Naalala ko ang aking pamangkin nang minsang yayain ko siyang lumangoy. Nagpunta ako sa pinakamalalim na bahagi ng *swimming pool*, tinawag ko siya at niyayang tumalon sa tubig. Marunong ako lumangoy at pati na rin magbigay ng paunang lunas, kung sakali. Tumakbo siya papunta sa dulo ng lupa at tubig, urong-sulong siyang umiiyak



sa pangamba. Totoong nakatatakot, may dahilan ang mangamba, dahil sa kaniyang pagtatantiya, hindi niya kakayanin talaga ang lalim ng tubig. Hindi siya marunong lumangoy. Sa kabila nito ang buong-loob ko namang paniniguro na sasaluhin ko siya at hindi pababayaan.

Matagal-tagal ding pagpapakalma at pang-aamo ang naganap bago siya tuluyang tumalon. Ang magaling sa aking pamangkin, malay siya sa kaniyang sariling kakayahan at kahinaan. Hindi siya nagkunwari at nagtapang-tapangan sa mga bagay na higit sa kaniyang abilidad. Hindi siya pikit-matang basta tumalon sa tubig nang walang paninimbang at paniniguradong may sasalo sa kaniya. Nakatatakot ang malalim na tubig. Lalayo na lamang ang duwag; tapos na ang usapan. Ang takot, nanginginig, nag-aalinlangan, hihingi ng suporta sa iba, at saka tatalon sa tubig kapag handa na siya. Nakatatakot man gawin ang isang bagay nang mag-isa, hindi na kung may kasama. Tatalon pa rin kahit nakatakot dahil higit sa personal na takot ang tawag ng halaga sa paglangoy sa tubig.

Ang karuwagan ay pagpikit ng mata sa mga tawag ng halaga.

Ang karuwagan ay pagpikit ng mata sa mga tawag ng halaga. Yuyuko at titiklop ang isang duwag sa kaniyang sariling kahinaan. Sa halip na tumingin sa liwanag ng mga dapat, tungkulin, prinsipyo, at pagpapahalaga, ang pagtutuunan ng pansin ay ang dilim ng sariling kahinaan. Hindi ko 'yan kaya! Wala akong ganito, wala akong ganyan. Ang *wala sa kaniya* ang nakikita sa halip na tingnan ang napakaraming *mayroon siya*. Mayroon siyang tungkulin. Mayroon siyang kasama. Mayroon siyang malalapitan. Mayroon siyang kinabukasang binubuo. Mayroon siyang saysay. Ang mga ito ang mahalaga higit sa kahinaan at limitasyon ng sarili. Kaya nga nagagawa ng bulag ang maglakad pa rin sa kalye gamit lamang ang gabay na aso o ang patpat dahil higit na mahalaga ang makalanghap ng sariwang hangin sa labas kaysa sa magkulong sa loob ng bahay sa pangambang madarapa, mabubunggo, mawawala lamang siya sa lansangan. Hindi nagpapadaig ang bulag sa kawalan ng paningin. Tinitingnan ng bulag ang malinaw na mga hangarin at pagpapahalaga niya sa kaniyang buhay. Takot pa rin siya, oo; pero hindi siya naduduwag sumubok.

Ito ang unang pagpili na ating gagawin: magpadaig sa karuwagan o aminin ang takot at kumilos nang angkop?

## Kahinahunan bilang Angkop

Ano ang angkop? Madali ang magmalabis o ang kabaligtaran, magwalang-bahala at walang gagawin. Kung may malakas na bagyong paparating, ang iba ay tutungo sa pamilihan at mag-iimbak ng pagkarami-raming pagkain, tubig, damit, baterya, *flashlight*, at iba pa. Walang mali sa paghahanda, ngunit kailangan ba talaga ang ganito karami? Ang iba naman, labis ang pagkapanatag: pahiga-higa lamang, palinga-linga, patambay-tambay. May saloobin na “bahala na!” o ang mas malala, ang saloobin na “hindi iyan mangyayari sa amin!” Ang ganitong pag-iisip ang dahilan kung bakit marami ang nalalagay sa peligro sa mga kalamidad. Ang labis na tiwala sa sarili—yaong nakalilimot na sa katotohanang marami ring bahagi sa mundong ito ang wala sa ating kamay—ang ikinakapahamak ng iba. Nagtawag na ng paglikas ang barangay dahil sa maaaring pagtaas ng baha. Ibinalita na ang paghampas ng daluyong ng dagat. Hindi pa rin lumikas dahil, “hindi iyan mangyayari sa amin! At kung maganap man iyan, bahala na!”

Ang angkop gawin ay akuin ang tungkuling kailangan kong tumugon. Wala nang iba. Hindi ang mataranta o magdrama o ang panghinaan ng loob o sumabog sa galit. Magmahinahon at saka tingnan ang sitwasyon. Sa kahinahunan matitimbang nang may linaw at obhetibong pagtingin ang iba-ibang salik ng sitwasyon: ang pansariling kakayahan at limitasyon, ang kalagayan ng kapaligiran, at ang lakas at kahinaan ng mga kasama.

Ang unang hakbang ay tumugon. Angkop ang tumugon. Ang pangalawang hakbang ay ang pagsusuri sa kalidad ng itutugon: hindi labis, hindi kulang. Angkop! Ang angkop ay ang pinakamahusay na magagawa sa isang sitwasyon. Dahil ito ang pinakamahusay, ito ang sukduhan na maaaring gawin ng tao. Ang paggawa sa sukduhan na ito ang pinakamabuting dapat gawin. Kung may bagyo, maghanda. Bilhin ang kailangang bilhin. Hindi ang mga “puwede na” para lang mayroon, bibilhin ang pinakamahusay na gamit na makapagbibigay proteksiyon at ginhawa sa sakuna. Pagtibayin ang mga haligi ng bahay. Itali nang mahigpit ang mga maaaring tangayin ng hangin. Lumikas nang dali-dali kung ito na ang tantiya ng mga awtoridad.

Angkop ang magmadali, hindi angkop ang mataranta. Angkop ang mag-ingat, hindi angkop ang maduwag. Angkop ang maging matapang, hindi angkop ang maging mapangahas. Pag-aangkop ang tawag sa paglalapat ng mga kakailanganin ng labas at ng maibibigay ng loob. Ang bungang-kilos nito ay ang angkop. Kahinahunan ang tawag sa saloobin na ayon sa angkop.



## Ang Angkop bilang Makatarungan

Ang paggawa nang hindi ayon sa angkop ay nagbubunga ng pagkasira. Sinisira nito ang kaayusan ng sarili, kapuwa, at kapaligiran gawa ng pagmamalabis o pagdarahop. Kawalang katarungan ang tawag sa pagkasirang ito.

Upang higit na maunawaan ang kahulugan ng katarungan, subukin nating pagmunihan ang salitang “tarong” o “tarung” sa Bisaya na tila salitang ugat ng “katarungan.” Ang “tarong” tulad ng sa kasabihang, “Magtarong gyud ka!” ay nangangahulugang “umayos,” “magmatino,” “magpakabuti.” Saklaw ng salitang “tarong” ang iba-ibang antas ng kabutihang pinag-aralan na sa mga naunang baitang ng Edukasyon sa Pagpapakatao: ang paglalagay sa ayos ng sarili sa pamamagitan ng pag-iingat at pag-aalaga sa katawan, ang pagkilos ng ayon sa likas na batas moral, at ang makataong pakikipagkapuwa. Samakatuwid, ang pagiging makatarungan (makatarung-an) ay pagpanig sa kabutihan, paglagay sa ayos, at pagiging matino sa pag-iisip at pakikiugnay. Para ring sinasabi ng “Magtarong gyud ka!” na maging makatarungan ka! Ito ang pinakaangkop na bunga ng pag-aangkop na magagawa ng tao.

Ngunit sa pagmamadali, nadudulas ang tao sa mga pagpapasiyang hindi masyado napag-isipan. Malakas ang loob ng tao na sumuong sa kung ano-anong mga kompromiso sa pag-aakalang walang ibang maaapektuhan ng pasiya. Magpapabaya ang estudyante sa pag-aaral dahil tinatamad na siya mag-aral. Totoong siya nga lang ang makakakuha ng mababang marka sa kaniyang report card, ngunit hindi totoong siya lamang ang naaapektuhan. Dinidibdib ng guro ang hindi pagkatuto ng kaniyang estudyante. Iniisip niyang siya ang dahilan nito. Pati ang mga kaklase, naaapektuhan din. Bumabagal ang talakayan upang sa pagdadahan-dahan ay makahabol ang mga nahahirapan sa aralin. Dahil dito, ang ibang madaling matuto, nababagalan at tinatamad na rin, at ang mga tinatatamad na, lalo pang nawawalan ng gana. Ang pagpapabayang ito—ang kawalang katarungan sa sarili—ay hindi rin makatarungan sa iba.

Pansinin na ang usapin ng kawalang katarungan ay hindi lamang tungkol sa mga malalaking isyu ng patayan, krimen, at hindi pagkakapantay-pantay. Nangyayari ang mga ito sa mga pinakasimpleng mga pagpiling ginagawa ng tao sa bawat araw. Kakain ba ako? Marami o kaunti? Papasok ba ako sa paaralan? Mag-aaral ba ako o mangongopya na lamang sa pagsusulit? Aasarin ko ba ang kaklase ko? Papatulan ko ba ang nang-aasar sa akin? Tutulong ba ako sa gawaing bahay? Lilinisin ko ba

Kung ginagawa ang *dapat*, nangyayari ang *sakto*. Sa ganyang paraan nagaganap ang katarungan. Ang paggawa ng makatarungan ay ang angkop.

ang kuwarto ko? Ililigpit ko ba ang pinagkainan ko? Ang hindi maglinis, magligpit, mag-aral, tumulong, kumain, maligo, matulog—ang lahat ng mga tungkulin natin sa ating sarili at sa ating kapuwa—ay nakapaloob sa konsepto ng katarungan. Angkop lagi ang maging makatarungan at kapag pinipili ang katarungan, nagiging angkop ang lahat. Pansinin ang pagbabago ng gamit sa kaisa-isang salitang “angkop” sa naunang pangungusap. Ang “angkop” ay nauunawaan bilang parehong “dapat” at “wasto, sakto, o tama.” Kung ginagawa ang *dapat*, nangyayari ang *sakto*. Sa ganyang paraan nagaganap ang katarungan. Ang paggawa ng makatarungan ay ang angkop.

### Ang Kilos ng Pamimili

Kaya’t kung malalagay sa sitwasyon na kailangang mamili, ang dapat piliin ay ang tatlong birtud sa itaas: ang katapangan, kahinahunan, at katarungan. Ang angkop gawin ay ang tamang timbang ng karuwagan at angas, ang tapat na pagtingin sa kalagayan, at ang wastong pagkilos ayon sa kaayusan, katinuan, at kabutihan. Sa ibabaw ng lahat ng ito ay ang tawag ng pag-aangkop. Ang bawat pagkilos ay kailangan laging angkop. Itong kilos ng pag-aangkop sa pamimili ay tinatawag na *prudentia*, hiniram sa wikang Latin at *prudence* sa wikang Ingles.

Tinuturo sa atin ng *prudentia* ang pag-aangkop bilang sumasapanahon. Nauunawaan ang *prudentia* sa Latin bilang isang uri ng pagtingin sa hinaharap (*foresight*). Sa maagap na pagtingin sa hinaharap, inuugnay ang kahapon, ngayon, at bukas sa isa’t isa. Ang *prudentia* ay hindi lamang upang pangunahan ang mga posibleng epekto

Ang mga pamimili ay hindi reaksiyon lamang sa mga hinihingi ng kasalukuyan. Tugon ito sa hamon na gawing makabuluhan ang serye ng kahapon, ngayon, at bukas—ang kuwento ng ating pagkatao.

ng pagpili, kundi isang pag-uunawa na may isang kuwento ang mga pangyayari sa kahapon at ngayon na siyang magiging bukas. Ang mga pamimili ay hindi reaksiyon lamang sa mga hinihingi ng kasalukuyan. Tugon ito sa hamon na gawing makabuluhan ang serye ng kahapon, ngayon, at bukas—ang kuwento ng ating pagkatao.

Kaya’t tinatawag na “ina” ng mga birtud ng katapangan, kahinahunan, at katarungan ang *prudentia* sapagkat nilalagay nito sa konteksto ng panahon at kasaysayan ang pamimili. Dahil sumasapanahon, hinihingi ng *prudentia* na maging

Hindi namimili sa dalawang *dulo*, hinahanap ang *gitna* sa maingat na paghusga.

maingat sa paghusga at matino sa pagpasiya. Kailangang maging mulat sa mga *partikular* na kondisyon ng pagkakataon bago pumili. Mahalagang husgahan ang sitwasyon nang may pagmumulat sa natatanging kalagayan ng mga tauhan at kapaligiran sa pangyayari. Kailangan ding magpasiya nang

may pagmumulat sa kabuuang layunin ng pagkatao. Sa madaling salita, gawin ang pagpili hindi para lamang sa isang *ano* kundi dahil nais pagtibayin ang isang *bakit*. Ang pagmamata pang, pagkamahinahon, at pagiging makatarungan ay hindi lamang para magawa ang isang partikular na *output*. Ginagawa ang mga ito dahil sa hinahangad na *bunga* ng paggawa sa sarili, kapuwa, at kapaligiran. Laging nasasaisip ang malaking larawan (*big picture*), ang malawakang ugnayan, at ang kabuuang kuwento. *Prudentia* ang pagmamalay na ito sa kabuuan. Nagagawa ang pagbuo sa maingat na paghuhusga ng sitwasyon ayon sa pamantayang kailangan at dapat, ng panandalian at pangmatagalan, ng pansarili at panlahatan. Hindi namimili sa dalawang *dulo*, hinahanap ang *gitna* sa maingat na paghuhusga.

### Karunungan Praktikal

Kailangang maging maingat sa paghuhusga dahil sa mga magiging bunga nito sa iyong sarili at sa iba. Tinatawag ng pilosopong si Aristoteles ang kinikilala nating birtud ng *prudentia* bilang *phronesis* o karunungan praktikal (*practical wisdom*). Aniya, ang *phronesis* ay isinasagawang karunungan. Ibig sabihin, iniaangkop ang natututuhan ng isip sa mga pang-araw-araw na gawain. Ang paghuhusga ay hindi lamang gumagalaw sa larangan ng mga ideya kundi sa mga kinakailangan ng mga sitwasyon o pangyayari. May mga ideya tayong tama at mali, mabuti ang mga ito, ngunit, ang higit na mabuti ay ang paglapatin ang mga prinsipyo ng kabutihan at ang mga partikular na kondisyon ng sitwasyon. Kailangang isali sa pagtitimbang ang kahandaan ng panahon, mga pangangailangan at kakayahan ng mga tao, at kalagayan ng paligid upang makagawa ng isang maingat na paghuhusga (*prudentia*). Ang dinadagdag ni Aristoteles na siyang pinakamahalagang sangkap ng *phronesis* ay ang aspekto ng pagiging mabunga. Masasabing mabunga ang paghuhusga kung nakalilikha ito ng magagandang oportunidad upang magtagumpay at umunlad ang tao.

Masasabing mabunga ang paghuhusga kung nakalilikha ito ng magagandang oportunidad upang magtagumpay at umunlad ang tao.

## Isang Ehersisyo

Tingnan muli ang sumusunod na sitwasyon. Ilagay ang sarili sa tagpo at kuwento. Timbangin ang sitwasyon at subuking gumawa ng isang maingat na paghuhusga. Tandaan na ang maingat na paghuhusga ay may kakayahang unawain ang pangangailangan ng partikular na sitwasyon para mailapat ang nararapat na kilos o lunas.

### 1. *Tutulong o pababayaan?*

Nakiusap ang iyong kaklase na pakopyahin mo siya mamaya sa pagsusulit. Mababa talaga ang kaniyang mga grado kahit na gustong-gusto niyang mag-aral. Paano'y katulong siya ng kaniyang mga magulang sa pagtitinda ng mga kakanin sa hapon at balut tuwing gabi. Hirap na hirap siya talaga makapag-aral dahil sa pagod. Pakokopyahin mo ba siya na maaaring ikapahamak ninyong dalawa kapag nahuli kayo? Hindi rin makatutulong sa kaniya kung papasa siya sa pagsusulit nang hindi naman niya talaga naiintindihan ang aralin. Kung pabayaan mo naman siya, maaaring bumagsak siya sa pagsusulit at ikatanggal pa niya sa paaralan. Paano na ang kaniyang kinabukasan? Siya pa naman ang inaasahan ng kaniyang mga magulang.

### 2. *Wawastuhin o mananahimik?*

Narinig mong tinuturuan ng mama ang isang bata kung paano mandukot sa mga namimili sa palengke. Lalapitan mo ba sila at pagsasabihan? Isusumbong mo ba sila sa pulis? O mananahimik ka lang at ipagpapatuloy ang sarili mong pamimili?

### 3. *Susunod o magsusumbong?*

May proyektong tinakda ang inyong guro. Gumawa ng pagpapangkat-pangkat at sa kasamaang palad, kumpleto na ang bawat grupo maliban sa isa—ang pangkat na iniiwasan mo. Lumapit ka sa kanila at nagpresentang sumali. Ang sagot nila ay papayag silang tanggapin ka sa isang kondisyon, ikaw ang gagawa ng buong proyekto! Tinakot ka nila na kung magsusumbong ka, guguluhin nila ang buhay mo sa paaralan. Ano ang gagawin mo, magsusumbong ka sa guro sa kabila ng kanilang pagbabanta o susunod ka na lang sa gusto nila para lamang matapos na ang proyekto?

## Paghusga at Pagpapasiya

Ang maingat na paghusga ay paninimbang sa mga nakalatag na kondisyon ng sitwasyon at pag-aangkop ng mga prinsipyo ng kabutihan sa mga ito. Hindi hinuhusgahan ang pagiging tama o mali ng isang bagay batay sa mga prinsipyo ng mabuti at masama. Ang maingat na paghuhusga ay kilos ng pagpapalitaw sa mabuting nakatago sa sitwasyon at mga pinagpipilian. Dahil sa totoo lang, sa kahit na anong ginawa ng tao, ang iniisip lamang niyang gawin ay ang makabubuti sa kaniya—maging mali o tama man ito sa larangan ng moralidad. Kaya sa maingat na paghuhusga, pilit na inuunawa ang mga *konteksto* ng mga kaganapan. Anong kabutihan ang mga nagsisilbing udyok at layon ng mga kaganapan? Ito nga ang dahilan kaya pinag-iingat tayo sa paghusga - upang hindi agad mabulag ng mga nakasanayang ideya ng tama at mali at makita ang binubuong kuwento ng mga tauhan.

Kapag namulat na rito, saka makagagawa ng matinong pagpapasiya. Ang pagpapasiya ay hindi simpleng pamimili sa pagitan ng mabuti at masama - laging mabuti ang dapat at kailangang piliin sa kahit na anong kalagayan. Ang pagpapasiya ay ginagawa sa pagitan ng *parehong* mabuti. Pagkatapos makita na may kabutihan na pinanggagalingan ang magkabilang panig, makapagpapasiya na nang mas obhektibo at nang may talino.

Hindi kailangang makulong sa dalawang pagpipilian. Hindi iyan o iyon ang pipiliin. Hindi isa sa kanilang dalawa.

Sa unang tingin, tila napakahirap pumili sa dalawang mabuti. May pakiramdam ng pagkaipit dahil nga kapuwa kanais-nais ang magkabilang panig. Sa pagkakataong ito, makatutulong ang kilos ng *phronesis*. Ang gabay na tanong sa pagpapasiya ay: *Ano ang pinakamabunga?*

Hindi agad na nagpapakita ang opsiyong magbibigay ng pinakamagandang bunga. Hatid ng pagkapit sa mga birtud ang pagkita sa ibayo ng mga pinagpipilian. Sa madaling salita, hindi kailangang makulong sa dalawang pagpipilian. Hindi iyan o iyon ang pipiliin. Hindi isa sa kanilang dalawa. Pareho? Nakakakita pa siya ng iba pang mga opsiyong makasasakop sa mga pagpapahalagang nasa likod ng magkabilang panig. Nakabubuo ng ikatlo, ikaapat, o panlima pang opsiyon pagkatapos ng nakahaing unang dalawa. Kaya naman, hindi nagiging mahirap ang pagpapasiya dahil hindi naman pala kailangang paglabanin ang dalawang panig. Maaaring piliin ang pareho sa pagbuo ng bagong opsiyong sasaklaw sa dalawa.

Nasisilayang posibilidad na ito ng “mata ng pag-ibig” (*eyes of love*) na ayon sa akda ni Bernard Haring, ay ang kakayahang makita ang kalagayan hindi lamang sa perspektibo ng mga *pagpipilian* kundi sa perspektibo ng *makabubuti*. Sa ganitong

paraan, higit na nakikita ang kabuuang kalagayan at ang ugnayan ng kahapon, ngayon, at bukas. Ang tao ay lumalapit sa talagang totoo at mabuti—ano ang kabuuang kuwento? Ano ang pinahahalagahan? Ano ang dapat naising marating? Gamit ang “mata ng pag-ibig,” laging matapang, mahinahon, at makatarungan ang kaniyang pagpapasiya. Handa siyang tiisin ang sakit alang-alang sa pagmamahal. Paninindigan niya ang kabutihan dahil ito ang higit na magpapatao sa kaniya. Baka may masasaktan sa kaniyang pasiya—dahil hindi pipiliin ang isa laban sa kabila—ngunit, sa higit na malawakang pagtingin, ang pasiya ay hindi nakasasakit. Ito ang pinakamabuti. Ito ang tamang gawin.

Balikan natin ang unang halimbawa sa isang Ehersisyo sa pahina 177. Tutulong o pababayaan? Ito nga lamang ba ang mga opsiyon? Ano pang mga pagpipilian ang nakikita gamit ang “mata ng pag-ibig?” Hindi ang pagpapakopya ang isyu dito. Ang isyu ay ang nauubos na oras ng estudyante para makapag-aral nang mabuti. Hindi ba posibleng mag-aral habang nagtitinda? Maaari bang kausapin ang guro tungkol sa kalagayan ng pagsasabay ng pag-aaral at pagtitinda upang mabigyan ng kaibang paraan ng pagtatasa sa pag-aaral?

Hindi agad hinuhusgahan na mali ang isa at tama naman ang kabila. Tinitingnan ang sitwasyon at binabasa ang mga hinihingi ng magkabilang panig. Tinitimbang ang mga ito ayon sa kabuuang mabuting bungang ninanais para sa lahat. Ganyan ang matinong paghuhusga: nagdudulot ng pasiyang makabubuti.

### **Tayahin ang Iyong Pag-unawa**

Naunawaan mo ba ang iyong binasa at natalakay? Makatutulong ang sumusunod na tanong upang masukat mo ang iyong pang-unawa sa natapos na babasahin. Isulat ang mga sagot sa kuwaderno.

1. Ano ang katangian ng maingat na paghuhusga?
2. Bakit tinuturing na “ina ng mga birtud” ang *prudentia*?
3. Paano nakatutulong ang *prudentia* at maingat na paghuhusga sa pagbuo ng pasiya?
4. Ano ang pagkakaiba ng takot sa gagawin ng iba at karuwagan dahil sa kawalan ng tiwala sa iba?
5. Bakit mahalaga ang “mata ng pag-ibig” sa paggawa ng maingat na paghuhusga?

## Paghinuha ng Batayang Konsepto

1. Hahatiin ng guro ang klase sa apat na pangkat. Magkakaroon ng lima hanggang sampung minutong talakayan sa pangkat upang sagutin ang tanong na: **Paano nakatutulong ang prudentia at maingat na paghuhusga sa pagpapasiya upang higit na mapaunlad ang paninindigan sa pagpapakatao?**
2. Matapos mapakinggan ang sagot ng lahat ng kasapi sa pangkat ay bumuo ng pangkalahatang sagot sa mahalagang tanong at isulat ito sa isang *manila paper*.
3. Ipaskil sa pisara at basahin sa klase.
4. Pagkatapos, gamitin ang *output* ng bawat pangkat upang bumuo ng pangkalahatang sagot ng klase sa mahalagang tanong.

## Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



## E. PAGESASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

### Pagganap

#### Gawain 4

*Panuto:* Gunitain at isulat sa *journal* ang mga mahahalagang pangyayari ng iyong buhay kung saan nasubukan ang iyong kakayahang hanapin ang pinakamabuting pagpapasiya mula sa gitna ng magkabilang dulo ng mga pagpipilian. Gabay mo ang talahanayan sa susunod na pahina.

1. Tukuyin ang dalawang kritikal at magkasalungat na pagpipilian na hinihingi ng sitwasyon.
2. Pag-isipang mabuti at husgahan kung alin sa magkabilang dulo ng pagpipilian ang tama at mabuti.
  - a. Kung gagawin mo ang isa, ano ang epekto? Masaya ka ba?
  - b. Kung gagawin mo rin ang kabila, ano ang mangyayari? Mapapanatag ka rin ba? Pangatuwiran.
  - c. May nabuo ka bang pangatlong pagpipilian mula sa gitna ng dalawang magkabilang pagpipilian? Ipaliwanag.
  - d. Ano ang isinagawang kilos na sa tingin mo ay bunga ng maingat na paghuhusga? Ano ang epekto nito?

<p>Mga pangyayari sa aking buhay na sumubok sa kakayahan kong hanapin ang pinakamabuting pagpapasiya mula sa gitna ng _____ pagpipilian</p>	<p>Dalawang kritikal at magkasalungat na pagpipilian</p>	<p>Alin sa magkabilang dulo ang tama at mabuti?</p>
		<p>Opsiyon 1 Opsiyon 2 Opsiyon 3</p>

### Gawain 5

*Panuto:* Balikan ang inyong pangkat na binuo ng inyong guro. Alamin ang kanilang opinyon kung bakit maraming kabataan ang hindi dumadaan sa tamang proseso ng pagbuo ng tamang pagpapasiya para sa makataong kilos? May kaugnayan ba ito sa kawalan ng maingat na paghuhusga? Gumawa ng isang sanaysay mula sa mga opinyon ng mga kamag-aral.

### Pagninilay

#### Gawain 6

*Panuto:*

1. Magtala ng limang mahahalagang aral mula sa babasahin na iyong babaunin sa pang-araw-araw na buhay.
2. Maaari ring magtala ng mga tanong na nananatiling nangangailangan ng sagot pagkatapos ng ginawang pagtalakay.
3. Isulat ang sagot sa iyong *journal* o kuwaderno.



## Pagsasabuhay

### Gawain 7

*Panuto:* Alamin ang mahalagang pangyayari o sitwasyon na pinagdadaanan ng iyong pamilya o isang miyembro ng iyong pamilya, kaibigan, kapitbahay, o kamag-aral. Tulungan siyang bumuo ng pagpapasiya na nagsisimula sa maingat na paghuhusga. Sundan ang mga mahalagang bahagi nito. Gamitin bilang gabay mo ang talahanayan sa ibaba.

1. Ilahad ang pagsubok na nahinuha sa pinagdadaanang sitwasyon.
2. Tukuyin ang dalawang kritikal at magkasalungat na pagpipilian na hinihingi ng sitwasyon.
3. Pag-isipang mabuti at husgahan kung alin sa dalawa ang tama at mabuti.
  - a. Kung gagawin mo ang isa, ano ang epekto? Masaya ka ba?
  - b. Kung gagawin mo rin yung kabila, ano ang mangyayari. Mapapanatag ka rin ba? Pangatwiran.
  - c. May nabuo ka bang pangatlong pagpipilian mula sa gitna ng dalawang magkabilang pagpipilian? Ipaliwanag ang mga batayan ng iyong maingat na paghuhusga.
  - d. Ano ngayon ang palagay mong isasagawang kilos na sa tingin mo ay magbubunga ng pinakamabuti sa nakararami kung hindi man sa lahat? Ipaliwanag.

Mga pangyayari sa buhay na sumubok sa kakayahang hanapin ang pinakamabuting pagpapasiya mula sa gitna ng _____ pagpipilian	Dalawang kritikal at magkasalungat na pagpipilian	Alin sa magkabilang dulo ang tama at mabuti?
		Opsiyon 1 Opsiyon 2 Opsiyon 3

Binabati kita! Ipagpatuloy ang kasanayan sa maingat na paghuhusga na siyang susi ng tamang pagpili ng pinakamahusay na tugon sa mga pagsubok at solusyon sa mga suliranin sa buhay.

## **Mga kakailangang kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)**

### **Mga Sanggunian:**

Curran, Charles E. and Fullam, Lisa A. (2011). *Virtue: Readings in Moral Theology No.16*. New Jersey: Paulist Press.

Haring, Bernard. (1997). *The Virtues of an Authentic Life: A Celebration of Spiritual Maturity*. Missouri: Liguori Publications.

Isaacs, David. (2001). *Character Building: A Guide for Parents and Teachers*. Oregon: Four Courts Press.

Keenan, James F. (2001). *Virtues for Ordinary Christians*. Quezon City: Claritian Publications.

Pieper, Josef. (1959). *Prudence*. New York: Panthem Books Inc.

### **Mula sa Internet**

Bartunek, Jean M. and Tullen, Jordy. (2010) *Individual Ethics: The Virtue of Prudence*. Retrieved July 20, 2014 from [www.sagepub.com/upm-data/15387-Chapter\\_5.pdf](http://www.sagepub.com/upm-data/15387-Chapter_5.pdf)

Gallozzi, Chuck. (2009). *What is Prudence?* Retrieved August 18, 2014 from [www.personal-development.com/chuck/prudence.htm](http://www.personal-development.com/chuck/prudence.htm)

McKelvie, Rob. (2011). *Acquire the Virtue of Prudence*. Retrieved July 20,2014 from [robmckelvie.hubpages.com/hub/acquire-the-virtue-of-Prudence](http://robmckelvie.hubpages.com/hub/acquire-the-virtue-of-Prudence)

Sri, Edward P. (2009). *The Art of Living: The First Step of Prudence*. Retrieved August 18, 2014 from [www.catholiceducation.org/articles/religion/re0961.html](http://www.catholiceducation.org/articles/religion/re0961.html)

**Edukasyon sa Pagpapakatao Baitang 10**  
**Ikatlong Markahan**  
**MODYUL 10: PAGMAMAHAL SA BAYAN**



**A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?**

“Kaya ko silang tularan, magiging bayani rin ako tulad nila! Makikilala ako bilang makabagong Jose Rizal o Andres Bonifacio! Ako ang susi sa minimithing pagbabago ng bansa, ang pagmamahal ko sa bayan ang magdadala upang isakatuparan ang pangarap na ito.”

Marahil ang mga salitang ito ay minsan nang namutawi sa iyong bibig. Ngunit sa harap ng mga nangyayari sa kasalukuyan, paano kaya ito maipamamalas? Kailangan din bang magsulat, at hikayatin ang iba na magpunit ng sedula, humawak ng baril, at gumamit ng tabak upang ipakita ang pagmamahal na ito?

Sa mga nakaraang modyul, binigyang-diin ang mga konsepto tungkol sa makataong kilos at mga salik na makatutulong upang makagawa ng mga pagpapasiyang moral ang isang indibidwal. Sa modyul na ito, inaasahang maunawaan mo nang mas malalim na ang makataong kilos ay naipamamalas din sa pamamagitan ng pagmamahal sa bayan.


Sa huli, masasagot mo ang mahalagang tanong na: **Paano naipamamalas ang pagmamahal sa bayan sa pagsisikap na maisabuhay ang mga pagpapahalaga sa pakikibahagi sa pag-angat ng kulturang Pilipino at kaunlaran ng bansa?**

**Sa modyul na ito, inaasahang malilinig sa iyo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:**

- 10.1 Nakikilala sa sarili ang mga indikasyon ng pagmamahal sa bayan
- 10.2 Nahuhusgahan ang angkop na kilos o tugon sa mga sitwasyong kailangan ang mapanuring pag-iisip bilang pagpapakita ng pagmamahal sa bayan
- 10.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
- 10.4 Nakagagawa ng mga angkop na kilos sa pamayanan o barangay upang maipamamalas ang pagmamahal sa bayan

**Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa Kakayahang Pampagkatuto 10.4:**

- a. Nakabuo ng mga hakbang na angkop sa kilos na isasagawa bilang pagpapamalas ng pagmamahal sa bayan.
- b. Naisagawa ang hakbang na ginawa na may patunay gaya ng larawan, dokumento, o *video*.
- c. Nakahikayat ng isa o dalawang indibidwal na magsasabuhay ng mga angkop na kilos na ito.



*Aho ba ito?*



**Paunang Pagtataya**

*Panuto:* Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na titik ng iyong napiling sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang kahulugan ng “pater” na pinagmulan ng salitang patriyotismo?
  - a. Katatagan at kasipagan
  - b. Kabayanihan at katapangan
  - c. Pinagkopyahan o pinagbasehan
  - d. Pinagmulan o pinanggalingan

(para sa bilang 2, 3, at 4)

Ano ang mangyayari sa grupo ng manlalaro kung hindi ramdam ang pagmamahal nito sa kanilang koponan? Maipananalo ba ng mga manlalaro ang kanilang grupo? Hindi ba lagi mong naririnig ang salitang “puso” sa tuwing kinakapanayam ang isang manlalarong nagbigay ng malaking puntos upang ipanalo ang kanilang koponan?

2. Anong pagpapahalaga ang ipinahahayag ng talata?
  - a. Pagmamahal sa laro
  - b. Pagmamahal sa koponan
  - c. Pagmamahal sa bayan
  - d. Pagmamahal sa kapuwa

3. Ano ang pangunahing mensahe ng talata?
  - a. Kung may pagmamahal sa loob ng koponan, masaya, at mas madali para sa mga manlalaro na isakatuparan ang mithiing manalo.
  - b. Mahalaga ang pagbibigayan at *sportsmanship* ng mga manlalaro upang maiwasan ang tunggalian at sakitan.
  - c. Ang pagsisikap na sanayin ang angking kakayahan na kinakailangan sa laro ay mahalaga para makamit ang tagumpay.
  - d. Piliin ang tamang laro at libangan na lalong makatutulong sa paghubog ng malusog na pangangatawan at isipan.
  
4. Ano ang kaugnayan ng paksang laro na binasa sa pagmamahal sa bayan?
  - a. Ang manlalaro at mamamayan ay magkatulad na may malaking pananagutan sa tagumpay ng koponan o bayan.
  - b. Ang pagmamahal sa koponan o bayan ang magbubuklod sa mga manlalaro o mamamayan para makamit ang tagumpay ng lahat.
  - c. Ang paglalaro ng mga kasapi ng koponan ay kumakatawan sa pagganap ng bawat mamamayan sa kanilang tungkulin para sa bayan.
  - d. Ang tagumpay ng lahat ay nakasalalay sa mabuting pamumuno at paggabay ng *coach* ng koponan o ng pinuno ng pamahalaan.
  
5. Alin ang hindi angkop na kilos ng nagmamahal sa bayan?
  - a. Pagiging tapat sa sarili, sa kapuwa, sa gawain, at sa lahat ng pagkakataon.
  - b. Pag-awit sa Pambansang Awit nang may paggalang at dignidad.
  - c. Pagsisikap makamit ang mga pangarap para guminhawa ang sariling pamilya.
  - d. Paggawa ng paraan upang makatulong sa mga suliranin ng bansa.
  
6. Saan nakikita ang tunay na kahulugan ng patriyotismo para sa isang Pilipino?
  - a. Sa bawat pagkilos ng bawat Pilipino natutugunan ang mga pangangailangan ng taong bayan.
  - b. Sa mga hangarin at pangarap ng bawat mamamayan tungo sa pag-unlad ng sarili at kapuwa-Pilipino.
  - c. Sa pagtutulongan ng bawat mamamayang Pilipino sa panahon ng sakuna at kalamidad.
  - d. Sa pagsulong ng adhikaing ipagmalaki ang ating kultura at isulong ang turismo ng bansa.

7. Bakit mahalagang mahal in ng bawat Pilipino ang kanilang bayan?
  - a. Utang natin sa ating bayang sinilangan ang kalayaan at pagkakataong hubugin ang ating pagkatao.
  - b. Biyaya ng Diyos ang pagkalooban ang tao ng lipunang kinabibilangan at pamayanang matitirhan.
  - c. Dito tinatanggap at iniingatan ang tao ng kaniyang mga mahal sa buhay upang hubugin ang kaniyang mga kakayahan.
  - d. Nakilala siya ng mundo dahil sa talino at angking kagalingan na hinubog sa kaniyang bayang sinilangan.
  
8. Alin ang hindi kabilang sa mga pagpapahalagang dapat linangin upang tuwirang maisabuhay ang pagmamahal sa bayan?
  - a. Paggalang at pagmamahal
  - b. Katotohanan at pananampalataya
  - c. Katahimikan at kapayapaan
  - d. Katarungan at pagkakaisa
  
9. Paano napalawak ng pagmamahal sa bayan ang pakikipagkapuwa?
  - a. Nagmumulat ng kamalayan sa mga tao sa mga isyu at problema ng bayan.
  - b. Gumagamit ang midya at teknolohiya sa pagpapalawak ng kawilihan at kaalaman.
  - c. Nagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamayan na magkaisa, magtulungan, at magdamayan.
  - d. Nagtataguyod ng reporma ng pamahalaan para sa mas mabuting pamumuno.
  
10. Paano nakahahadlang ang pandaraya at pagkamakasarili sa pag-unlad ng isang bayan gayundin sa pagka-Pilipino natin?
  - a. Hindi ito nagpapahayag ng pagmamahal sa bayan.
  - b. Masamang matutuhan ng mga batang Pilipino.
  - c. Nawawala ang kapayapaan sa bayang sinilangan.
  - d. Nakaaapekto sa mabuting pakikipagkapuwa.



## B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

### Gawain 1: Ako ba ito?

**Panuto:** Suriin kung angkop sa iyo ang mga katangian o gawain na nakatala sa ibaba. Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang angkop na kolum ayon sa mga katangian na iyong isinasabuhay. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

Mga Katangian	Ako ito	Hindi ako ito
Halimbawa: Inaawit ko nang maayos ang Lupang Hinirang at binibigkas na may paggalang ang Panunumpa sa Watawat at Panatang Makabayan.	✓	
1. Nakikipagtulungan ako sa mga organisasyong ang adbokasiya ay protektahan ang buhay at kalusugan ng mamamayang Pilipino.		
2. Tumatanggi ako sa anumang bagay na di ayon sa katotohanan kahit sa simpleng pagsisinungaling.		
3. Masaya ako kapag tinutulungan ko ang mga nangangailangan.		
4. Lagi akong nagpapasalamat at humihingi ng patnubay sa Diyos.		
5. Nagmamano at humahalik ako sa kamay ng mga nakatatanda sa akin.		
6. Sinisegurado na nakukuha ko kung ano ang dapat para sa akin at naibibigay kung ano ang nararapat para sa iba.		
7. Isinasaalang-alang ko ang karapatan ng iba bilang tanda ng paggalang at pagkakaroon ng kapayapaan at kapanatagan ng loob.		
8. Sinusunod ko ang mga panuntunan sa paaralan at komunidad.		
9. Sumasama ako sa pagbisita sa mga museo.		
10. Tinatapos at ginagawa ko ang lahat ng makakaya upang magawa ang gawain nang higit pa sa inaasahan.		
11. Inihiwalay ko ang mga basura ayon sa uri nito.		
12. Nakikiisa ako sa mga pagtitipong kailangan ang aking pakikilahok upang ipaglaban ang aking karapatan bilang mamamayan.		

13. Nakihalubilo ako sa mga kabataang nagpapalitan ng kuro-kuro sa kung anong maaaring gawin upang makatulong sa kapuwa Pilipino.		
14. Sinisikap kong gamitin ang aking kalayaan sa kabutihan sa kabila ng mga masasamang impluwensiya sa kapaligiran.		
15. Tumatawid ako sa tamang tawiran at hindi ako nakikipag-unahan o sumisingit sa pila.		
16. Gumagawa ako ng paraan upang maisulong ang kapakanan ng lahat hindi lamang ang aking sarili, pamilya, kaibigan, at kabarangay.		

### Paraan ng pagmamarka

Balikan ang gawain at bilangin ang mga aytem na nilagyan ng tsek sa kolum na “Ako ito.”

### Paglalarawan/ Interpretasyon

<b>0 – 4</b>	Nangangailangan nang sapat na kaalaman at pag-unawa sa kahalagahan ng pagmamahal sa bayan.
<b>5 – 8</b>	May kaalaman sa kahalagahan ng pagmamahal sa bayan na nangangailangan ng pagpapaunlad.
<b>9 – 12</b>	May kasanayan sa pagsasabuhay ng kahalagahan sa pagmamahal sa bayan
<b>13 – 16</b>	May sapat na kaalaman sa pagsasabuhay ng pagpapahalaga sa pagmamahal sa bayan na kailangang ipagpatuloy.

Ang nakuha mong iskor sa gawain na ito ay hindi nararapat na bigyan ng negatibong interpretasyon. Ang layunin ng gawaing ito ay upang tayahin ang iyong gawi o pagpapahalaga na nagpapakita ng pagmamahal sa bayan. May magagawa ka pa upang ito ay mapaunlad at tuluyang maisabuhay ang pagmamahal sa bayan.



Mga tanong na kailangang sagutin, isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.

1. Naging madali ba ang paggawa sa gawain? Ipaliwanag.
2. Ano ang iyong naramdaman pagkatapos mong isagawa ang gawain? Ipaliwanag.
3. Ano ang puwedeng maging papel ng isang indibidwal upang maipamalas ang pagmamahal sa bayan? Ipaliwanag.

## **Gawain 2: Pasyal at laro tayo!**

*Panuto:* Hatiin ang klase sa apat o limang pangkat. Kailangan ang bawat pangkat ay may panulat at papel. Ang pamamasyal na gagawin ay may kasamang laro, parang katulad ng napapanood sa *TV*, ito ay pinamagatang *Amazing Drew* (pinagsamang *Amazing Race* at *Biyahe ni Drew*). Bago pa mag-umpisa ang laro, may itinalaga nang lugar sa bawat grupo na kailangang puntahan. Sa bawat lugar na ito may mga gawain (*tasks*) na kailangang isagawa at mga katanungan na kailangang masagot (ang mga sagot sa tanong ay isusulat sa papel na dala ng bawat grupo) bago pumunta sa susunod na lugar. Gagabayan ka ng iyong guro sa gawaing ito. Handa ka na ba? Tayo na!

Sagutin ang sumusunod na katanungan sa iyong kuwaderno. Ibahagi ang sagot sa klase.

1. Naging madali ba sa iyo ang sumusunod:
  - a. Ang ginawang pamamasyal? Ipaliwanag.
  - b. Ang paggawa sa mga gawain at pagsagot sa mga tanong sa bawat lugar na napuntahan? Ipaliwanag.
2. Kung sa totoong buhay ay bibigyan ka ng pagkakataon na puntahan ang mga lugar na ito, gagawin mo ba o hindi? Ipaliwanag.
3. Anong damdamin ang umiral sa iyo pagkatapos ng gawain? Ipaliwanag.
4. Naramdaman mo ba ang halaga ng pagsasabuhay ng pagmamahal sa bayan sa katatapos na gawain? Pangatuwiran.
5. Ano ang iyong naging reyalisasyon matapos maisagawa ang gawain?



## C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

### Gawain 3: Pag-aralan at unawain!

**Panuto:** Pag-aralan at suriin ang sumusunod na sitwasyon:

#### Sitwasyon 1

Laging hinihintay ni Luis ang oras ng uwian upang makasama ang kaniyang mga kaibigan sa isang *internet café* na malapit sa kanilang paaralan. Sa mga araw na nagmamadali siya, lagi niyang kinakausap ang kaniyang mga kaibigan na pasingitin siya sa pila upang di na maghintay at pumila nang matagal. Sa tuwing siya ay pumupunta sa *mall*, tumatambay siya sa isang sikat na kapehan upang doon manigarilyo at makigamit ng *wifi*.



Sa mga araw na umuulan ay maaga siyang nagigising upang manood ng balita upang malaman kung may pasok o wala. Mas marami ang oras na ginugugol niya sa pakikipagpalitan ng mensahe sa *Facebook* at *Twitter* kaysa sa pagbabasa ng kaniyang mga aklat at mga aralin. Dahil hindi pa sinasabi ang araw ng pagsusulit may nakausap na siyang kamag-aral na magpapakopya sa kaniya. Lagi siyang pinapayuhan ng kaniyang mga magulang na gumamit ng mga salitang po at opo sa tuwing makikipag-usap sa mga nakatatanda sa kaniya, kilala man niya ito o hindi. Madalas siyang nagpapaiwan sa bahay tuwing araw ng Linggo upang mabigyang laya na mapakinggan niya nang malakas ang mga awiting ayaw pakinggan ng kaniyang mga magulang.

#### Sitwasyon 2

Galit na galit ka sa kapit-bahay mo na anak ng konsehal sa inyong baranggay dahil nakuha niya ang trabaho na sana ay dapat mapunta sa iyo. Alam mong mas kuwalipikado ka kaysa sa kaniya kung pinag-aralan at kakayahan ang naging sukatan. Inireklamo mo siya sa inyong alkalde dahil sa palagay mo, ito



ay hindi makatarungan at sistemang palakasan ang pinairal. Naging negatibo ang pag-uusap ninyo. Sa sobrang galit mo napagsalitaan mo ng di kanais-nais na salita ang inyong alkalde. Sa iyong pag-uwi, di maalís ang galit na iyong naramdaman at di mo napansin ang pagpalit ng kulay pula ng *traffic light* sa daan kaya nahuli ka ng *traffic enforcer*. Sa pagnanais na di maabala, kinausap mo ang nanghuli sa iyo na pag-usapan na lang ito at sinabi mong pamangkin ka ng isa sa mga kasama nila.

### Sitwasyon 3

Inhinyero si Jean. Inialok sa kaniya ang isang malaking proyekto na seguradong kikita at makikinabang ang kanilang munisipyo. Hindi ito pinalampas ni Jean sa kondisyon na siya ang mamamahala sa lahat mula sa mga kagamitan at sa mga taong kukunin at walang batas pangkalikasan ang malalabag sa pagsasagawa ng proyekto. Kinausap ni Jean ang mga punong baranggay



kung may mga indibidwal sa kanilang nasasakupan ang interesado at maging katuwang niya sa proyekto bago siya kumuha sa ibang lugar. Pagkatapos maayos ang mga papeles na kailangan sa proyekto, inumpisaan na ito at natapos nang maaga kumpara sa inaasahan. Namangha ang alkalde ng bayan nang makita ang pagkakayari ng proyekto mula sa pagkakagawa hanggang sa mga materyales na ginamit. Nang silipin ang aklat ng kuwenta ng mga gastusin, ang mga materyales na ginamit na inaakalang mahal at *imported* ay gawa pala sa bansa. Ang *budget* na inilaan sa proyekto ay sobra sa unang napag-usapan. Kinausap si Jean ng alkalde na ideklarang nagastos sa proyekto ang lahat ng pondo. Ito ay upang maipagawa ang sirang tulay na napabalitang mahina ang pagkakagawa, na ang gumawa ay ang pamangkin ng alkalde. Bilang kapalit, ipinangako sa kaniya na ang lahat ng proyekto ng bayan ay ibibigay sa kaniya at ilalakad ang mga papel nito upang mapasali sa mga natatanging inhinyero ng probinsiya.

Sagutin ang sumusunod na katanungan sa iyong kuwaderno. Ibahagi ang sagot sa klase.

1. Nangyayari ba sa totoong buhay ang mga sitwasyong nailahad? May pagkakaugnay ba ito sa iyong buhay bilang mag-aaral, miyembro ng pamilya at mamamayan ng bansa sa kabuuan? Ipaliwanag.
2. May pagkakatulad ba ang mga kilos na ipinakita sa mga sitwasyon sa iyong pang araw-araw na gawain? Kung ikaw, ang nasa sitwasyon, ano ang iyong gagawin o magiging tugon? Ano ang epekto nito sa iyo sa kabuuan? Ipaliwanag.
3. Sa mga sitwasyong nabanggit, paano gagamitin ang mapanuring pag-iisip bilang pagpapamalas ng pagmamahal sa bayan?
4. Ano-anong angkop na kilos ang ginawa ng mga karakter na nagpapamalas ng pagmamahal sa bayan?
5. Kaya mo rin bang isabuhay ang mga ito? Ano-anong hakbang ang iyong gagawin? Ipaliwanag.

#### Gawain 4: Halika at Umawit Tayo!

*Panuto:* Basahin at unawain ang liriko ng awiting pinasikat ni Noel Cabangon na may pamagat na “Ako’y Isang Mabuting Pilipino”. Maaari mo itong pakinggan gamit ang *CD* o *MP3*, o maaaring *i-download* sa *internet*.

I Ako’y isang mabuting Pilipino Minamahal ko ang bayan ko Tinutupad ko ang aking mga tungkulin Sinusunod ko ang kanyang mga alituntunin	<i>[repeat chorus]</i>
II Tumatawid ako sa tamang tawiran Sumasakay ako sa tamang sakayan Pumipila at ‘di nakikipag-unahan At ‘di ako pasiga-siga sa lansangan	VI Lagi akong nakikinig sa aking mga magulang Kaya’t pag-aaral ay aking pinagbubutihan ‘Di ako gumagamit ng bawal na gamot O kaya’y tumatambay at sa esk’wela’y ‘di pumapasok
III Bumababa’t nagsasakay ako sa tamang sakayan (Nagbababa ako sa tamang babaan) ‘Di nakahambalang parang walang pakialam Pinagbibigyan kong tumatawid sa kalsada Humihinto ako ‘pag ang ilaw ay pula	VII Ipinagtanggol ko ang aking karangalan ‘Pagkat ito lamang ang tangi kong kayamanan ‘Di ko ibinebenta ang aking kinabukasan Ang boto ko’y aking pinahahalagahan
<i>[chorus]</i> ‘Pagkat ako’y isang mabuting Pilipino Minamahal ko ang bayan ko Tinutupad ko ang aking mga tungkulin Sinusunod ko ang kanyang mga alituntunin	<i>[repeat chorus]</i>
IV ‘Di ako nangongotong o nagbibigay ng lagay Tiket lamang ang tinatanggap kong ibinibigay Ako’y nakatayo doon mismo sa kanto At ‘di nagtatago sa ilalim ng puno	VIII Ako’y isang tapat at totoong lingkod ng bayan Pabor o lagay ay ‘di ko pinapayagan Tapat ang serbisyo ko sa mamamayan ‘Di ko binubulsa ang pera ng bayan
V “Di ako nagkakalat ng basura sa lansangan ‘Di ako bumubuga ng usok ang aking sasakyan Inaayos ko ang mga kalat sa basurahan Inaalagaan ko ang ating kapaligiran	IX Ipinagtanggol ko ang mamamayang Pilipino Mga karapatan nila’y kinikilala ko Iginagalang ko ang aking kapuwa tao Ipinaglalaban ko ang dangal ng bayan ko
	<i>[repeat chorus twice]</i>  ‘Pagkat ako’y isang mabuting Pilipino ‘Pagkat ako’y isang mabuting Pilipino ‘Pagkat ako’y isang mabuting Pilipino  <b>Ako’y isang Mabuting Pilipino</b> Nililikha ni: <b>Noel Cabangon</b>

Nasiyahan ka ba sa himig ng awit? Ngayon naman, sagutin mo ang sumusunod na tanong, isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano-anong mensahe ang gustong iparating ng awitin?

2. Napapanahon ba ang mga mensaheng ito?
  - a. Oo, bakit? Ipaliwanag.
  - b. Hindi, bakit? Ipaliwanag.
3. Mahirap bang isabuhay ang mensaheng gustong iparating ng awitin?
  - a. Oo, bakit? Ipaliwanag.
  - b. Hindi, bakit? Ipaliwanag.
4. Makatutulong ba ang mensahe ng awitin sa pagsasabuhay ng pagmamahal sa bayan? Pangatuwiranang ang sagot.




## D. PAGPAPALALIM

Basahin ang sanaysay.

### Pagmamahal sa bayan

Napansin mo ba ang pagkahilig ng marami sa pagsusuot ng mga damit na naglalarawan ng pagiging makabayan? O kaya naman ang mga sasakyan na may mga bandila o mapa ng bansa?



Sa ganitong paraan ba ipinakikita o naisasabuhay ang pagmamahal sa bayan o ang pagiging makabayan? O, kailangan mong ibuwis ang iyong buhay tulad ng ating mga bayani upang masabing mahal mo ang iyong bayan? Tunghayan natin ang isang halimbawa.

Si Mang Ben ay tanod sa kanilang baranggay. Ang oras ng kaniyang ronda ay mula ikapito ng gabi hanggang ikalabindalawa ng madaling araw. Ang pasok niya sa trabaho sa kabilang bayan ay mula ikawalo ng umaga hanggang ikaapat ng hapon.

Walang kapagurang ginagawa ito ni Mang Ben araw-araw. Hindi nagrereklamo ang kaniyang asawa dahil alam niya na si Mang Ben ay talagang matulungin at masipag. Aktibo rin siya bilang isang *lay minister* ng kanilang simbahan. Maganda ang *bonding* nila ng kaniyang apat na anak. Isang araw, napili siya ng kanilang munisipalidad bilang natatanging mamamayan ng kanilang bayan. Nang tanungin ng mga hurado kung hindi ba siya nahihirapan sa kaniyang ginagawa, walang pag-alinlangan na sinagot niya na “ito ay bunga ng pagmamahal.” Hindi nagtatapos sa pamilya ang pagpapakita ng pagmamahal kundi nagpapatuloy ito sa kapuwa at sa pamayanan. Sa pagsisiyasat at pagtatanong ng mga hurado sa mga taong malapit at hindi gaanong kilala si Mang Ben, lumitaw na siya ang huwaran bilang mamamayan.

May pagmamahal ba sa bayan si Mang Ben? Paano ipakikita ang pagmamahal sa bayan?

## Ano ba ang pagmamahal sa bayan?



Ang pagmamahal sa bayan ay ang pagkilala sa papel na dapat gampanan ng bawat mamamayang bumubuo rito. Tinatawag din itong patriyotismo, mula sa salitang *pater* na ang ibig sabihin ay ama na karaniwang iniuugnay sa salitang pinagmulan o pinanggalingan. Ang literal na kahulugan nito ay pagmamahal sa bayang sinilangan (*native land*). Ang pagsasabuhay nito ay sa pamamagitan ng marubdob na paggawa ng trabahong pinili o ibinigay, aktibong pakikilahok sa interes ng mayorya o kabutihang panlahat, pagsawata sa mga kilos na di makatarungan at hindi moral (*Institute for Development Education Center for Research and Communication*). Kadalasang iniuugnay ang patriyotismo sa nasyonalismo ngunit hindi magkasingkahulugan ang dalawang ito. Ang nasyonalismo ay tumutukoy sa mga ideolohiyang pagkamakabayan at damdaming bumibigkis sa isang tao at sa iba pang may pagkakaparehong wika, kultura, at mga kaugalian o tradisyon. Iba ito sa patriyotismo dahil isinasaalang-alang nito ang kalikasan ng tao. Kasama rin dito ang pagkakaiba sa wika, kultura, at relihiyon na kung saan tuwiran nitong binibigyang-kahulugan ang kabutihang panlahat.

Ikaw, gaano kalawak ang iyong kaalaman tungkol sa pagmamahal sa bayan?  
Ano na ang nagawa mo para masabing mahal mo ang bayan?

## Ang Kahalagahan ng Pagmamahal sa Bayan

Ang pagmamahal sa bayan ay mahalaga. Walang sinuman ang ligtas sa pagsasabuhay ng responsibilidad na ito, dahil ang tao ay umiiral na nagmamahal at sumasakatawang-diwa. Ito ay nangangahulugan na tayo bilang tao ay umiiral sa mundo kasama ang ating kapuwa.

Para maunawaan mo kung gaano kahalaga ang pagmamahal, gawin nating halimbawa ang sumusunod: *Una*, ano ang mangyayari sa isang pamilya kung hindi kinakikitaan ng pagmamahal ang bawat miyembro nito? Maaaring ang mag-asawa ay magkahiwalay, ang mga anak magkaniya-kaniya at sa pagtanda ng mga magulang, walang kakalinga sa kanila. Magulo at nakalulungkot, di ba? *Ikalawa*, ano ang mangyayari sa grupo ng manlalaro kung hindi nila ipinamalas ang pagmamahal sa kapuwa manlalaro nila sa kanilang koponan? Maipapanalo ba



nila ang grupo? Di ba lagi mong naririnig ang salitang *puso* sa tuwing kinakapanayam ang manlalaro na nagbigay nang malaking puntos upang ipanalo ang koponan?



Kung magbabalik-aral ka at itatanong sa iyo ng iyong guro kung saan unang naituro ang pagmamahal, marahil maaalala mo ang iyong pagkatututo sa modyul na tungkol sa pamilya. Dito mo natutuhan na ang pamilya ang unang paaralan ng pagmamahal; pinapalawak ito sa paaralan at pinaunlad ng pakikisalamuha sa kapuwa sa lipunang kinagagalawan. Kung ang pagmamahal ay nadarama sa bawat miyembro ng pamilya, walang pamilyang magkakawatak-watak. Magiging masaya at makakaya nila ang bawat hamon ng buhay. Para sa isang

Ang pagmamahal sa bayan ay nagiging daan upang makamit ang layunin.

koponan na nagpamalas ng pagmamahal sa grupo at miyembro nito, hindi lang pagkapanalo sa mga laro kundi magkakaroon ng *sense of pride* at mataas na tingin sa sarili. Ang pagmamahal na ito ang siyang magiging daan upang makamit ang mga layunin na gustong maisakatuparan.

Kung isasabuhay natin ang pagmamahal sa bayan; may mangyayari bang patayan? May manloloob at magmamalabis ba sa kapuwa? May mga negosyante bang magtatago ng kanilang paninda upang lumakas ang *demand*

Pinagbubuklod ng pagmamahal sa bayan ang mga tao sa lipunan.

at tumaas ang presyo ng bilihin? Uusbong ba ang walang katapusang isyu ng korupsiyon? May mangyayari bang kalamidad na likha ng tao dahil sa walang pakundangang pagsira ng likas na yaman? Ang mga *socio-economic problem* na ito ay maiiwasan kung hindi man mapigilan kung may pagmamahal sa bayan. Ang pagmamahal na ito ang magbubuklod sa mga tao sa lipunan.



Ano ang nagiging epekto sa iyo ng mga *socio-economic problem* na ito? Paano ka magiging kabahagi sa paglutas sa mga problemang ito?

Naiingatan at napahahalagahan ng pagmamahal sa bayan ang karapatan at dignidad ng tao.

Ang pagpapamalas ng pagmamahal sa bayan ay pagsasabuhay ng pagkamamamayan; isang indibidwal na ibinabahagi ang talino sa iba, pinangangalagaan ang integridad ng pagkatao, pinahahalagahan ang karangalan ng pamilya, na ang pagmamahal ay likas bilang taong may malasakit para sa adhikaing mapabuti ang lahat. Ang pagmamahal na ito ay nakaugat sa kaniyang pagkakakilanlan bilang taong may pagmamahal sa bayan na iniingatan ang karapatan at dignidad.

Dito lang ba magtatapos ang lahat? Sabi nga, kapag mahal mo ang isang tao, alam mo kung ano ang magpapasaya at ang mahalaga sa kaniya. Wala itong ipinagkaiba



sa pagmamahal sa bayan, ang isang mamamayan na may pagmamahal sa bayan

Napahahalagahan ng pagmamahal sa bayan ang kultura, paniniwala at pagkakakilanlan.

ay may pagpapahalaga sa kultura, tradisyon, at pagkakakilanlan ng kaniyang bayan. Napansin mo ba sa kasalukuyan kung paano dayuhin ng mga turista ang mga lugar na mayaman sa kulturang Pilipino? Ikaw, napuntahan mo na ba ang mga ito? O, mas pinipili mo ang pagiging banyaga sa sariling bayan dahil mas gusto mong pasyalan ang mga lugar na nasa ibang bansa kaysa sa kung ano mayroon tayo? Interesado ka ba kung ang Lakbay-Aral ng paaralan ay sa mga museo o mas gusto mo ang pagpunta sa mga sikat na *mall* at mga *amusement park*? Kapag ba inaawit ang pambansang awit, ginagawa mo ba ito ng buong puso? Payag ka ba na itayo ang isang gusali na sisira sa imahe ng isang kilalang parke ng bansa? Ano ang damdaming iiral sa iyo kapag nakikita mo ang mga lugar na tanda ng iyong pagiging Pilipino ay unti-unting winawasak o binubura sa kasaysayan ng bansa?

Anong kilos ang iyong gagawin upang ito ay matigil at mapreserba ang kulturang tanda ng iyong pagka-Pilipino?


Ano ang pambansang awit ng bansa? Ano ang pambansang prutas, dahon, hayop, o kahit ang kabisera ng bansa? Mga *basic*, wika nga sa wikang Ingles kaya lang, marami ang di nakaaalam. Mas *in* ba sa iyo kung ang salitang gagamitin mo ay ingles o pamamaraang *jejemon*? May sarili kang wika, bakit kaya hindi ito ang iyong ginagamit? Sabi nila, kapag mahal mo ang isang tao, gagawin mo ang lahat. Segurado ako, mahal mo ang bayan at alam ko na may gagawin ka para ito ay maisabuhay, maipakita at maging inspirasyon sa kapuwa Pilipino. Dahil ang pagmamahal mo sa bayan ay paraan upang pahalagahan ang kultura, paniniwala, at pagkakakilanlan.



Sa mga kaisipang nabanggit, nakita mo ba kung gaano kahalaga ang pagsasabuhay ng pagmamahal sa bayan? Ano ang magagawa mo para ibahagi sa iba ang kahalagahan ng pagpapahalaga sa bayan?

## Mga Pagpapahalaga na Indikasyon ng Pagmamahal sa Bayan

Sa Modyul 1 ng Baitang 9, naunawaan mo kung ano ang lipunan, layunin, at mga elemento nito. Ang lipunan ay binubuo ng mga indibidwal na may iisang tunguhin o mithiin. Ito ay ang mapabuti ang lahat ng kabahagi ng lipunan, ang kabutihang panlahat. Ito




ay posible kung ang mga elementong bumubuo rito ay naisasakatuparan: ang paggalang

“Ang dignidad ng persona ng tao ay kasama sa kaniyang karapatan na maging bahagi sa aktibong pakikilahok sa lipunan upang makapag-ambag sa kabutihan panlahat.”

- San Juan Pablo XXIII

sa pagkatao ng tao, ang tawag ng katarungan, at ang kapayapaan. Magiging maunlad at maayos ang lipunan kung isasabuhay ang mga birtud na itinataguyod nito (*Character Building* ni David Isaacs).

Ang Pilipinas bilang lipunan ay naghihikayat sa mga mamamayan na isabuhay ang mga birtud na makatutulong upang gumawa ng makataong pagpapasiya at kilos, tungo sa makabuluhan at mabuting pakikipag-ugnayan sa Diyos, kapuwa, at sa kapaligiran. Ito ang kahulugan ng birtud ng kabanalan na inuugnay ni Santo Tomas de Aquino sa patriyotismo. Ang sumusunod ay mga pagpapahalagang dapat linangin ng bawat Pilipino upang maisabuhay ang pagmamahal sa bayan. Nakapaloob ang mga ito sa Panimula (*Preamble*) ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas.



1. **Pagpapahalaga sa buhay.** Ang paggalang sa buhay ay isang moral na obligasyon sa Diyos ng bawat isa dahil ang buhay ay mula sa Kaniya kaya't walang sinuman ang maaaring bumawi o kumuha nito kundi Siya. Kasama sa pagpapahalagang ito ang pagpapanatili ng malusog na pangangatawan at isipan. Mahalagang gawin ang makakaya upang maprotektahan ang buhay bilang pagkilala sa dignidad ng tao.
2. **Katotohanan.** Hindi kailanman matatawaran ang integridad at hindi mapagkunwari, tumatanggi sa anumang bagay na di ayon sa katotohanan, kasama rito ang walang kapaguran at matiyagang paghahanap ng lahat ng uri ng kaalaman. Ang integridad ay pinangangalagaan sa lahat ng oras at pagkakataon.

3. *Pagmamahal at pagmamalasakit sa kapuwa.* Ang pagpapakita ng malasakit sa kapuwa ay sa pamamagitan ng pagtulong na walang hinihintay na kapalit. Kung wala ako at mayroon ka, hati tayo o puwedeng ikaw muna at sa susunod ako naman. Kasama sa responsibilidad ng isang indibidwal ang tulongan at ipadama sa iba na sila ay bahagi ng ating pagkatao bilang kapuwa tao.
4. *Pananampalataya.* Ang pagtitiwala at pagmamahal sa Diyos, na ang lahat ay makakaya at posible. Sa Modyul 12, mapauunlad ang pagkaunawa mo rito at ang kahalagahan nito sa iyong buhay at pagkatao.
5. *Paggalang.* Ang paggalang bilang elemento na bumubuo sa kabutihang panlahat, naipakikita kapag ang karapatan ng isang mamamayan ay hindi natatapakan at naisasabuhay ayon sa tamang gamit nito at napangangalagaan ang dignidad niya bilang tao.
6. *Katarungan.* Sinesegurado na ang paggalang sa karapatan ng bawat isa ay naisasabuhay, naibibigay sa isang tao kung ano ang para sa kaniya at para sa iba, hindi nagmamalabis o nandaraya sa kapuwa.
7. *Kapayapaan.* Ang resulta ng pagkakaroon ng katahimikan, kapanatagan, at kawalan ng kaguluhan. May kapayapaan kapag iginagalang ang bawat indibidwal at umiiral ang katarungan. Ang kapayapaan ay indikasyon ng pagkakaroon ng kabutihang panlahat.
8. *Kaayusan.* Ang pagiging organisado ng ideya, salita, kilos na may layuning mapabuti ang ugnayan sa kapuwa. Ang pagiging disiplinado sa lahat ng pagkakataon.
9. *Pagkalinga sa pamilya at salinlahi.* Ang pangigingibabaw ng papel ng pamilya bilang pangunahing institusyon ng lipunan na siyang tutugon sa pag-unlad na inaasam sa ikabubuti ng lahat. Binibigyang-halaga rito ang kasal bilang pundasyon ng pamilya at kumikilos upang mapangalagaan ang pisikal, moral, ispirital, at panlipunang pag-unlad ng bawat miyembro nito lalong-lalo na ang mga bata. Kasama na rito ang pagtuturo sa mga bata ng kultura, paniniwalang kinagisnan na kailangang ipagpatuloy na isabuhay at ang paggalang sa pagkakakilanlan ng bansa.
10. *Kasipagan.* Ang pagiging matiyaga na tapusin ang anumang uri ng gawain nang buong husay at may pagmamahal. Ginagamit ang talento at kahusayan sa pamamaraang nakatutulong sa kapuwa nang buong kagalakan.
11. *Pangangalaga sa kalikasan at kapaligiran.* Ang pagsasabuhay ng responsibilidad bilang tagapangalaga ng kalikasan at ng mga bagay na nilikha ng Diyos laban sa anumang uri ng pang-aabuso o pagkawasak.
12. *Pagkakaisa.* Ang pakikipagtulungan ng bawat indibidwal na mapag-isa ang naisin at saloobin para sa iisang layunin. Ang kaisipang “ikaw, ako, sila, tayo ay magkasama sa pag-unlad bilang isa” ay tanda ng pagiging mabuting mamamayan.

13. *Kabayanihan*. Sinasagot nito ang tanong na: Ano ang magagawa ko para sa bayan at sa kapuwa ko?
14. *Kalayaan*. Ang pagiging malaya na gumawa ng mabuti, mga katanggap-tanggap na kilos na ayon sa batas na ipinapatupad bilang pagsasabuhay ng tungkulin ng isang taong may dignidad.
15. *Pagsunod sa batas*. Ang pagkilala, paghihikayat, at pakikibahagi sa pagsasabuhay ng mga ipinasang batas na mangangalaga sa karapatan ng bawat mamamayan. Isa ito sa mga sa pangunahing susi sa pag-unlad ng bansa bilang pagsasabuhay ng makataong lipunan.
16. *Pagsusulong ng kabutihang panlahat*. Ang sama-samang pagkilos upang mahikayat ang lahat na lumahok sa mga pagkakataong kinakailangan para sa ikabubuti hindi lamang ng sarili, pamilya kundi ng lahat.

Narito ang talahanayan ng mga pagpapahalagang ito batay sa pitong dimensiyon ng tao na nakalahad sa Batayang Konseptuwal ng Edukasyon sa Pagpapakatao.

Dimensiyon ng tao	Mga pagpapahalaga na nagpapakita ng pagmamahal sa bayan mula sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas
1. Pangkatawan	Pagpapahalaga sa buhay
2. Pangkaisipan	Katotohanan
3. Moral	Pagmamahal at pagmamalasakit sa kapuwa
4. Ispiritwal	Pananampalataya
5. Panlipunan	Paggalang, katarungan, kapayapaan, kaayusan, at pagkalinga sa pamilya at salinlahi
6. Pang-ekonomiya	Kasipagan, pangangalaga sa kalikasan at kapaligiran
7. Pampolitikal	Pagkakaisa, kabayanihan, kalayaan, at pagsunod sa batas
8. Lahat ng dimensiyon	Pagsusulong ng kabutihang panlahat

Ang mga kaalamang ito ay pinatunayan ng pahayag ni San Juan Pablo XXIII (1818-1963), “Ang dignidad ng persona ng tao ay kasama sa kaniyang karapatan na maging bahagi sa aktibong pakikilahok sa lipunan upang makapag-ambag sa kabutihang panlahat.”

Ang isang mamamayang may pagmamahal sa bayan ay nauunawaan ang pangangailangang maglingkod sa bayan at sa kapuwa. Alam niya kung kailan siya kikilos dahil sa angking karunungan. Ibibigay ang nararapat para sa iba, kokontrolin

ang sarili lalo na sa mga sitwasyong siya lamang ang makikinabang at hindi ang lahat. Ang paggawa ng paghuhusga ay dumaraan sa isang prosesong magdidikta upang gawin ang mabuti para sa kabutihan ng lahat.

Alin sa mga pagpapahalagang nabanggit ang kailangan mo pang linangin sa iyong sarili? Ano-anong mga kilos ang iyong gagawin bilang pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang ito? Paano mo maiimpluwensiyahan ang katulad mong mag-aaral upang linangin at isabuhay ang mga pagpapahalagang ito?

### Mga Angkop na Kilos na Nagpapamalas ng Pagmamahal sa Bayan

May magagawa ang isang mamamayan upang mabigyan ng solusyon ang mga problemang kinakaharap ng bayan. Mulat ka na sa katotohanang kabahagi sa pagbabagong kailangan ang mga kabataan. Bukod sa mga tungkulin na dapat isabuhay bilang isang Pilipino at mamamayan ng ating bansa na nakasaad sa Konstitusyon, may mga simpleng bagay na maaaring isabuhay upang makatulong sa bansa ayon kay Alex Lacson:



- a. *Mag-aral nang mabuti.* Ang isang taong may pinag-aralan hindi kailanman mag-iisip na gumawa ng anumang paglabag sa mga batas na ipinapatupad ng kaniyang bansa, bagkus ang kaniyang natutuhan sa pag-aaral ay gagawin niyang paraan upang mahanapan ng solusyon at tulungan ang bansa sa problemang kinakaharap at haharapin nito.

Ang kaniyang natutuhan ay gagamitin upang tulungan ang nangangailangan, ipakita at ipadama sa iba na hindi nag-iisa sa kanilang pag-iisa at pangangailangan ng tulong. Kaisa sila sa pag-unlad ng lahat bilang mamamayang ginagamit ang pinag-aralan sa kapakinabangan ng lahat.

- b. *Huwag magpapahuli, ang oras ay mahalaga.* Ang puwedeng maging susi upang maging positibo ang ibig sabihin ng *Filipino Time*, ang pagiging huli sa mga pagtitipon, programa, at ilan pang gawain ay hindi nakatutulong sa pagsulong ng anumang grupo, organisasyon at sa kabuuan ng bansa. Ang pagpasa ng RA 10535 o mas kilala bilang Philippine Standard Time ay makatutulong upang ang bawat Pilipino ay magkaroon ng tamang oras na susundan. May batas o wala, kailangang gamitin ang oras ng tama, kailangang isulong ang kultura nang pagiging maagap (*culture of punctuality*).
- c. *Pumila nang maayos.* Unahan sa pila, gitgitan sa kalsada na kung minsan, dahilan ng pagtatalo na nauwi sa aksidente, away, bugbugan hanggang sa patayan. Sabi nga lagi, “Disiplina lang pakiusap.” Mababaw kung tutuusin pero kailangan.

- d. *Awitin ang Pambansang Awit nang may paggalang at dignidad.* Kung may simpleng bagay na maaaring gawin ang isang mamamayan para sa kaniyang bayan, ito ay ang igalang ang kaniyang pagkakakilanlan, pangunahin na rito ang pambansang awit. Awitin ito ng buong puso at may paggalang.
- e. *Maging totoo at tapat, huwag mangopya o magpakopya.* Isa sa pangunahing problema ng bansa sa kasalukuyan ay ang kawalan ng katapatan lalo ang iilang nasa pamahalaan, ang mga tao na inaasahan na mangangalaga sa karapatan ng mamamayan. Ang katapatan ay unang itinuturo sa bahay, at pinauunlad at pinalalawak ito sa paaralan at isinasabuhay sa lipunang kinabibilangan. Ang pangongopya o pagpapakopya na kadalasang ginagawa ng isang mag-aaral ay hindi makatutulong upang maging matapat at totoo sa lahat ng panahon at pagkakataon.
- f. *Magtipid ng tubig, magtanim ng puno, at huwag magtapon ng basura kahit saan.* Ang solusyon sa lumalalang problema ng bansa o ng mundo sa kapaligiran ay nasa kamay ng mamamayan at ito ay ang responsableng paggamit ng pinagkukunang yaman nito, kasama na rito ng pagtitipid sa tubig, koryente, pangangalaga sa kalikasan sa pamamagitan ng pagtanim ng puno at tamang pagtatapon ng basura.
- g. *Iwasan ang anumang gawain na hindi nakatutulong.* Ang kalusugan ng tao ay yaman ng bansa, ang mga gawaing gaya ng pag-inom, paninigarilyo, pagsusugal, at ang labis na pagkahilig sa paglalaro sa kompiyuter ay tuwirang hindi makatutulong sa sarili at sa kabuuan sa pag-unlad ng bansa.
- h. *Bumili ng produktong sariling atin, huwag peke o smuggled.* Ang pagtangkilik sa produkto ng bansa ay hindi pagiging makasarili, paraan ito upang lalo pang matulongang mapalago at maiangat ang ekonomiya ng bansa, na sa huli ay ang mamamayan makikinabang nito. Ang produktong masasabing tunay na gawang Pilipino ay likas na matibay, maganda, at maayos ang pagkakagawa kaysa sa ibang bansa.
- i. *Kung puwede nang bumoto, isagawa ito nang tama.* Ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng pagpili ng tamang pinuno na kakatawan sa mga bagay na nais mangyari sa lipunang ginagalawan. Ang boto ay hindi ibebenta o ipagpapalit sa kung anong pabor o materyal na bagay.
- j. *Alagaan at igalang ang nakatatanda.* Ipagpatuloy ang kagandahang-asal na pagmamano at pagsasabi ng “po” at “opo.” Ang pangangalaga sa nakatatanda ay isang pananagutan. Ang pananagutang ito ay maisasabuhay sa pamamagitan ng pagbibigay-galang sa nakatatanda, bahagi man ng pamilya o hindi.
- k. *Isama sa panalangin ang bansa at ang kapuwa mamamayan.* Ang kapangyarihan ng Diyos ay hindi matatawaran kailanman, ang pagtawag sa Kaniya, paghingi ng patnubay ay mahalaga sa pagsasakatuparan ng mithiin

sa buhay. Napakalaking bagay para sa bansa at kapuwa mamamayan kung lagi silang isasama ito sa panalangin. Sabi nga nila, pakikilingan at hindi pagbabayaan ng Diyos ang pamayanang nagkakaisa sa pananampalataya at paggawa para sa kabutihan ng lahat.

Bukod sa mga nabanggit, malaking tulong din ang pagkakaroon ng tamang pag-uugali at kritikal na pag-iisip. Ang isang taong may tamang pag-uugali ay gagawa ng paraan upang may maitulong. Gagawin niya kung ano ang sa palagay niya ang makabubuti at pag-aaralan kung ano ang dahilan o sanhi kung bakit ang isang problema ay nangyayari. Sa ganitong paraan nagagamit niya ang kaniyang kritikal na pag-iisip na karaniwang nakakalimutan ng nakararami.



Marahil, sasagi ito sa iyong isip: Paano ang mga ibang Pilipino na nangibang-bansa upang doon magtrabaho at hindi rito sa bansa lalo na ang mga nagpasiyang manirahan at piliing matawag na mamamayan na ng ibang bansa (*citizen*)?

Pag-isipan:

1. Ang aksiyon ba na kanilang ginawa ay lihis o di ayon sa pagiging makabayan?
2. Alin sa mga nabanggit ang naisagawa mo na? Paano mo gagawing instrumento ang iyong sarili upang maging kaisa ang iyong kapuwa kabataan na isabuhay ang mga kilos na ito?

### Mga Paglabag sa Pagsasabuhay ng Pagmamahal sa Bayan

Balikan natin ang awiting “Ako’y Mabuting Pilipino.” Tugma ba ang mensahe nito sa pagsasabuhay ng pagmamahal sa bayan? Kung ang sumusunod na tanong ay bahagi ng pagsusulit, maipapasa mo kaya ito o may masasagot ka ba sa mga ito?




1. Kung ang mahalaga lang sa iyo ay ang iyong pamilya at hindi ang iyong kapuwa: Masaya ka ba? Matututo ka ba? Uunlad ka ba? Magiging ganap ka ba? Kaya mo ba, kung ikaw o kayo lang?
2. Nag-aral ka ba nang mabuti? Naisagawa mo ba ang trabahong nakaatang sa iyo? Kung ikaw ay nasa ibang bansa, anong kilos ang naisagawa mo na upang masabing ipinagmamalaki kang mamamayan ng bansa? Ilang beses mo na bang ipinahiya ang bansa sa iyong mga makasariling mithiin? Ilang beses mo na bang ikinahiya o itinagong ikaw ay Pilipino?

3. Bakit ayaw mong tumulong sa iba? Bakit ayaw mong sumunod sa kanila bilang iyong pinuno? Bakit ayaw mong makilahok at makialam sa mga pagkakataong kailangan ka? Bakit nagkikibit-balikat ka lang?
4. May nakita kang nangyaring krimen, sasabihin mo ba ang nakita mo kahit na may banta sa iyong buhay?
5. Ano na ang nagawa mo para sa bansa? Ilang pirasong pinagbalatan na ng *candy* ang iyong pasimpleng itinapon sa kung saan-saan? Ilang pampublikong pag-aari na ba ang iyong sinulatan na kahit walang pahintulot (*Vandalism*)? Kailan ka pa naging miyembro ng *demolition team* ng inyong munisipalidad upang sirain at wasakin ang mga ari-ariang mula sa buwis ng taong bayan? May pagkakataon na ba, na naging inspirasyon ka sa iba upang gumawa ng tama at mabuti?
6. Kailan ka huling nagdasal? Ipinagdasal mo ba ang buong miyembro ng pamilya? Ang iyong kapitbahay? Ang iyong kaibigan? Ang iyong kaaway? At higit sa lahat, ang iyong bayan? Naisasabuhay mo ba nang tama ang iyong pagganap bilang mananampalataya?

Ano kaya ang naging marka mo? Napapanahon ba na iparinig sa iyo o sa lahat ng Pilipino ang awiting “Ako’y isang Mabuting Pilipino”?

Ang pagiging Pilipino ay isang biyaya, hindi ito aksidente, nakaplano ito ayon sa kagustuhan ng Diyos bilang isang indibidiwal na sumasakatawang diwa. Maisasakatuparan ito at magiging bahagi ng kasaysayan kung magkakaisa tayo bilang mamamayang may pagmamahal sa bayan.

Sa mga kaisipang nabanggit, tiyak akong naintindihan mo na kung paano ipamamalas ang pagmamahal sa bayan. Napakasimple lang, di ba? Dahil ikaw at ako ay Pilipinong nagmamahal sa bayan at may mga pagpapahalagang nag-aambag sa pag-angat ng kulturang Pilipino para sa kaunlaran ng bansa. Handa ka na bang isabuhay ito?




### **Tayahin ang Iyong Pag-unawa**

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano-anong kaalaman ang nahinuha mo sa sanaysay na binasa? Isa-isahin at ipaliwanag ang mga ito.
2. Bakit mahalaga na isabuhay ang mga pagpapahalagang itinataguyod ng bansa? Ipaliwanag.
3. Ano-anong kakayahang mayroon ka upang maisabuhay ang mga pagpapahalagang ito? Patunayan.
4. Makatutulong ba ang kaalamang iyong binasa sa pagkakamit ng kabutihang panlahat? Ipaliwanag.

## Paghinuha ng Batayang Konsepto

*Panuto:* Anong mahalagang konsepto ang nahinuha mo mula sa nagdaang gawain at babasahin. Puwede mo itong gawin o sagutin sa pamamagitan ng paglikha ng *concept web*. Gawin ito sa iyong kuwaderno.



### **Pag-uugnay ng batayang konsepto sa pag-unlad ko bilang tao**

1. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano ang maaaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?





## E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

### Pagganap Gawain 5

*Panuto:* Pag-aralan ang mga sumusunod at isulat sa inyong dyornal ang naging realisasyon o pag-unawa:

1. Makipag-ugnayan sa guro at sa punong-guro upang maisagawa ang gawain.
2. Hanapan ng tamang lugar para ipaskil ang isang *manila paper* na may nakasulat na “Ako’y Mabuting Pilipino \_\_\_\_\_.”
3. Hayaan itong sulatan ng mga kapuwa mag-aaral o kahit na ang lahat ng nakakita rito.
4. Matapos ang isang linggo, kunin ang ipinaskil na *manila paper*. Bilangin at piliin ang pinakamaraming magkakaparehong sagot at isulat muli sa isang *manila paper*. Sa pinakaibaba ng *manila paper*, ilagay ang panuto na: Kaya mo bang isabuhay ang mga ito? Kung kaya mo, isulat ang pangalan at manumpa ng pagiging makabayan.
5. Iulat sa klase ang naging resulta ng ginawang gawain.


### Pagninilay Gawain 6

*Panuto:* Gumawa ng isang liham ng pasasalamat sa Diyos sa mga biyayang ipinagkaloob Niya bilang isang mamamayang Pilipinong may pagmamahal sa bayan. Makipag-ugnayan sa iyong guro o sa mga mag-aaral na nakatalagang manguna sa pagtataas ng bandila, kung puwede mo o nilang basahin ang liham ng pasasalamat na iyong ginawa.



### Pagsasabuhay Gawain 7

*Panuto:* Bumuo o gumawa ng mga angkop na kilos sa inyong pamayanan o baranggay bilang pagpapamalas ng pagmamahal sa (Halimbawa ang pagpapaskil ng mga *tarpaulin* na may impormasyong kung saan hango ang pangalan ng baranggay at iba pang kaalaman na di alam ng iyong mga kabaranggay). Sa pagsasagawa ng mga ito, kailangan ang patunay gaya ng larawan, mga dokumento, o kaya *video*.



Mas magiging madali at maayos ang pagsasabuhay nito kung may kasama kang magboluntaryong isagawa ang mga ito.

## Gawain 8

*Panuto:* Hahatiin ang klase sa tatlong grupo. Ang bawat grupo ay gagawa ng isang *infomercial* bilang paraan ng tamang pagsasabuhay ng pagmamahal sa bayan.

1. Isaalang-alang ang sumusunod:

- Kultura.* Ipakita sa gagawing *infomercial* ang mayamang kultura ng barangay, munisipalidad, lalawigan, o ng bansa.
- Wika.* Ang wikang gagamitin ay Filipino, maaari rin itong lagyan ng *subtitle* para kung ang manonood nito ay banyaga para maiintindihan nila.
- Kasaysayan ng bansa.* Maaaring lagyan ito ng kuwento na may kaugnayan sa kasaysayan ng bansa.
- Sining at Kakayahan.* Ang magiging awitin o *background* ng infomercial ay mula sa awiting ginawa. Mas maganda kung ito ay may isahang pag-awit, grupo, o maaari din ang paraang *pa-rap*.
- langkla ito sa kampanya ng pamahalaan na “*It’s More Fun in the Philippines.*”
- Makipag-ugnayan sa iyong guro sa asignaturang kompiyuter para sa editing nito at kung paano ito *i-upload* sa *youtube* o *facebook*.



O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga gawain? Kung oo, magpunta ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga gawain sa modyul na ito. Hingin ang tulong o paggabay ng iyong magulang o kamag-aral.

## **Mga kakailanganing kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)**

### **Mga sanggunian:**

Agapay, Ramon B. (1991). *Ethics and the Filipino: A Manual on Morals for Students and Education*. Mandaluyong City: National Bookstore

Isaacs, David (2001). *Character Building: A Guide for Parents and Teachers*. Scotland: Omnia Books Ltd, Glasgow

Lacson, Alexander. *12 Little Things Our Youth Can Do to Help Our Country*. Quezon City: Alay Pinoy Publishing House

Salvana, Josefina A. (2012). *Building Our Nation from the Heart*. Quezon City: Center for Leadership, Citizenship and Democracy - NCPAG University of the Philippines Diliman

Department of Education, Culture and Sports and United Nations Educational Scientific and Cultural Organization: *Values Education for the Filipino. 1997 Revised Version of DECS Values Education Program*. Pasig

Dy, Manuel Jr. B. (2013). *Ang Pagtuturo ng Pilisopiya sa K to 12 – Edukasyon sa Pagpapakatao*. Kaisipan. El Bulakeño Printing House. Malolos, Bulacan

Mahaguay, Jerwin M. (2013). *Nasyonalismo: Lakas ng Edukasyong Pilipino*. El Bulakeño Printing House. Malolos, Bulacan

### **Mula sa Internet**

<file:///C:/Users/user/Downloads/11-46-1-PB.pdf> retrieved on November 18, 2014

## MODYUL 11: PANGANGALAGA SA KALIKASAN



### A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

“Wala ka bang napapansin sa iyong kapaligiran?” Pamilyar sa iyo ang linyang ito ng isang awit, hindi ba? Usong-uso ito noon at patuloy na binabalik-balikan dahil sa kahulugan nito na magpahanggag ngayon ay masasabing totoo pa rin. Ano nga ba ang napapansin mo sa iyong kapaligiran o kaya ay sa kalikasan? May mga pagbabago ba? Ano-anong mga pagbabago ang napapansin mo?



Tama. Marami tayong nakikitang nangyayari ngayon sa ating kapaligiran at kalikasan.

Nakararanas tayo ng matinding tag-init, mga pag-ulang nauuwi sa pagbabaha, malalakas na bagyo, at kung ano-ano pa. Kadalasan, nauuwi ito sa pagkasira ng mga ari-arian at ng pagkitil sa buhay. Minsan, hindi natin maiwasang magtanong, “Ano nga ba itong mga nangyayari sa atin?” Galit na ba sa atin ang Inang Kalikasan?

Sa modyul na ito, inaasahang maunawaan mo kung ano ang maaaring gawin o gampanin ng tulad mo upang makaiwas sa ganitong mga pangyayari.

Sa gitna ng mga pangyayaring nauukol sa kalikasan at kalamidad na ating nararanasan, mahalagang masagot mo ang mahalagang tanong na: **Bakit kailangang pangalagaan ang kalikasan?**

**Inaasahan din na maipamamalas mo sa modyul na ito ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:**

- 11.1 Nakapagpapaliwanag ng kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan
- 11.2 Natutukoy ang mga paglabag sa pangangalaga sa kalikasan na umiiral sa lipunan
- 11.3 Naipapaliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
- 11.4 Nakagagawa ng mga angkop na kilos upang maipamamalas ang pangangalaga sa kalikasan

**Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa kakayahang pampagkatuto 11.4:**

- a. Naipaliwanag ang kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan.
- b. Natukoy ang mga kasanayan sa pangangalaga sa kalikasan.
- c. Naitala ang mga kailangang hakbang upang mapangalagaan ang kalikasan.
- d. May kalakip na pagninilay.



**Paunang Pagtataya**

*Panuto:* Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit kailangan ng tao na pangalagaan ang kalikasan?
  - a. Sa kalikasan nanggagaling ang mga materyal na bagay na bumubuhay sa kaniya.
  - b. Responsibilidad itong ipinagkatiwala sa kaniya na dapat niyang gampanan.
  - c. Ang kalikasan ay kakambal ng kaniyang pagkatao; ito ang bubuhay sa kaniya at bilang kapalit, kailangan niya itong alagaan at pahalagahan.
  - d. Sa kalikasan nakadepende ang hinaharap ng tao dahil sa biyayang taglay nito.
2. Paano ipinapakita ng tao na pinahahalagahan niya ang kalikasan sa mga bagay na kaniyang ginagawa?
  - a. Nagpapatupad ng mga batas na ayon sa pangangailangan ng kalikasan na ipinagkatiwala sa kaniya.
  - b. Ginagawa ang tungkulin bilang isang mamamayang tagapangalaga ng kalikasan kahit na ito ay mapag-iwanan ng pag-unlad at panahon.
  - c. Gumagawa ng mga paraan upang matulungan ang sarili at ang kaniyang kapuwa na maiwasan ang pagkawasak ng kalikasan sa pagtamo ng kaunlaran.
  - d. Nakikiisa sa mga programang nagsusulong ng industriyalisasyon gaya ng *road widening* at *earth balling*.
3. Ano ang maaaring epekto ng *global warming*?
  - a. Unti-unting mababawasan ang bilang ng tao dahil sa gutom at mga trahedyang mangyayari.
  - b. Matutunaw ang mga yelo, lalawak ang dagat at magkakaroon ng malawakang pagbaha.
  - c. Unti-unting mararamdaman ng tao ang pag-iiba ng klima na maaaring magdulot ng pinsala sa buhay at ari-arian.
  - d. Magiging madalas ang pag-ulan, pagguho ng lupa at pag-init ng panahon.

4. Paano mo isasagawa ang programang magsusulong ng pangangalaga ng kalikasan?
  - a. Ipatatupad ang batas sa pamamagitan ng dagdag na multa sa bawat paglabag.
  - b. Hihikayatin ang bawat indibidwal na magtanim at makiisa sa isang gawaing makakalikasan.
  - c. Magkaroon ng takot sa batas at sa Diyos na nagbigay ng kalikasan.
  - d. Makikipag-ugnayan at gagawa ng isang komprehensibong pag-aaral upang makapagsagawa ng isang gawaing pangkalikasan.
5. Ano ang paraan na maaaring gawin ng isang simpleng mamamayan bilang tagapamahala at tagapangalaga ng kalikasan?
  - a. Magtapon ng basura sa tamang tapunan.
  - b. Magpatupad ng mga batas.
  - c. Magkaroon ng pagkukusa at maging disiplinado.
  - d. Maging mapagmasid at matapang sa pakikipaglaban para sa bayan.
6. Ang kalikasan ay tumutukoy sa \_\_\_\_\_.
  - a. Lahat ng nakapaligid sa atin.
  - b. Lahat ng nilalang na may buhay.
  - c. Lahat ng bagay na nagpapayaman sa tao.
  - d. Lahat ng mga salik na tumutugon sa pangangailangan ng mga nilalang na may buhay.
7. Kung bibigyan ka ng pagkakataon na gumawa ng isang bagay na makakaya mo para sa kalikasan, alin sa sumusunod ang iyong gagawin?
  - a. Lilinisin ang Ilog Pasig at sasali sa mga proyektong lilikom ng pondo para sa Ilog Pasig.
  - b. Gagawa ng mga programang susundan ng baranggay upang makatulong ng malaki.
  - c. Maging mapanuri at magkukusa sa mga gawaing kailangan ako.
  - d. Magdarasal para sa bayan.
8. Ang pagiging tagapangalaga ng kalikasan ay nangangahulugang \_\_\_\_
  - a. Paggamit sa kalikasan na naaayon sa sariling kagustuhan.
  - b. Paggamit sa kalikasan ng may pananagutan.
  - c. Paggamit sa kalikasan ng walang pakundangan.
  - d. Paggamit sa kalikasan na hindi isinasaalang-alang ang iba.
9. Ang sumusunod ay maling pagtrato sa kalikasan, maliban sa isa.
  - a. Hindi maayos na pagtatapon ng basura.
  - b. Paghiwa-hiwalay ng basura bilang nabubulok at di nabubulok.
  - c. Pagtatapon ng basura sa mga anyong tubig.
  - d. Pagsusunog ng basura.
10. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng paggamit sa kalikasan bilang isang kasangkapan?
  - a. Pagpuputol ng puno at pagtanim muli ng mga bagong binhi.
  - b. Paggamit ng lupain na may pagsasaalang-alang sa tunay na layunin nito.
  - c. Malawakang paggamit ng mga kemikal upang makakuha ng maraming ani.
  - d. Pagkamalikhain at responsibilidad sa gagawing pagbabago sa kapaligiran.



## B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

### Gawain 1


Panuto:

*Picture Analysis.* Pag-aralan o siyasating mabuti ang mga larawan, pansinin kung ano ang pagkakaiba ng mga ito sa isa't isa. Itala sa iyong kuwaderno ang mga napansing pagkakaiba ng mga ito.

1.





2.



3.



4.



Mga tanong na kailangang sagutin, isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Naging madali ba para sa iyo na tukuyin ang pagkakaiba ng mga larawan?
  - a. Kung oo, bakit? Ipaliwanag.
  - b. Kung hindi, bakit? Ipaliwanag.
2. Nakikita mo ba sa totoong buhay ang mga larawan na iyong sinusuri?
3. Ano ang iyong naramdaman sa naging resulta ng iyong ginawang pagsusuri? Ipaliwanag.
4. Apektado ba ang isang tulad mo sa naging resulta ng iyong pagsisiyasat?
  - a. Kung oo, sa papaanong paraan? Ipaliwanag.
  - b. Kung hindi, bakit? Ipaliwanag.

## Gawain 2

*Panuto:* Tukuyin kung alin sa sumusunod ang mga karaniwang paalala na iyong nakikita sa iyong pamayanan o barangay? Isulat ito sa iyong kuwaderno.



Sagutin ang sumusunod na tanong, isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano-anong tema o paksa mayroon ang mga paalala?
2. Alin sa mga paalalang ito ang iyong sinusunod/hindi sinusunod?
3. Paano nakatutulong ang mga paalalang ito sa pangangalaga ng kalikasan? Ipaliwanag.
4. Bakit kaya sa kabila ng mga paalalang ito ay patuloy pa rin ang tao sa pagwasak sa kalikasan? Ipaliwanag.
5. Kung ikaw ang bibigyan ng pagkakataon na gumawa ng isang paalala para sa kalikasan, ano ang gagawin mo at paano mo ito ikakampanya?





### C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

#### Gawain 3

*Panuto:* Bumuo ng isang pangkat na may 5-8 miyembro. Pumili ng isang isyung pangkalikasan at pag-usapan kung paano kayo tutugon sa pangangailangan ng kalikasan batay sa isyung ito. Maghanda sa paglalahad ayon sa napag-usapan ng pangkat gamit ang isa sa sumusunod na pamamaraan:

- a. Tula
- b. Awit
- c. Skit
- d. Patalastas,
- e. *Movie Presentation*
- f. Pagbabalita
- g. Islogan

Sagutin ang sumusunod na katanungan at magtalaga ng mag-uulat upang ibahagi ang sagot ng grupo sa klase.

1. Naging madali ba sa grupo ang sumusunod:
  - a. Ang pag-unawa sa isyu o paksang nakuha? Ipaliwanag.
  - b. Ang pagbuo ng ideya batay sa paksang nakuha? Ipaliwanag.
  - c. Ang pagganap ng bawat kasapi ng grupo sa napiling paraan ng pagsasabuhay nito? Ipaliwanag.
2. Napapanahon ba ang paksang natalakay ng grupo? Ipaliwanag.
3. May magagawa ba ang kabataang tulad mo/ninyo upang maging susi sa problemang kinakaharap ng bansa partikular sa isyung naatas sa grupo?
  - a. Oo, sa papaanong paraan? Ipaliwanag.
  - b. Hindi, bakit? Ipaliwanag.
4. Ano ang iyong naging reyalisasyon matapos maisagawa ang gawain?

#### Gawain 4

*Panuto:* Basahin at unawain ang liriko ng awit na Kalikasan (song writing composition 2006 – youtube) na isinaayos nina Cesar Nebril Jr. at Necei L. Nebril. Maaari mo itong pakinggan gamit ang *CD* o *MP3*, o sa *internet* sundan ang *url* na <http://www.youtube.com/watch?v=b6357-fsc3g> (Retrieved March 2, 2014)

## Kalikasan

I

Masdan mo ang iyong paligid  
Bawat isa ay nanganganib  
Sa dalang kapahamakan  
Na tayo rin ang may lalang

II

Paghawan sa kagubatan  
Paglason sa karagatan  
Usok na di mapigilan  
'Yan ba'y hakbang sa kaunlaran?

III

Kalikasan, laan sa atin ng Maykapal  
Kalikasan, dulot ay kaginhawahan  
Pag-ingatan at ating pangalagaan  
Upang tayo'y mabuhay nang matiwasay

IV

Hindi mo ba nakikita  
At di mo ba nadarama  
Ganda ng ating kalikasan,  
Tila ngayo'y naglaho na

V

Ano ang iyong itutugon?  
Paano ka tutulong?  
Na ang ating kalikasan ay  
Kagiliwang pagmasdan

VI

Kalikasan, laan sa atin ng Maykapal  
Kalikasan, dulot ay kaginhawahan  
Pag-ingatan at ating pangalagaan  
Upang tayo'y mabuhay nang  
matiwasay

VII

Kung tayo ay magkakaisa  
Buhay nati'y liligaya  
Paligid ay ginhawa  
Kalikasan ay sisigla

VIII

Kalikasan, laan sa atin ng Maykapal  
Kalikasan, dulot ay kaginhawahan  
Pag-ingatan at ating pangalagaan  
Upang tayo'y mabuhay nang  
matiwasay

IX

Pag-ingatan at ating pangalagaan  
Upang tayo'y mabuhay  
Mahalin ang kalikasan  
Upang tayo'y mabuhay nang matiwasay

Nasiyahan ka ba sa himig ng awit? Ngayon naman, sagutin mo ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang mga mensaheng gustong iparating ng awitin?
2. Napapanahon ba ang mensaheng ito? Pangatuwiran.
3. Mahirap bang isabuhay ang mensaheng gustong iparating ng awitin? Pangatuwiran.
4. Makatutulong ba ang mensahe ng awitin sa pagsasabuhay ng pangangalaga sa kalikasan? Pangatuwiran.



## D. PAGPAPALALIM

“Lebel ng mga dagat sa mundo, tataas hanggang tatlong talampakan sa 2100, ang pagtaas ng *temperature* ay bumagal simula pa noong 1998, patuloy na pag-init ay magpapatuloy kahit binawasan na ang paggamit ng mga *fossil fuels*.

(United Nations’ Intergovernmental Panel on Climate Change, Agosto, 2013.)

Nagulat ka ba sa ulat? Ano ba ang mga dahilan kung bakit ang mga ito ay nagaganap? Sino ba ang may kagagawan sa ganitong mga pangyayari?



Familyar ka ba sa kuwento ng paglikha o paglalang? Marahil ay oo o hindi. Balikan natin ang kuwento ng paglikha at iugnay sa mga pangyayaring nakita, narinig o nabasa natin kanina.

Ayon sa Aklat ng Genesis, kabanata 1, talatang 27 – 31, nilalang ng Diyos ang tao ayon sa Kaniyang sariling larawan bilang lalaki at babae. Binasbasan sila ng Diyos at binigyan ng tagubilin na magparami. Kaakibat ng pagbabasbas na ito ay ang utos na punuin ang daigdig at magkaroon ng kapangyarihan dito lalo na sa lahat ng Kaniyang nilalang.

### TANDAAN

Ipinagkaloob ng Diyos sa tao ang kapangyarihan na pangalagaan ang kalikasan na kaniyang nilikha.

Samakatuwid, sa kuwento ng paglikha ay ipinagkaloob ng Diyos sa tao ang kapangyarihan na pangalagaan ang kalikasan na Kaniyang nilikha. Ipinagkatiwala ng Diyos ang lahat niyang nilikha sa tao na Kaniya ring namang nilalang bilang pinakamataas na uri sa lahat ng kaniyang mga nilikha. Ang pagtitiwalang ito ay isang

patunay na minamahal tayo ng Diyos kung kaya’t ibinigay Niya sa atin ang kalikasan.

Ano ba ang kalikasan? Ano ang kahalagahan nito sa atin bilang tao?

Ang kalikasan ay tumutukoy sa lahat ng nakapaligid sa atin na maaaring may buhay o wala. Ito ay kinabibilangan ng mga puno’t halaman, at lahat ng iba’t ibang uri ng hayop mula sa maliit hanggang sa malaki. Maituturing ding bahagi ng kalikasan ang lahat ng salik na siyang nagbibigay-daan o tumutugon sa mga pangangailangan ng mga nilalang na may buhay upang ipagpatuloy ang kanilang buhay. Kabilang dito ang hangin, lupa, tubig, at iba pang mga anyo nito. May buhay man o wala, kapag sumusuporta sa pagpapatuloy ng buhay ng mga nabubuhay na nilalang ay maituturing

na bahagi ng kalikasan.

Ang kalikasan ay kaloob sa atin ng Diyos upang tayo ay patuloy na mabuhay. Samakatuwid, tayo ay binubuhay ng kalikasan. Dahil dito, kung kaya't binigyan Niya tayong lahat ng tungkulin at pananagutang ito'y ating igalang at pangalagaan. Sabi nga sa

Tayo ay binubuhay ng kalikasan.


*Compendium on the Social Doctrine of the Church*, sa bahaging may kaugnayan



sa kalikasan, ang ugnayan natin o kaya'y tungkulin sa kalikasan ay makikita sa kung ano ang ugnayan natin sa ating kapuwa at sa Diyos. Subalit sa pagdaan ng mga panahon, mukhang nag-iba ang pagtingin at pagtrato ng mga tao sa kahalagahan ng kalikasan. Ang tao ay nagpatuloy sa walang habas na paninira sa pag-aakalang siya ay may karapatan sa kalikasan. Minaltrato ng tao ang kalikasan. Ginawa niyang sentro ang kaniyang

sarili sa lahat ng nilikha ng Diyos. Dahil sa pananaw na ito kaya inabuso niya ang kalikasan.


Ano-ano bang pang-aabuso ang nagawa ng tao sa kalikasan? Ano-anong paglabag sa pangangalaga sa kalikasan ang isinagawa at patuloy na isinasagawa ng tao na nagbunga ng unti-unting pagkasira ng kalikasan?



### Mga Maling Pagtrato sa Kalikasan

Kung mapapansin natin ang kasalukuyang panahon, may pagkakaiba ba ito sa nakaraan? Marahil, pareho ang magiging sagot natin, Oo, napakalaki ng pagkakaiba. Napakainit ng panahon, hindi na mawari kung kailan ang tag-init at tag-ulan, kabi-kabila ang mga trahedyang hindi inaasahang mangyayari, mula sa di-inaasahang pagputok ng bulkan (Mt. Pinatubo, taong 1991), sa mga biglaang pagguho ng lupa (St. Bernard, Leyte 2006), mga pagbaha maging sa sentro ng bansa (Ondoy 2009), ang paglamon ng karagatan sa mga dalampasigan at kalupaan (Yolanda 2013), at iba pang mga pangyayari na kumitil ng maraming buhay ng tao at pagkawasak ng ari-arian. Naitanong mo na ba kung bakit may mga nakagugulat na pangyayaring ganito ngayong mga panahon?

Ano kaya ang dahilan ng mga nakagugulat na pangyayaring ito? Anong mga gawain kaya ang nagawa ng tao upang ang mga ito ay maganap? Sa karamihan ng mga trahedyang pangkalikasan, malinaw na may kinalaman ang mga gawain ng tao.



Maraming mga pagmaltrato at paglabag ang ginagawa ng tao na tuwirang taliwas sa pangangalaga sa kalikasan. Isa-isahin natin ang mga ito at pagkatapos ay suriin mo ang iyong sarili kung kabilang ka sa mga kabataan na gumagawa rin ng mga ito.

1. *Maling Pagtatapon ng basura.* Dahilan sa komersiyalismo at konsiyumerismo, nagkaroon ang tao ng maraming bagay na nagiging patapon o hindi na maaaring magamit. Resulta? Walang habas ang ginawang pagtatapon ng basura kung saan-saang lugar na lamang. Ang bawat bagay na maituturing na wala nang gamit ay ikinokonsiderang wala nang halaga kung kaya't kadalasan itinatapon na lamang ito. Dahil sa walang habas na pagtatapon ng basura, nagbabara ang mga daanan ng tubig, kung kaya't kapag dumating ang malakas na ulan, di maiiwasan ang pagbaha. Dagdag pa rito ang paglaganap ng mga sakit. Ito ay sa dahilang naging ugali na rin ng tao ang hindi tamang pagtapon ng mga maruruming basura o kalat na pinamumugaran ng mga insekto at mga mikrobyong nagdadala ng sakit.

Sa walang habas na pagtatapon ng basura, ginagawa natin ang mundo bilang isang malaking basurahan. Kung saan-saan na lamang ito itinatapon na nakapagdudulot sa atin at sa ating kapaligiran ng malaking suliranin. Maraming bahagi ng kalikasan ang naapektuhan dahil sa maling pagtapon ng basura.

Ang mga anyong tubig na sumusuporta sa buhay ay unti-unting nasisira at dumurumi kung kaya't ang layunin nitong magamit para ipagpatuloy ang buhay, hindi na minsan nasusuportahan. Dahil sa maling pagtapon ng basura, maraming mga bahagi ng kalikasan ay unti-unting nawawalan ng saysay.

Ikaw, paano mo itinatapon ang iyong mga basura? Saan mo ito itinatapon? Maayos ba ang pagtatapong isinasagawa mo?




2. *Iligal na pagputol ng mga puno.* Ang mga puno at iba pang halaman ang siyang tagapagbigay sa atin ng napakahalagang hangin na ating hinihinga upang mabuhay tayo at iba pang mga hayop. Bukod pa rito, ang kanilang mga ugat ay itinuturing na tagapagdala at tagapag-ipon ng *underground water* na siyang pinagmumulan ng malinis na inuming tubig na atin ding kailangan upang mabuhay. Kapag ang mga punong ito na may mahalagang papel na ginagampanan sa siklo ng materyal (*cycle of materials*) sa ating kapaligiran

ay nawala o kaya'y maubos, tiyak ang pagkakaroon nito ng malawakang epekto sa mundo.

Ang patuloy na pagputol ng mga puno lalo na iyong mga walang permiso o iligal ay may malaking epekto sa ating kapaligiran at kalikasan. Ang kadalasang pagulan na nagdudulot ng mga pagbaha ay bunga ng walang habas na pagputol ng mga puno at hindi pagpapalit ng bagong halaman sa mga naputol ng puno. Wala na kasi ang mga malalaking ugat na sumisipsip ng tubig. Gayundin naman, sa mga buwan ng tag-init ay nagkukulang ang *supply* ng tubig. Kadalasan ito rin ay nauuwi sa pagbitag ng mga lupa na nagiging sanhi upang ang mga pananim ay matuyo.

3. *Polusyon sa hangin, tubig, at lupa.* Ang dalawang suliraning nabanggit sa itaas ay nagdudulot ng polusyon. Ang hangin na ating nilalanghap, ang tubig na iniinom at kailangan sa kalinisan at ang lupang sumusuporta sa mga halaman ay unti-unting dumurumi dahil na rin sa maling gawain ng mga tao. Ito ay ang malawakang polusyon na siyang nagpabago sa kondisyon ng hangin, tubig, at lupa na kailangan ng tao upang mabuhay.



Karaniwang nagdudulot ng mga karamdaman ang polusyon tulad ng *respiratory diseases*, sakit sa *digestive tract*, sakit sa balat, at marami pang iba. Kapag ang mga ito ay hindi naagapan, maaaring maging sanhi ng kamatayan lalo na kapag marumi na ang hanging nilalanghap.

4. *Pagkaubos ng mga natatanging species ng hayop at halaman sa kagubatan.*

Ang Pilipinas ay napagkalooban ng Diyos ng isang napakagandang kagubatang tropikal. Dito makikita ang iba't ibang uri ng mga halaman at mga hayop na ang iba ay dito lang talaga makikita. Mapalad tayong mabigyan ng ganitong kaloob ngunit sa panahon ngayon, ang *diversity* na ito ay unti-unting nauubos. Maraming uri ng mga hayop at halaman ang unti-unting nawawala at namamatay dahil sa malawakang pag-abuso ng tao rito. Maraming uri ng hayop at halaman ang nagiging *threatened*, *endangered*, at ang pinakamalala sa lahat ay ang kanilang *extinction*.

Dahil dito, ang balanse ng kalikasan (*balance of nature*) ay unti-unti na ring nawawala. Maraming uri ng mga hayop at halaman na may mahalagang papel na ginagampanan lalo sa pagkontrol ng iba pang uri ng hayop at halaman ang unti-unti nang nawawala o nagiging *extinct* na.



### 5. Malabis at mapanirang pangingsda.



Ang Pilipinas ay nabiyayaan din ng mayamang karagatan at iba pang anyong tubig. Iba't ibang uri ng isda ang naninirahan dito kung kaya nga't maraming lugar dito sa atin ang umaasa sa pangingsda bilang kanilang ikinabubuhay. Subalit ang yamang dagat na ito ay unti-unti na ring nauubos dahil sa hindi matigil na *cyanide fishing*, *dynamite fishing*, at sistemang *muro-ami* na pumipinsala hindi lamang sa mga isda kundi maging sa kanilang *natural habitat* o tirahan.

Ang malabis at mapanirang pangingsda ay nagbubunga ng pagkawala ng mga likas na yamang kailangan ng mga tao para sa kanilang ikinabubuhay.

### 6. Ang pagko-convert ng mga lupang sakahan, iligal na pagmimina, at quarrying.

Bakit nagkakaroon ng kakulangan sa suplay ng bigas, asukal, at iba pang produktong mula sa mga magsasaka na ayon sa pangangailangan ng tao? Dahil sa hindi na mabilang na mga lupang sakahan ang hindi na tinatamnan dahil ginawa ng *subdivision*, *golf courses*, mga *hotel*, *expressways*, at iba pa. Bakit nasisira ang mga ilog, bakit bumababaw ang dagat, bakit nagkakaroon ng pagguho? Ito ay dahil sa maling sistema na patagong ginagawa ng mga kompanyang tulad ng pagpapasabog ng mga bundok upang makakuha ng marmol, ang paghuhukay sa mga dalampasigan upang makakuha ng *black sand*, ang pagtatapon ng mga *debris* ng mga pabrikang nagpoproseso ng ginto, nikel, at mga yamang mineral sa mga yamang tubig ng bansa.



### 7. *Global warming* at *climate change*.

Ang malawakang pag-iiba-iba ng mga salik na nakaaapekto sa panahon na nagdudulot nang matinding pagbabago sa pangmatagalang sistema ng klima ay ang tinatawag na *climate change*. Ang patuloy naman na pagtaas ng temperatura bunga ng pagdami ng tinatawag na *green house gases* lalo na ng *carbon dioxide* sa ating atmospera ay tinatawag na *global warming*. Ang *global warming* ay nagdudulot ng *climate change*. Ito ay sa paraang patuloy na pag-iinit ng panahon na nakaaapekto sa kondisyon hindi lamang ng atmospera kundi gayundin sa mga *glacier* at *iceberg* na lumulutang sa mga dagat ng mundo. Dahil sa matinding init, unti-unting nalulusaw ang mga *glacier* at *iceberg* na nauuwi sa pagtaas ng lebel ng tubig sa dagat, mga pagbaha, at matinding pag-ulan. Ang *global warming* naman ay nagdudulot ng mahahabang tag-init na nauuwi sa malawakang tagtuyot o *El Nino* o kaya naman ay malawakan at matagal na pag-ulan o *La Nina*.

8. *Komersiyalismo at urbanisasyon.* Ang komersiyalismo ay tumutukoy sa pag-uugali ng tao at mga kilos na nagpapakita nang labis na pagpapahalaga na kumita ng pera o kaya ay pagmamahal sa mga materyal na bagay sa halip na ibang mga pagpapahalaga. Ang urbanisasyon naman ay ang patuloy na pag-unlad ng mga bayan na maisalarawan ng pagpapatayo ng mga gusali tulad ng mga *mall* at *condominium units*. Ang dalawang ito ay maaaring iugnay sa konsyumerismo na isang paniniwala na mabuti para sa tao ang gumasta nang gumasta para sa mga materyal na bagay at serbisyo.

Dahil sa mga paniniwalang ito, nawala sa isipan ng tao ang pangalagaan ang kanilang kapaligiran. Sa pagdami ng mga ninanais ng tao lalo na tungkol sa mga materyal na bagay, nakalimutan na niyang naapektuhan ang kaniyang kapaligiran at kalikasan.

Nakita natin ang mga pinakamalalaki at napapanahong problema sa ating kalikasan at ang mga epekto nito sa atin. Mayroon pa bang ibang epektong nagaganap sa maling pagtrato sa kalikasan?

Sino kaya ang dapat sisihin sa mga maling gawaing ito o pagmaltrato sa kalikasan? Sino ba ang patuloy na nagtatapon ng basura? Sino ba ang patuloy na pumuputol ng mga puno sa kagubatan? Sino ang gumagamit ng mga paputok sa pangingisda? Kung ating titingnan, walang sinomang dapat sisihin sa mga pangyayaring ito kundi ang tao rin mismo. Bakit?

### **Ang tao bilang tagapangalaga ng kalikasan**

Sa kuwento ng paglikha na ating nabanggit, binigyan tayo ng Diyos ng kapangyarihan na alagaan ang kalikasan at hindi maging tagapagdomina nito. Bilang natatangi sa lahat Niyang nilikha, pinagkalooban ng Diyos ang tao ng kapangyarihang gawin ang nararapat sa kalikasan ngunit nabigyan ito ng ibang pakahulugan. Ang kapangyarihang ipinagkaloob sa tao ay nakita niya bilang isang karapatang gamitin ang kalikasan nang walang pakundangan at naaayon sa kaniyang kagustuhan. Hindi kailanman isinaalang-alang ng tao na ang kapangyarihan niya na gamitin ang kalikasan ay may kaakibat na pananagutan. Tinalakay sa Modyul 4 na malaya tayong gawin kung anuman ang nais nating gawin. Samakatuwid, may kalayaan tayong gawin o gamitin ang kalikasan. Ngunit dapat nating isipin na ang paggamit sa kalayaan ay napapalooban ng paggawa ng mabuti. Mabuti ang paggamit sa kalikasan, ngunit kung ito'y nauuwi sa pagmaltrato at hindi na tumutugon sa kabutihang panlahat, ang kalayaang ginagamit mo ay hindi tunay na kalayaan.

Inuutusan tayo ng Diyos na alagaan ang kalikasan at hindi maging tagapagdomina nito para sa susunod na henerasyon.



Ayon sa *Compendium of the Social Doctrine of the Church*, sa lalong paglaki ng kapangyarihan ng tao, lumalaki rin ang kaniyang pananagutan sa kaniyang pamayanan. Kung kaya't lahat ng naisin niyang gawin sa kalikasan bilang kaniyang kapangyarihan dito ay nararapat na naaayon sa disenyo at kagustuhan ng Diyos na walang iba kundi ang Siyang tagapaglalang nito. Ang paggamit at pangangalaga sa kalikasan ay hindi pansarili lamang kundi isa itong pananagutan na bigyang pansin na nagsasaalang-

Ang tunay na pangangalaga sa kalikasan ay pagpapakita ng paggalang sa kabutihang panlahat na siya namang layunin kung bakit nilikha ng Diyos ang kalikasan.

alang ng kabutihang panlahat. Oo nga't malaya kang pumutol ng puno, ngunit sa pagputol mo ba nito ay walang maaapektuhan? Maaari mong hulihin ang lahat ng isda sa dagat sapagkat kaloob ito sa iyo ng Diyos, ngunit tama ba ang pamamaraang ginagamit mo?

Ang tunay na pangangalaga sa kalikasan ay pagpapakita ng paggalang sa kabutihang panlahat na siya namang layunin kung bakit nilikha ng Diyos ang kalikasan. Marapat ding tandaan na ang lahat ng bagay na nilalang ng Diyos kabilang na ang tao ay magkakaugnay. Kung kaya't anuman ang mangyari sa isa ay maaari ding maganap sa iba o kaya naman makaapekto sa iba. Ang pangangalaga sa kapaligiran at sa kalikasan ay isang pananagutang panlipunan. Ang pananagutang ito ay nangangahulugang nararapat nating isaalang-alang ang anumang epektong ginagawa natin sa kalikasan. Maaaring tayo ang maging biktima ng mga maling gawaing ito.

Ang pangangalaga sa kalikasan ay kinakailangang gawin at sundin hindi lamang sa ating pansariling dahilan kundi para sa susunod na henerasyon. Naging kaisipan natin na may kapangyarihan tayong gamitin ito ayon sa paraang gusto natin. Ginagamit natin ang ating kalikasan at kapaligiran na animo'y isang kasangkapan na hindi inaalala kung may maaapektuhan o wala. Minsan, walang habas ang ginagawa nating paggamit at wala ring pag-iingat na parang hindi ito mauubos. Nagkaroon tayo ng kaisipan na tayo ang sentro ng mundo, na ang lahat ng bagay na nakapalibot sa atin ay para sa ating pansariling kapakanan lamang. Para bang ang kalikasakan ay "*at our own disposal.*"

Ang etikang pangkalikasan ay nagbibigay sa atin ng dalawang mahalagang tanong na kailangang sagutin natin kaugnay ng mga pangyayaring nagaganap ngayon sa ating kalikasan: Ano ang mga tungkulin natin bilang tao sa kalikasan na ating tinitirhan, at bakit? Ang pagsagot sa unang tanong ay maaaring masagot sa pamamagitan ng pagsagot sa pangalawang tanong. Bakit mayroon tayong pananagutan at tungkulin na pangalagaan ang ating kalikasan?

Ang tungkulin natin na pangalagaan ang ating kalikasan ay nakaugat sa katotohanang lahat tayo ay mamamayan ng iisang mundo, dahil nabubuhay tayo sa iisang kalikasan. Ang tungkulin nating ito ay hindi lamang para sa mga taong

namumuhay sa kasalukuyan sa panahong ito kundi higit sa mga taong maninirahan dito sa susunod na panahon at henerasyon.

Ang tungkulin natin na pangalagaan ang ating kalikasan ay nakaugat sa katotohanang lahat tayo ay mamamayan ng iisang mundo, dahil nabubuhay tayo sa iisang kalikasan.

Sa pangangalaga sa kalikasan ay maaari tayong matulungan ng mga batas na nangangalaga sa kalikasan. Ngunit karaniwan, ang batas ukol dito ay walang ngipin. Hindi ito nasusunod dahil sa maling pagpapatupad at pag-aabuso na rin dito, lalo na ng mga nasa kapangyarihan.

Matutuhan mo sa Modyul 16, na ang paggamit ng kapangyarihan at pera ng ibang indibidwal para sa pansariling benepisyo ay isa rin sa pangunahing dahilan kung bakit hindi matigil-tigil ang problema ng bansa sa tamang pangangalaga ng kalikasan.

Kung susuriin at pag-aaralan, iisa lang ang pangunahing dahilan kung bakit nagkakasunod-sunod at nangyayari ang mga ito. Ito ay dahil sa kapabayaang ng tao sa kalikasang ipinagkaloob ng Diyos. Hindi mangyayari ang mga ito kung hindi naging pabaya ang tao, na kung magmalabis ay walang pakundangan at walang habas. Hindi masisira ang isang bagay kung ito ay pangangalagaan, hindi mangyayari ang di dapat mangyari kung nagawa ng tao ang tamang pangangalaga sa kalikasang ipinagkaloob ng Diyos.

Ano-anong halimbawa ang maaari mong ibigay upang mapatunayan ang saloobing nabanggit sa itaas? Paano nga ba natin pangangalagaan ang ating kalikasan at kapaligiran?

### Ang Sampung Utos para sa Kalikasan

Upang tayo'y magkaroon ng gabay kung paano pangangalagaan ang kalikasang kaloob sa atin ng Diyos, tunghayan natin at unawain ang Sampung Utos para sa Kapaligiran (*Ten Commandments for the Environment*) na ginawa ni Obispo Giampaolo Crepaldi, Kalihim ng *Pontifical Council for Justice and Peace*. Ang sampung utos na ito ay mga prinsipyo ng makakalikasang etika (*environmental ethics*) na kaniyang ginawa hango sa Compendium. Ang sampung utos para sa kalikasan ay hindi listahan ng mga dapat at hindi dapat gawin, kundi mga prinsipyong gagabay (*guiding principles*) sa pangangalaga ng kalikasan. Isa-isahin natin ang mga ito.

1. *Ang tao na nilikha ng Diyos na kaniyang kawangis ang siyang nasa itaas ng lahat ng Kaniyang mga nilikha ay marapat na may pananagutang gamitin at pangalagaan ang kalikasan bilang pakikiisa sa banal na gawain ng pagliligtas.* Nangangahulugan ito na ang pananagutan ng tao tungo sa kalikasan ay igalang

at hindi gamitin para sa sarili niyang kagustuhan. Ang pangangalaga na kailangan niyang gawin ay nararapat na naaayon sa kagustuhan o layunin ng Diyos nang likhain Niya ito. Samakatuwid, bilang mga tao na nilalang ng Diyos ay kaisa Niya tayo sa pagpreserba ng kalikasan at pagpapanatili ng kaayusan ng lahat ng nilalang ng Diyos.

Ano ang maaari mong gawin bilang isang mag-aaral upang ang utos na ito ay maisabuhay at mabigyang katuparan? Pagliligtas kayang maituturing ang pagpuputol ng mga puno sa dahilang ikaw naman ang siyang nagtanim nito? Ang pangangalaga sa mga puno at pagtanim nito ay isa sa mga konkretong paraan upang tayo'y maging tagapagligtas ng kalikasan. Maaari lamang itong putulin kung may karampatang pahintulot mula sa mga awtoridad kagaya ng DENR. Ang mga batas katulad ng Republic Act 3571, 10593, at Executive Order No 23, s. 2011 ay ilan lamang sa mga batas na napapalooban ng pagbabawal sa hindi tamang pagputol ng mga puno, hindi lamang sa mga kagubatan kundi maging sa iba pang mga lugar. Gayundin naman, nararapat kang magtanim uli ng bagong mga puno bilang kapalit sa mga pinutol mo.

Ang bawat nilalang ng Diyos, tao man o kalikasan, ay hindi kailanman maaaring tratuhin na mga kasangkapan o gamit lamang na maaaring manipulahin at gamitin nang hindi naaayon sa tunay nitong layunin. Ang tao lalo higit ay itinuturing na kamanlilikha ng Diyos at tagapangalaga ng lahat ng Kaniyang nilikha.

2. *Ang kalikasan ay hindi nararapat na gamitin bilang isang kasangkapan na maaaring manipulahin at ilagay sa mas mataas na lugar na higit pa sa dignidad ng tao.* Ang tao at ang kalikasang nilikha ng Diyos ay hindi pangkaraniwan, hindi ordinaryo o kaya'y walang saysay na bunga ng ebolusyon. Ang bawat isa sa atin ay bunga ng kaisipan ng Diyos, ninais, minamahal, at may halaga. Dahil dito, kung kaya't ang bawat nilalang ng Diyos, tao man o kalikasan, ay hindi kailanman maaaring tratuhin na mga kasangkapan o gamit lamang na maaaring manipulahin at gamitin nang hindi naaayon sa tunay nitong layunin. Ang tao lalo higit ay itinuturing na kamanlilikha ng Diyos at tagapangalaga ng lahat ng Kaniyang nilikha. Ang tungkuling maging kamanlilikha ng Diyos at tagapangalaga ng Kaniyang mga nilikha ay nararapat gampanan ng tao na may pagkaalam at responsibilidad.

Paano natin ipahahayag ang ating pagiging kamanlilikha ng Diyos? Ang pagtanim ng mga halaman sa isang bukirin o bakanteng lote at pag-aalaga ng mga ito ay pagpapahayag ng ating tungkulin bilang mga kamanlilikha ng Diyos. Ngunit ang walang habas na paggamit ng *pesticides* o mga *insecticides* upang magkamit nang lubos o maraming ani ay maaaring magdulot ng iba pang epekto hindi lamang sa lupaing sinasaka, gayundin sa mga karatig nitong anyong tubig. Ang paggamit sa lupa bilang isang materyal na bagay na maaari mong gawin kung

ano ang iyong gusto ay pagsasawalang-bahala sa tunay na layunin ng pagkakaroon ng lupain. Ang paggamit dito ay nararapat na may kaakibat na pananagutan.

3. *Ang responsibilidad na pang-ekolohikal ay gawaing para sa lahat bilang paggalang sa kalikasan na para rin sa lahat, kabilang na ang mga henerasyon ngayon at ng sa hinaharap.* Ang pangangalaga sa kalikasan ay hindi gawain at responsibilidad lamang ng iilan. Ito ay isang hamon para sa sangkatauhan at gawaing panlahat sapagkat ang kalikasan ay para sa kabutihang panlahat. Bukod pa rito, ang lahat ng nilikha ng Diyos ay magkakaugnay at may koneksyon sa bawat isa.

Isang halimbawa rito ay ang mga lamang-dagat tulad ng kabibi sa Japan. Higit itong malulusog kaysa sa karaniwan sapagkat inaalagaan ng mga tao sa lugar na iyon ang kanilang kalikasan. Dagdag pa rito, higit na mainam na manirahan sa mga probinsya sapagkat presko roon sa dahilang marami pang mga puno ang nagbibigay ng malinis na hangin. Ayon sa isang pamosong salawikain sa Filipino, *“ang sakit ng kalingkingan ay ramdam ng buong katawan.”* Lahat ng ginagawang pagmanipula ng mga tao lalo ng mayayamang bansa sa kalikasan ay ramdam na ramdam ng mga tao lalo na ng mga nasa mahihirap na bansa. Halimbawa nito ay ang patuloy na paggamit ng mga tao sa ibang bansa ng mga kemikal na nakabubutas ng *ozone layer*. Higit na naapektuhan ng mga gawaing ito ang mga tao sa mahihirap na mga bansa. Nararapat nating tandaan na ang pagwawalang bahala sa kapaligiran at kalikasan ay palaging nakakaapekto sa pag-iiral ng tao. Sabi nga ni Papa Benedicto, *“mararating natin ang hinaharap kung hindi natin sisirain ang mga nilikha ng Diyos.”*

4. *Sa pagharap sa mga suliraning pangkalikasan, nararapat na isaalang-alang muna ang etika at dignidad ng tao bago ang makabagong teknolohiya.* Maraming mga bagong tuklas bunga ng teknolohiya ang talaga namang nakatutulong sa tao. Ginagawa ng mga modernong imbensiyon na ito na maging mas madali ang buhay gayundin maging mas ligtas. Ang mga halimbawa nito ay mga bagong uri ng gamot, mga bagong kagamitan sa transportasyon at komunikasyon. Ngunit nagpaalala muli si Papa Benedicto, *“ang mga tanda o halimbawa ng pag-asenso o progreso ay hindi lahat para sa kabutihan.”* Kahit ang tao ay itinuturing na kamanlilikha ng Diyos, hindi niya kailanman maaaring gamitin ang kalikasan sa anumang gusto niyang gawin dito lalo pa kung hindi naaayon sa layuning nakapaloob sa paglikha ng Diyos dito. Kapag ginawa ng tao, siya ay kumikilos na mas mataas pa sa Diyos na maaaring dumating sa puntong ang kalikasan mismo ang magrebelde laban sa tao.

Maaari nating gawing halimbawa ang patuloy na pag-aabusong ginagawa natin sa mga kabundukan na kung saan ay matatagpuan ang iba't ibang uri ng nilikhang may buhay. Ang patuloy na pagsira, pagkuha, at pagmanipula sa mga ito ay maaaring magdulot ng pagkawala ng mga mapagkukunan ng potensiyal na puwedeng gawing gamot at iba pang layunin.

5. *Ang kalikasan ay hindi isang banal na reyalidad na taliwas sa paggamit ng tao. Ang paggamit dito ng tao ay hindi kailanman mali, maliban na lamang kung ginagamit ito na taliwas sa kung ano ang kaniyang lugar at layunin sa kapaligiran o ecosystem.* Ang kalikasan ay kaloob ng Maylikha sa mga tao na dapat gamitin nang may katalinuhan at pananagutang moral. Dahil dito, hindi masamang baguhin ang kalikasan, ngunit kailangang isaalang-alang ang paggalang sa kaayusan at kagandahan nito. Gayundin, dapat ding isa-isip ang tunay na layunin o gamit ng bawat isang nilikha ng Diyos. Ang pagbabagong maaaring gawin ng tao sa kaniyang kapaligiran ay nararapat na may angkop na pagkamalikhain at responsibilidad, sapagkat ito mismo ang kaniyang tahanan.
6. *Ang politika ng kaunlaran ay nararapat na naaayon sa politika ng ekolohiya. Ang halaga at tunguhin ng bawat pagpapaunlad sa kapaligiran ay nararapat na bigyang-pansin at timbangin nang maayos.* Nakapaloob sa utos na ito na nararapat pagtuunan ng pansin o kaya ay isaalang-alang ng tao ang integridad at ritmo ng kalikasan sa bawat pagpapaunlad na gusto natin dito. Sa kadahilanan ang bawat likas na yamang nasa mundo ay limitado o may hangganan. Dapat ding isaalang-alang ang maaaring maganap kung anong halaga ang nakataya sa bawat pagbabagong gagawin sa kalikasan at mga likas na yaman nito. Ang kaayusan ng kalikasan ay kailangang isiping ganap sa pamamagitan ng pagbibigay halaga sa mga gawaing hindi magbubunga ng permanenteng pagkasira nito. Ang mga gagawin sa kalikasan ay nararapat na nakapaloob sa pangsosyal, pangkultural, at pangrelihiyosong layunin nito sa bawat komunidad ng tao. Sa ganitong paraan, isang kaaya-ayang balanse ang mararating sa pagitan ng paggamit at pagpapanatili ng mga likas na yaman.

Isang napapanahong halimbawa ng utos na ito ay ang pagtatayo ng isang hadlang o bakod sa mga hangganan ng Mexico at Amerika na magdudulot ng hindi magandang epekto sa ekolohiya ng tao; gayundin ng mga hayop sa mga bansang ito. Ang bakod o hadlang na ginagawa ay naglalayong maiwasan ang iligal na pagtawid ng mga Mehikano papunta sa Amerika. Kung ating susuriin, ang dahilan ng pagpapatayo ng bakod o hadlang ay pampolitika at hindi naman ekolohikal. Sa malalim na pagtingin, ang pagtatayo ng bakod o hadlang ay maituturing ding ekolohikal sa dahilang ang populasyon ng Amerika ay mananatiling maliit at madaling pamahalaan. Ngunit bukod pa rito, ang bakod ay pumipigil sa paggalaw ng mga hayop katulad ng Sonoran Pronghorn, isang *antelope-like mammal* na nanganganib nang maubos. Dahil sa epektong ito, maraming mga ekolohista at makakalikasan ang nagsasabing ang bakod na itinatayo ay may negatibong implikasyon, hindi lamang sa tao kundi sa mga hayop din.

7. *Ang pagtatapos o wakas ng pangmundong kahirapan ay may kaugnayan sa pangkalikasang tanong na dapat nating tandaan, na ang lahat ng likas na yaman sa mundo ay kailangang ibahagi sa bawat tao na may pagkakapantay-pantay.* Ang pagmamalasakit sa kalikasan ay nangangahulugan na ang bawat isa sa atin ay marapat na aktibong gumawa para sa pangkalahatang pag-unlad ng mga tao lalo na sa pinakamahihirap na rehiyon o bahagi ng mundo. Ang lahat ng nilikha ng Diyos lalo na iyong mga nagagamit ng tao ay nararapat na gamitin na may katalinuhan at kaalaman. Higit sa lahat, ang mga likas na yamang ito ng daigdig ay nararapat na ibahagi sa bawat isa sa paraang makatarungan at may pagmamahal. Sa ganitong paraan, ang lahat ng kaunlarang nararapat gawin ay hindi lamang para sa iilan, kundi para sa tunay na ikagagaling ng lahat ng tao at ng buong pagkatao nito.

8. *Ang karapatan sa isang malinis at maayos na kapaligiran ay kailangang protektahan sa pamamagitan ng pang-internasyonal na pagkakaisa at layunin.* Ang pagtutulungan o kolaborasyon ng bawat isang lahi sa pamamagitan ng pangmundong kasunduan na itinataguyod ng internasyonal na mga batas

Ang lahat ng tao ay mamamayan ng iisang mundo, sapagkat tayo ay nabubuhay lamang sa iisang kalikasang lalang ng Diyos para sa ating lahat.

ay mahalaga upang mapangalagaan ang kapaligiran. Ang pananagutan sa kalikasan ay kinakailangang ipatupad sa nararapat na paraan sa lebel na *juridicial*. Ang mga batas na ito at pagkakaunawaan ay nararapat na gabayan ng mga

pangangailangan sa kabutihang panlahat. Marapat lamang ito sapagkat sabi nga, *“nasa iisang bangka tayo.”* Ang lahat ng tao ay mamamayan ng iisang mundo, sapagkat nabubuhay sa iisang kalikasang lalang ng Diyos para sa ating lahat.

Halimbawa ng mga batas na ito na ipinatutupad sa buong mundo ay ang *Kyoto Protocol* na siyang pinakatanyag na batas pang-internasyonal para sa kalikasan. Ito ay naka-ugnay sa *United Nations Framework Convention on Climate Change* na naglalayong pababain ang pagpapalabas ng nakalalasang usok mula sa mga pabrika at sasakyan.

9. *Ang pangangalaga sa kapaligiran ay nangangailangan ng pagbabago sa uri ng pamumuhay (lifestyles) na nagpapakita ng moderasyon o katamtaman at pagkontrol sa sarili at ng iba. Ito ay nangangahulugang pagtalikod sa kaisipang konsyumerismo.* Ang uri ng pamumuhay ng bawat isang tao ay kinakailangang sang-ayon sa mga prinsipyo ng pagtitimpi, pag-aalay, at disiplina hindi lamang sa sarili kundi maging sa panlipunang lebel. Kinakailangang iwaksi ng bawat tao ang kaisipang konsyumerismo bagkus ay itaguyod ang mga paraan ng paglikha na nagbibigay-galang sa kaayusan ng mga nilikha gayundin naman magbibigay-kasiyahan sa batayang pangangailangan ng lahat. Ang pagbabagong ito ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng higit na kamalayan sa pagkakaugnay-ugnay na siyang nagbibigkis sa lahat ng mga mamamayan ng mundo.

Bilang mag-aaral, ano ang mga halimbawang maaari mong ibigay upang maipakita ang pagbabago sa uri ng iyong pamumuhay. Inuubos mo ba ang tubig na inilalagay mo sa baso? Nire-report mo ba ang *leaking faucet*? Pinapatay mo ba ang ilaw sa silid na walang gumagamit? Sinusulatan mo ba ang likod ng papel na puwede pang sulatan?

10. *Ang mga isyung pagkalikasan ay nangangailangan ng espiritwal na pagtugon bunga ng paniniwala na ang lahat na nilikha ng Diyos ay Kaniyang kaloob kung saan mayroon tayong responsibilidad.* Sa ganitong paraan ay magagamit na may pagmamahal. Ang ating pagtingin at saloobin para sa kalikasan ay nararapat na mag-ugat sa pasasalamat at paggalang sa Diyos na siyang lumikha at patuloy na sumusuporta rito. Ang pagtingin, pangangalaga, pagmamahal, at paggalang sa kalikasan ay nararapat na nakaugat sa pasasalamat sa Diyos na Siyang lumikha sa lahat ng ito. Kapag kinalimutan ng tao ang Diyos, ang kalikasan ay mawawalan ng kahulugan at mauwi sa kahirapan. Naunawaan mo ba ang sampung utos ng kalikasan?

Kapag kinalimutan ng tao ang Diyos, ang kalikasan ay mawawalan ng kahulugan at mauwi sa kahirapan.

Ano-ano ang natutuhan mo mula rito? Ano ang ipinapahayag nito sa iyo?  
 Anong konklusyon ang mabubuo mo mula sa mga ito?  
 Paano mo pangangangalagaan ang iyong kapaligiran at kalikasan? Ano ang mga kailangan mong isaalang alang upang mapangalagaan ang kalikasan?  
 Ano ang mga maaari mong gawin upang pangalagaan ang kalikasan?

Ang sumusunod ay mga karagdagang hakbang upang makatulong sa pagpapanumbalik at pagpapanatili sa kagandahan at kasaganaan ng mundo na ang maki-kinabang ay ang tao.

1. *Itapon ang basura sa tamang lugar.* Ang tamang pagtatapon ng basura ay malaking tulong upang maiwasan ang pagbaha. Sa kasalukuyan, kabi-kabila na ang mga programang nagsusulong ng mga programang nauukol dito, puwede kang maging kabahagi nito at kung daragdagan ng sipag at pagpupunyagi, ang basura na sana ay itatapon na ay puwede pang pagkakitaan.



2. *Pagsasabuhay ng 4R.* Maaaring makatulong ang isang tulad mo sa pamamagitan ng pag-iwas o hindi paggamit ng mga bagay na hindi makakalikasan (*reduce*), huwag itapon ang mga bagay na mapapakinabangan o magagamit pa (*re-use*), ang walang katapusang panawagan ng pagbabagong bihis ng mga bagay na nagamit



REDUCE REUSEABLE RECYCLE REPLACE

na at puwede pang gamitin sa ibang bagay (*recycle*) at ang paggamit ng mga bagay na hindi na kinakailangang kunin pa sa kalikasan. Halimbawa ang paggamit ng panyo kaysa sa tisyu, na alam naman natin na ang tisyu ay gawa mula sa hilaw na materyales mula sa kalikasan, partikular ang puno.

3. *Pagtanim ng mga puno.* Maaaring magorganisa ang isang tulad mo ng mga programa sa paaralan o maging sa baranggay ng isang programa ng pagtanim ng mga puno o maging ng mga gulay sa likod bahay. Maaaring makipag-ugnayan sa barangay o maging sa munisipalidad ukol dito. Kadalasan, ang mga lokal na pamahalaan ay may pondong nakalaan sa pamimigay ng mga libreng punla o mga buto na maaaring itanim sa bahay o sa iba pang mga lugar.



4. *Sundin ang batas at makipagtulungan sa mga tagapagpatupad nito.* Huwag ipagpilitang gawin ang mga bagay na labag sa batas at hindi nakatutulong sa pangangalaga at pagreserba ng kalikasan. Ang isang tulad mo ay may papel na isumbong at ipagbigay-alam sa may kapangyarihan ang mga gawaing hindi ayon sa batas, lalo na kung ang mga ito ay napapatungkol sa kalikasan.



5. *Mabuhay nang simple.* Malaki ang pagkakaiba ng mga salitang kailangan (*need*) at kagustuhan (*want*). Ang pagkakaroon ng buhay na simple o payak ay nangangahulugang pamumuhay na naaayon sa kung ano ang mga pangangailangan lamang. Kapag ang tao ay namumuhay ayon sa kaniyang mga kagustuhan higit itong nagiging kumplikado na humahantong sa paghahanap at pag-aabuso ng mga bagay-bagay. Ang malabis na pagkagusto halimbawa sa mga *junk foods* ay tunay na makaaapekto sa kalusugan. Kasabay nito ay ang pagsasawalang bahala sa mga *plastic* na ibinabalot dito. Dahil sa maraming mga kagustuhan, naging parang normal na sa tao ang pagtatapon sa kapaligiran.



Kung ang mundo ay itinuturing nating ina, ano ang gagawin mo sa kaniya? Sasaktan mo ba siya? Sisirain mo ba ang kaniyang pagkatao? Puputulin mo ba ang kaniyang mga kamay at paa? Aalipustahin mo ba siya sa pamamagitan ng kawalang paggalang sa kaniya?



Kung nakasalalay ang buhay natin sa ating ina na siyang nagluwal sa atin, gayundin naman nakasalalay sa mundong ginagalawan natin ang patuloy nating pagkabuhay bilang tao. Kung ang mundo na tinatawang nating “Mother Earth” ay ating ina, igagalang din natin ito. Hindi natin ito pagsasamatalahan. Lahat ng bagay sa mundong ito ay ating kapatid. At kung ang mga ito ay ating kapatid, iingatn at aalagaan natin ang mga ito. At dahil magkakaugnay ang ating buhay, igagalang at aalagaan natin ang ugnayang ito. Ang anumang makasasama sa mga ito ay makakasama rin sa atin. Magiging iba ang buhay kapag nawala ang isa sa mga ito.

Maisasabuhay natin ito kung ang bawat gawain sa kapaligiran ay ibabalanse. Gamitin nang wasto ang yaman ng kalikasan dahil lahat ng ito ay may limitasyon at hangganan. Alagaan ang mga hayop, magtanim ng maraming puno, tumupad sa mga batas na naaayon sa kapaligiran, at mabuhay nang simple. Tao ang nagdurumi, tao rin ang lilinis; dahil sa huli, tao pa rin ang tatamaan o makikinabang nito. Kabahagi ka sa pagsasabuhay ng mithiing ito.

Gayundin naman, sa pagmamahal at pangangalaga sa kalikasan, nararapat nating tandaan na malaya nating magagamit ang mga ito sapagkat kaloob ito sa atin ng Diyos. Ngunit sa paggamit natin ng kalikasan, dapat din nating tingnan kung ito ba ay ginagamit nang tama o mabuti. Mayroon bang maaapektuhan sa paggamit natin ng kalikasan? Mabuti ba ang paggamit na ating isinasagawa? Ibinabahagi ba natin sa iba ang mga benipisyong nakukuha natin sa kalikasan? Paano naman ang ibang tao na umaasa rin sa tulong na nagmumula rito? Sa paggamit ng kalikasan, tayong mga tao na nasa modernong panahon ang magbibigay nang napakalaking epekto sa pamumuhay ng mga tao sa susunod na henerasyon. Dahil dito, kung kaya’t nagkakaroon tayo ng obligasyong pangalagaan ang kapaligiran para sa mga tao ng susunod na henerasyon. Sabi nga ni Santo Papa Benedicto, *ang planetang hindi mo isinalba ay ang mundong hindi mo na matitirahan*. Kung kaya’t sa maliit na paraan, gawin natin ang maaari nating magawa upang pangalagaan at mailigtas ang ating kalikasan, ang ating mundo.

*The planet you do not save is the earth you will not live upon.*

**-Pope Benedict XVI**

## Tayahin ang Iyong Pag-unawa

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano-anong mga kaalaman ang nahinuha mo sa sanaysay na binasa? Isa-isahin at ipaliwanag ang mga ito.
2. Bakit mahalagang isabuhay ang pangangalaga sa kalikasan? Ipaliwanag.
3. May kakayahan ka bang isabuhay ito? Patunayan.
4. Makatutulong ba ang kaalamang iyong binasa sa pagkakamit ng kabutihang panlahat? Ipaliwanag.
5. Ano-anong maling pangangatwiran ang makahahadlang sa pagsasabuhay ng Sampung utos para sa kalikasan?

## Paghinuha ng Batayang Konsepto

*Panuto:* Ano-anong mahalagang konsepto ang nahinuha mo mula sa nagdaang gawain at babasahin? Gamit ang konseptong iyong natutuhan, ipaliwanag ang mensahe ng larawang nakikita mo sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



**SAVE  
MOTHER EARTH**

Blank lined area for writing the answer to the concept question.

## Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



## E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

### Pagganap

#### Gawain 5: Tree Planting/Eco-Walk

*Panuto:* Makipag-ugnayan sa inyong baranggay para sa pagsasagawa ng Tree Planting at *Eco-Walk* na gagawin ng inyong klase para sa lugar na pagtataniman at mga punla ng kahoy na inyong itanim. Gayundin, ipa-*schedule* ito sa baranggay at ang gagawin ninyong *Eco-walk*. Magbigay ng paalaala na ang lahat ay kinakailangang sumali sa gawaing ito.

#### Gawain 6

*Panuto:* Obserbahan ang inyong pamayanan kung ito ba ay nakikitaan ng mga hakbang sa pangangalaga ng kalikasan. Itala ang mga nakita sa ginawang pag-oobserba. Isangguni sa iyong guro kung paano ito ipaparating sa iyong lokal na pinuno upang mabigyan ng pansin.

### Pagninilay

#### Gawain 7 A

*Panuto:* Gamit ang isang maikling *bond paper*, iguhit at ipaliwanag ang sagot sa tanong na: Paano mo patitibayin ang ugnayan mo sa Inang Kalikasan?

#### Gawain 7 B

*Panuto:* Suriin ang sitwasyon sa ibaba (*Moral Dilemma*)

#### **Pag-unlad o kawalang dangal (*degradation*)**

Sa bundok ka nakatira. Mahirap ang inyong pamayanan at karamihan ay walang hanap-buhay. Isang *developer* ang dumating at nagsabing pauunlarin niya ang inyong lugar sa pamamagitan ng pagtatayo rito ng isang establisyementong komersiyal na maaaring dayuhin ng mga taong galing sa iba't ibang lugar. Ang pagsasagawa ng proyektong nabanggit ay magiging daan upang magkaroon ng hanapbuhay ang mga tao. Subalit, ito rin ay nangangahulugang pagputol ng mga punongkahoy na nasa pagtatayuan mismo ng nasabing establisyemento. Ano ang pipiliin mo?

## Gawain 8

*Panuto:* Pagnilayan ang sumusunod at isulat sa iyong dyornal ang naging reyalisasyon o pag-unawa:

- Ako'y mapalad sa biyayang kaloob ng kalikasan.
- Ang aking buhay ay karugtong ng inang kalikasan.
- Paano ko pananatilihin ang magandang ugnayang sa kalikasan?

## Pagsasabuhay

### Gawain 9

*Panuto:* Gumawa ng simpleng obserbasyon sa inyong pamayanan kung ito ba ay kakikitaan ng mga hakbang sa pangangalaga ng kalikasan. Makipag-ugnayan sa iyong guro at sa iyong mga lokal na pinuno upang ito ay maisagawa at tuluyang makatulong sa pangangalaga sa kalikasan. Maaaring gawing gabay ang pamamaraang LAPPIS.

<b>L</b> ayunin	Ang iyong layunin ay maiparating sa iyong lokal na pinuno ang mga obserbasyon na iyong ginawa at ipaalam ang hakbang na maaaring isagawa sa pamamagitan ng plano ng pagkilos ( <i>action plan</i> ) na ipipresenta.
<b>A</b> ktuwal na gampanin	Ang papel na gagampanan upang maging matagumpay ang programang pangkalikasan ng baranggay.
<b>P</b> aglingkuran	Ang plano ng pagkilos ay ipipresenta sa mga lokal na pinuno: Ang kapitan ng baranggay, ang mga kagawad at mga bantay bayan.
<b>P</b> amantayan at kraytirya	Na ang proyektong gagawin ay ayon sa mga problemang pangkalikasan na kinakaharap ng barangay gaya ng a. Pagtatapon ng basura sa ilog, b. Ang dahilan ng pagbaha ng mga pangunahing kalsada ng baranggay, c. at iba pa.
<b>I</b> naasahang pagganap	Ang proyektong gagawin ay makikinabang ang mga mamamayan ng baranggay, ang tagapamahala at ang mga karatig baranggay.
<b>S</b> itwasyon	Ang gagawing sukatan ng tagumpay ng programa ay base sa kung ano ang problema, ang mga hakbang na gagawin, ang magiging katuwang, gugugulin, at ang magiging kalalabasan nito.

**Mga kakailangang kagamitan (websites, software, mga aklat, worksheet)**

**Mga Sanggunian:**

Armstrong, Karen. (1996). *In the Beginning: A New Interpretation of Genesis*. The Random House Publishing Group, USA. pp. 9-23.

Dupre, Ben (2013). *50 Ethics Ideas You Really Need to Know*. China

Goddard, Andrew (2006). *A Pocket Guide to Ethical Issues*. Malta

Koenig- Bricker, Woodene. (2009). *Ten Commandments for the Environment*. Pasay City. Paulines Publishing House

Krier Mich, Marvin L.. (2012). *The Challenge of Spirituality of Catholic Social Teaching*, Quezon City. Claretian Publication

Singer, Peter (1993). *Practical Ethics Second Edition*. United States of America: Cambridge University Press

Terbush, Jon . (2013). *4 shocking findings from the U.N's latest climate change report* Spoiler: It's real, and it's our fault. Retrieved from <http://theweek.com/article/index/248472/4-shocking-findings-from-the-uns-latest-climate-change-report/August 18, 2014>

**Mula sa Internet:**

<https://ph.images.search.yahoo.com/images/>

<http://www.youtube.com/watch?v=b6357-fsc3g>

## MODYUL 12: ESPIRITWALIDAD AT PANANAMPALATAYA



### A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Naitanong mo na ba sa iyong sarili kung bakit kailangang mahalín ang kapuwa? Ang pagmamahal na ito ang susi ng pagpapalalim ng tao ng kaniyang pagmamahal at pananampalataya sa Diyos. Ikaw, paano mo minamahal ang iyong kapuwa? Paano ka nagbibigay ng iyong sarili upang paglingkuran sila? Mga ilang katanungan na maaari mong pagnilayan habang dumaraan ka sa bahagi ng modyul na ito.

Layunin ng modyul na ito na magabayan ka na maunawaan na bilang pinaka-espesyal na nilalang, tayo ay dapat tumugon sa panawagan ng Diyos na mahalín natin ang lahat ng Kaniyang nilikha lalo't higit ang ating kapuwa. Sa pamamagitan nito, naipahahayag natin ang ating tunay na pananampalataya na nagpapalalim ng ating espiritwalidad at mula rito ay masasagot mo ang Mahalagang Tanong na: **Bakit mahalaga ang pagpapatibay ng espiritwalidad at pananampalataya sa pagkakaroon ng relasyon ng tao sa Diyos?**

Handa ka na ba? Tayo na! Sasamahan kita sa pagtuklas kung nasaan na ang iyong espiritwalidad at pananampalataya.

**Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:**

- 12.1 Natutukoy ang mga katangian ng tao bilang espiritwal na nilalang
- 12.2 Nasusuri ang ugnayan sa Diyos
- 12.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
- 12.4 Nakagagawa ng angkop na kilos upang mapaunlad ang sariling pananampalataya at espiritwalidad

**Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa Kakayahang Pampagkatuto 12.4:**

- a. Nakagawa ng *personal daily log* at nakaisip ng sariling pamagat nito na may kinalaman sa pagpapaunlad ng pananampalataya at espiritwalidad.
- b. Nakapagtala ng mga mabubuting gawain sa Diyos at kapuwa.
- c. Nakapagpakita ng mga patunay.



## Paunang Pagtataya

*Panuto:* Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ito ay ang personal na ugnayan ng tao sa Diyos. Isa itong malayang desisyon na malaman at tanggapin ang katotohanan sa pagkatao.
  - a. Espiritwalidad
  - b. Pananampalataya
  - c. Panalangin
  - d. Pag-ibig
2. Ang pagsasabuhay ng pananampalataya ng mga Muslim ay nakabatay sa Limang Haligi ng Islam. Ang sumusunod ay sakop nito *maliban* sa:
  - a. Pagdarasal
  - b. Pag-aayuno
  - c. Pagninilay
  - d. Pagsamba
3. Ang sumusunod ay mahahalagang aral ng pananampalatayang Kristiyanismo *maliban* sa:
  - a. Magmahalan at maging mapagpatawad sa bawat isa.
  - b. Ang Diyos ay nasa ating lahat sa bawat pagkakataon ng ating buhay.
  - c. Pagpapabuti sa pagkatao sa pamamagitan ng pag-iwas sa materyal na bagay.
  - d. Tanggapin ang kalooban ng Diyos na may kagaanan at likas na pagsunod.
4. Alin sa sumusunod ang nagsasabi ng tunay na diwa ng espiritwalidad?
  - a. Ang palagiang pag-aaral at pagbabasa ng salita ng Diyos.
  - b. Ang pagiging maawain at matulungin sa pangangailangan ng kapuwa.
  - c. Ang pananatili ng ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin sa araw-araw.
  - d. Ang pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapuwa at pagtugon sa tawag ng Diyos.
5. Sinasabi sa Hebreo 11:1 na “Ang pananampalataya ang siyang kapanatagan sa mga bagay na inaasam, ang kasiguruhan sa mga bagay na hindi nakikita.” Alin sa sumusunod na pahayag ang tama ukol dito?
  - a. Nagiging panatag ang tao dahil iniibig siya ng Diyos.
  - b. Nagiging panatag ang tao dahil siya ay naniniwala at nagtitiwala sa Diyos.
  - c. Nagiging panatag ang tao dahil siya ay umaasa sa pagmamahal ng Diyos.
  - d. Nagiging panatag ang tao dahil alam niya na hindi siya pababayaang ng Diyos.

6. “Ang nagsasabi na iniibig ko ang Diyos, subalit napopoot naman sa kaniyang kapatid ay sinungaling.” Ang pahayag ay \_\_\_\_\_.
  - a. Tama, dahil dapat mahalín ang kapuwa.
  - b. Mali, dahil maipakikita ang pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng pagdarasal at pagsisisimba.
  - c. Mali, dahil ang pagmamahal sa Diyos ay maipakikita sa mabuting ugnayan sa Kaniya.
  - d. Tama, dahil maipakikita lamang ang tunay na pagmamahal sa Diyos kung minamahal din ang kapuwa.
  
7. Bakit mahalaga sa buhay ng tao ang panahon ng pananahimik o pagninilay?
  - a. Upang malaman ng tao ang mensahe ng Diyos sa kaniyang buhay.
  - b. Upang lumawak ang kaniyang kaalaman at magsabuhay ng aral ng Diyos.
  - c. Upang lumalim ang kaniyang pakikipag-ugnayan sa Diyos.
  - d. Upang lalong makilala ng tao ang Diyos at maibahagi ang Kaniyang mga Salita.
  
8. Araw-araw ay nagsisimba si Aling Cora at hindi nakalilimot na magdasal. Siya rin ay nagbabasa ng Bibliya bago matulog sa gabi. Kahit ganito, malupit si Aling Cora sa kaniyang kasambahay. Pinarurusahan niya ito kapag sila ay nagkakamali. Nagsasabuhay ba si Aling Cora ng kaniyang pananampalataya?
  - a. Oo, dahil ginagawa naman niya ang kaniyang tungkulin sa Diyos.
  - b. Oo, dahil ang kaniyang pagsisimba, pagdarasal, at pagbabasa ng Bibliya ay ikinalulugod ng Diyos.
  - c. Hindi, dahil siya ay nagpaparusa sa kaniyang kasambahay.
  - d. Hindi, dahil nababalewala ang kaniyang ugnayan sa Diyos kung hindi maganda ang ugnayan niya sa kaniyang kapuwa.
  
9. Alin sa sumusunod ang naglalarawan ng aral ng Budismo?
  - a. Pag-aayuno.
  - b. Pagmamahal at pagpapatawad sa isa’t isa.
  - c. Pagdarasal ng limang beses sa isang araw.
  - d. Pagpapahalaga sa kabutihang panloob at mataas na antas ng moralidad.
  
10. Ang sumusunod ay naglalarawan ng buhay na pananampalataya *maliban* sa:
  - a. Kumikilala at nagmamahal sa Diyos.
  - b. Naglilingkod at palagiang nananalangin sa Diyos.
  - c. Nagmamahal at tumutulong sa kapuwa.
  - d. Nagmamahal sa Diyos at nagmamahal sa kapuwa.






## B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

### Gawain 1

*Panuto:*

1. Isulat sa loob ng kahon ang iyong mga katangian bilang tao ayon sa sumusunod na aspekto (pangkatawan, panlipunan, pangkaisipan, emosyonal, at espiritwal).
2. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.



Pangkaisipan

Panlipunan

Pangkatawan

Emosyonal

Espiritwal


Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang masasabi mo sa iyong mga katangian sa mga aspektong nabanggit?
2. Ano-ano ang iyong isinulat sa aspektong espirituwal? Ipaliwanag.
3. Sa iyong palagay, alin sa mga aspektong iyan ang pinakamahalaga? Bakit?

## Gawain 2

*Panuto:*

1. Isulat sa loob ng bilog ang iyong pakahulugan sa salitang espiritwalidad. Gawin ito sa kuwaderno.
2. Matapos gawin ay ibahagi ang iyong sagot sa katabi.



Sagutin ang mga tanong:

1. Sa iyong palagay, mahalaga ba na malaman ng tao ang kaniyang espiritwalidad? Patunayan.
2. Ano ang magandang dulot nito sa tao? Ipaliwanag.
3. Paano makatutulong ito sa pagpapaunlad ng pananampalataya?



### **C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA**

## Gawain 3

*Panuto:*

1. Sagutan ito na may katapatan.
2. Lagyan ng tsek ang iyong sagot sa bawat kolum at bigyan ng paliwanag ang sagot sa huling hanay ng kolum.

3. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

	Palaging ginagawa	Paminsan- minsang ginagawa	Hindi ginagawa	Paliwanag
1. Pagdarasal bago at pagkatapos kumain.				
2. Pagdarasal bago matulog at pagkagising sa umaga.				
3. Pagbabasa ng Bibliya/ Pag-aaral ng Salita ng Diyos.				
4. Pagsisimba/ Pagsamba.				
5. Pagtulong sa kapuwa na nangangailangan.				
6. Pananahimik o personal na pagninilay.				

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang iyong natuklasan sa iyong sarili matapos mong magawa ang gawain?
2. Naging masaya ka ba sa nakita mo mula sa iyong mga sagot? Bakit?
3. Ano ang masasabi mo sa iyong ugnayan sa Diyos? Ipaliwanag.

#### Gawain 4

*Panuto*

1. Humanap ng lima hanggang anim na kamag-aral upang makabuo ng isang pangkat.
2. Muling balikan ang inyong mga naging sagot sa mga tanong sa Gawain 3.
3. Gumawa ng isang malikhaing presentasyon kung paano ninyo maipakikita ang inyong ugnayan sa Diyos.
4. Sagutin ang mga tanong:
  - a. Ano ang napansin mo sa bawat presentasyon? Isa-isahin.
  - b. Ano ang dapat gawin upang maipakita ang mabuting ugnayan sa Diyos? Ipaliwanag.
  - c. Paano mo maisasabuhay ang iyong pakikipag-ugnayan sa Diyos? Ipaliwanag.

Upang higit kang matulungan kung paano mapalalim ang iyong ugnayan sa Diyos at kapuwa. Tayo na! Sasamahan kita upang higit mong maunawaan ang babasahin.



## D. PAGPAPALALIM

### Ugnayan sa Diyos at pagmamahal sa kapuwa


Naranasan mo na bang magmahal? Kung naranasan mo na ito, ano ang iyong naging pakiramdam? Naging masaya ka ba o kakaiba ang iyong pakiramdam? Tila hindi mo napapansin ang paglipas ng oras sapagkat doon umiikot ang iyong mundo. Sa pagmamahal, binubuo ang isang maganda at malalim na ugnayan sa taong iyong minamahal. Sa ugnayang ito, nagkakaroon ng pagkakataon ang dalawang tao na magkausap, magkita, at magkakilala. Ito ay nagsisimula sa simpleng palitan ng usapan at maaaring lumalim kung patuloy ang kanilang ugnayan. Mas nagiging maganda at makabuluhan ang ugnayan kung may kasama itong pagmamahal.

Ngayon ay inaanyayahan kitang tumigil sandali at tanungin ang iyong sarili: Paano ka nakikipag-ugnayan sa mga taong nakapaligid sa iyo o sa iyong kapuwa?

Mula sa pagmamahal ay nagbabahagi ang tao ng kaniyang sarili sa iba. Naipakikita niya ang kaniyang pagiging kapuwa. Sa oras na magawa ito ng tao, masasalamin sa kaniya ang pagmamahal niya sa Diyos dahil naibabahagi niya ang kaniyang buong pagkatao, talino, yaman, at oras nang buong-buo at walang pasubali. Ito ang makapagbibigay ng kahulugan sa kaniyang buhay. Ito rin ang makasasagot ng dahilan ng kaniyang pag-iral sa mundong ito.

### Paghahanap ng kahulugan ng buhay

Naitanong mo na ba sa iyong sarili ang kahulugan ng buhay para sa iyo? Ang buhay ay maituturing na isang paglalakbay. Sa paglalakbay na ito ay kailangan ng tao ang makakasama upang maging magaan ang kaniyang paglalakbay. *Una*, paglalakbay kasama ang kapuwa at *ikalawa*, paglalakbay kasama ang Diyos. Ngunit tandaan, hindi sa lahat ng oras ay magiging banayad ang paglalakbay, maaaring maraming beses na madapa, maligaw, mahirapan, o masaktan; ngunit ang mahalaga ay huwag bibitiw o lalayo sa iyong mga kasama. Anumang hirap o balakid ang maranasan sa daan, mahalagang harapin ito na may determinasyon na marating ang pupuntahan.



Tanong:  
Ikaw ba ay naggagala o naglalakbay sa iyong buhay?

Hindi maaaring paghiwalayin ang paglalakbay kasama ang kapuwa at ang paglalakbay kasama ang Diyos dahil makikita ng tao sa mga ito ang kahulugan ng kaniyang buhay. Sa kaniyang patuloy na paglalakbay sa mundong ito, siguradong matatagpuan niya ang kaniyang hinahanap. Kung siya ay patuloy na maniniwala at magbubukas ng puso at isip sa katotohanan ay may dahilan kung bakit siya umiiral sa mundo. Dapat palaging tandaan na ang bawat isa ay may personal na misyon sa buhay.

“Ang pananampalataya ang siyang kapanatagan sa mga bagay na inaasam, ang kasiguruhan sa mga bagay na hindi nakikita.”

(Hebreo 11:1)

Tanong:

Ikaw, alam mo ba ang dahilan ng iyong pag-iral sa mundo?

May magandang plano ang Diyos sa tao. Nais ng Diyos na maranasan ng tao ang kahulugan at kabuluhan ng buhay, ang mabuhay nang maligaya at maginhawa. Ngunit kailangan na maging malinaw sa kaniya na hindi ang mga bagay na materyal tulad ng *cellphone*, *gadgets*, *laptop*, *mamahaling kotse*, *malaking bahay*, at iba pa, ang makapagbibigay ng tunay na kaligayahan at kaginhawahan, kundi, ang paghahanap sa Diyos na Siyang pinagmumulan ng lahat ng biyaya at pagpapala. Kaya’t sa paglalakbay ng tao, mahalagang malinaw sa kaniya ang tamang pupuntahan. Ito ay walang iba kundi ang Diyos – ang pinakamabuti at pinakamahalaga sa lahat.

### **Espiritwalidad at Pananampalataya: Daan sa pakikipag-ugnayan sa Diyos at Kapuwa**

Ang tao ang pinaka-espesyal sa lahat ng nilikha dahil hindi lamang katawan ang ibinigay sa kaniya ng Diyos kundi pinagkalooban din siya ng espiritu na nagpapabukod-tangi at nagpapakawangis sa kaniya sa Diyos. Ngunit ang *nagpapakatao sa tao* ay ang kaniyang espiritu na kinaroroonan ng persona. Ang persona, ayon kay Scheler ay, “ang

Ang tunay na diwa ng espiritwalidad ay ang pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapuwa at ang pagtugon sa tawag ng Diyos.

pagka-ako” ng bawat tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya. Kaya’t ang espiritwalidad ng tao ay galing sa kaniyang pagkatao. Ito ay lalong lumalalim kung isinasabuhay niya ang kaniyang pagiging kalarawan ng Diyos at kung paano niya minamahal ang kanyang kapuwa. Kaya’t ang tunay na diwa ng espiritwalidad ay ang pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapuwa at ang pagtugon sa tawag ng Diyos na may kasamang kapayapaan at kapanatagan sa kalooban.

Ang espiritwalidad ay nagkakaroon ng diwa kung ang espiritu ng tao ay sumasalamin sa kaibuturan ng kaniyang buhay kasama - ang kaniyang kilos, damdamin, at kaisipan. Kaya’t anuman ang relihiyon ng isang tao, ang espiritwalidad ang pinakarurok na

punto kung saan niya nakakatagpo ang Diyos.

Ang tao ay naghahanap ng kahulugan ng kaniyang buhay. Mula sa kaniyang pagtatanong kung bakit siya umiiral. Sa harap ng mga pagsubok o problema na kaniyang pinagdaraan, marahil nagtatanong ang tao kung may Diyos bang makapagbibigay ng kasagutan sa kaniyang mga pagtatanong. Dito kailangan niya ang pananampalataya. Ang *pananampalataya* ay ang personal na ugnayan ng tao sa Diyos. Isa itong malayang pasiya na alamin at tanggapin ang katotohanan ng presensiya ng Diyos sa kaniyang buhay at sa pagkatao niya. Isa itong biyaya na maaaring Malaya niyang tanggapin o tanggihan. Sa pananampalataya, naniniwala at umaasa ang tao sa mga bagay na hindi nakikita. Sa aklat ng Hebreo sinasabi na, “Ang pananampalataya ang siyang kapanatagan sa mga bagay na inaasam, ang kasiguruhan sa mga bagay na hindi nakikita.” (Hebreo 11:1) Ibig sabihin, nagiging panatag ang tao dahil siya ay naniniwala at nagtitiwala sa Diyos kahit pa hindi niya ito nakikita at mula rito, nararanasan niya ang kapanatagan, ang tunay na kaginhawahan at kaligayahan.

Ngayon ay inaanyayahan kita na pagnilayan ang isang awit na may pamagat na “I believe,” ni Tom Jones:

I believe for every drop of rain that falls  
A flower grows  
I believe that somewhere in the darkest night  
A candle glows  
I believe for everyone that goes astray  
Someone will come to show the way  
I believe  
I believe


I believe above the storm the smallest prayer  
Will still be heard  
I believe that Someone in the great somewhere  
Hears every word  
Every time I hear a newborn baby cry  
Or touch a leaf  
Or see the sky  
Then I know why I believe

Source : [www.azlyrics.com/lyrics/tomjones/ibelieve.html](http://www.azlyrics.com/lyrics/tomjones/ibelieve.html)

Tanong:  
Ano ang mensahe ng awit para sa iyo?

Sa awit ipinapahayag ang paniniwala at pagtitiwala ng tao sa Diyos kahit hindi pa Siya nakikita.

Sa pananampalataya, itinatalaga ng tao ang kaniyang paniniwala at pagtitiwala sa Diyos. Inaamin niya ang kaniyang limitasyon at kahinaan dahil naniniwala siyang anuman ang kulang sa kaniya ay pupunuan ng Diyos. Ang pananampalataya, tulad ng pagmamahal ay dapat ipakita sa gawa. Ito ay ang pagsasabuhay ng tao sa kaniyang pinaniniwalaan.



Kung kaya't, ang pananampalataya ay hindi maaaring lumago kung hindi isinasabuhay para sa kapakanan ng kapuwa. Naipapahayag ng tao ang kaniyang pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng aktuwal na pagsasabuhay nito. Wika nga ni Apostol Santiago sa Bagong Tipan, "*Ang pananampalatayang walang kalakip na gawa ay patay*" (Santiago 2:20). Ibig sabihin, ang mabuting kilos at gawa ng tao ang siyang matibay na nagpapakita ng kaniyang pananampalataya.

Ikaw, kumusta naman ang iyong pananampalataya?  
Ito ba ay pananampalatayang buhay? Sa paanong paraan?

Naririto ang isang sitwasyon na maaari mong pagnilayan at bigyan ng angkop na pagpapasiya.

Si Vicky ay isang pinuno ng isang samahan sa kanilang simbahan. Bilang isang pinuno ay nagsagawa siya ng isang *recollection* o pagninilay para sa kaniyang mga kasama. Ito ay matagal na niyang pinaghandaan at marami siyang tiniis na hirap ng kalooban mula sa kaniyang mga kasama dahil maraming tumututol dito. Bago dumating ang araw ng *recollection* ay sinabi niya sa kaniyang mga kasama na hindi maaaring hindi sila dumalo sa gawaing ito dahil hindi na sila maaaring magpanibago o magrenew sa kanilang tungkulin. Ito ay napagkasunduan ng lahat. Kinagabihan bago idaos ang *recollection* ay naisugod ang kaniyang asawa sa ospital dahil sa kaniyang sakit. Walang ibang maaaring magbantay sa kaniyang asawa maliban sa kaniya dahil ang mga anak niya ay nasa ibang bansa. Ngunit may mahalaga siyang tungkulin na dapat gawin sa simbahan. Siya ang pinuno at nasa kaniya ang malaking responsibilidad para sa gawaing iyon.

Tanong: Kung ikaw si Vicky ano ang iyong gagawin at bakit?

Naipahahayag ang pananampalataya ng tao kahit ano pa man ang kaniyang relihiyon - maging *Kristiyanismo, Islam, Buddhismo* o iba pa. Naririto ang iba't-ibang uri ng relihiyon.

*Pananampalatayang Kristiyanismo.* Itinuturo nito ang buhay na halimbawa ng pag-asa, pag-ibig, at paniniwalang ipinakita ni Hesukristo. Ang ilan sa mga mahalagang aral nito ay ang sumusunod:

- a. Ang Diyos ay nasa ating lahat sa bawat pagkakataon ng ating buhay. Nangangahulugang kasama ng tao ang Diyos sa bawat sandali ng kaniyang buhay.
- b. Tanggapin ang kalooban ng Diyos na may kagaanan at likas na pagsunod. Ang pagtanggap na ito ay nagmula sa pagkakaroon ng tiwala sa Diyos sa bawat oras at pagkakataon. Laging humingi ng pagpapala sa Diyos upang makagawa ng kabutihan.
- c. Magmahalan at maging mapagpatawad sa bawat isa. Maging mapagpakumbaba at ialay ang sarili sa pagtulong sa kapuwa.

*Pananampalatayang Islam.* Ito ay itinatag ni Mohammed, isang Arabo. Ang mga banal na aral ng Islam ay matatagpuan sa *Koran*, ang Banal na Kasulatan ng mga Muslim. Sa bawat Muslim, ang kaniyang pananampalataya ay aktibo sa lahat ng araw at panahon ng kaniyang buhay habang nabubuhay siya. Ito ay dahil sa **Limang Haligi ng Islam**, na dapat na isakatuparan. Dahil dito, ang Muslim ay laging buhay ang pananampalataya upang maisakatuparan ang limang haliging ito. Ito ay ang sumusunod:

1. *Ang Shahadatain* (Ang Pagpapahayag ng Tunay na Pagsamba). Ayon sa mga Muslim, walang ibang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah at kay Mohammed na Kaniyang Sugo. Ito ay nangangahulugan ng pagsamba sa lisang Diyos at di pagbibigay o pagsasama sa Kaniyang kaisahan.
2. *Ang Salah* (Pagdarasal). Sa Islam, ang pamumuhay ay isang balanseng bagay na pangkatawan at pang-espirtwal. May limang takdang pagdarasal sila sa araw-araw. Ito ay paraan upang malayo sila sa tukso at kasalanan.
3. *Ang Sawm* (Pag-aayuno). Ito ay obligasyon ng bawat Muslim na may sapat na gulang at kalusugan ng katawan tuwing buwan ng Ramadhan. Ang pag-aayuno para sa kanila ay isang bagay na pagdisiplina sa sarili upang mapaglaban ang tukso na maaaring dumating sa buhay.
4. *Ang Zakah* (Itinakdang Taunang Kawanggawa). Ang Zakah ay hindi lamang boluntaryong pagbibigay sa mga nangangailangan kundi isang obligasyong itinakda ni Allah. Ito ay hindi lamang naglalayon ng pagtulong sa kapuwa kundi paglilinis sa mga kinita o kabuhayan upang ibahagi sa kanilang kapuwa Muslim.
5. *Ang Hajj* (Pagdalaw sa Meca). Ang bawat Muslim, lalaki at babae, na may sapat na



gulang, mabuting kalusugan at kakayahang gumugol sa paglalakbay ay nararapat na dumalaw sa banal na lugar ng Meca, ang sentro ng Islam sa buong mundo.

*Pananampalatayang Buddhismo.* Ayon sa Buddhismo, ang paghihirap ng tao ay nag-uugat sa kaniyang pagnanasa. Ang pagnanasa ay nagbubunga ng kasakiman, matinding galit sa kapuwa, at labis na pagpapahalaga sa materyal na bagay. Ito ang nakatuon sa aral ni Sidhartha Gautama o ang *Budha*, na isang dakilang mangangaral ang mga Buddhismo. Si Gautama ay kinikilala ng mga Budhista na isang naliwanagan. May apat na katotohanan na naliwanagan kay Sidharta Gautama, ang Budha (ibig sabihin “The Enlightened One”): 1. Ang buhay ay *dukha* (kahirapan, pagdurusa). 2. Ang kahirapan ay bunga ng pagnanasa (‘taha’). 3. Ang pagnanasa ay malulunasan. 4. Ang lunas ay nasa walong landas (*8 Fold Path*) – tamang pananaw, tamang intensiyon, tamang pananalita, tamang kilos, tamang kabuhayan, tamang pagsisikap, tamang kaisipan, tamang atensiyon. Siya ay nagbahagi ng kaniyang kabatiran upang tumulong sa mga may kamalayang nilalang na wakasan ang pagdurusa sa pamamagitan ng pagtatanggal ng kamangmangan, sa pamamagitan ng pag-unawa at pagkita sa nakasalalay na pinagmulan at pag-aalis ng pagnanasa upang makamit ang pinakamataas na kaligayahan, ang *nirvana*. Ang pagkamit ng pinakamataas na kaligayahan ang nagbibigay kahulugan sa kanilang buhay. Binibigyan nila ng pagpapahalaga ang kabutihang panloob at mataas na antas ng moralidad.

Pinapabuti rin nila ang kanilang pagkatao sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga materyal na bagay.

Tanong:

1. Ano ang napansin mo sa pananampalataya ng tatlong relihiyon na nabanggit?
2. Mayroon ba silang pagkakatulad? Pangatwiran.

Sa tatlong relihiyon na nabanggit, iisa lamang ang makikita at ipinapahayag at ito ay ang sinasabi sa Gintong Aral (*Golden Rule*): “Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin nila sa iyo”. Ibig sabihin: Anuman ang gawin mo sa iyong kapuwa, ginagawa mo sa iyong sarili. Naipapahayag ang pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng relihiyon. Maaaring iba’t iba ang relihiyon at ang pamamaraan ng pagsasabuhay ng pananampalataya, mahalagang igalang ang mga ito. Magkakaiba man ang turo o aral ng bawat isa, ang mahalaga ay nagkakaisa sa iisang layuning magkaroon nang malalim na ugnayan ang tao sa Diyos at kapuwa.

Anuman  
ang gawin  
mo sa iyong  
kapuwa,  
ginagawa  
mo sa iyong  
sarili.

Ang pananampalataya ay dapat ding alagaan upang mapanatili ang ningas nito. Katulad ng dalawang tao na nagmamahalan, kailangang alagaan nila ang kanilang ugnayan upang mapanatili ito. Naririto ang ilan sa mga dapat gawin upang mapangalagaan ang ugnayan ng tao sa Diyos.




1. *Panalangin* – Ito ay paraan ng pakikipag-ugnayan ng tao sa Diyos. Sa panalangin, ang tao ay nakapagbibigay ng papuri, pasasalamat, paghingi ng tawad, at paghiling sa Kaniya. Kung hindi natutupad ang hinihiling sa panalangin, huwag agad panghinaan ng pananampalataya dahil may dahilan ang Diyos kung bakit hindi Niya ibinibigay ito sa tao. Maaaring hindi pa ito dapat mangyari, o di kaya’y maaaring makasama ito sa taong humihiling.

2. *Panahon ng Pananahimik o Pagninilay* – Sa buhay ng tao, napakahalaga ang pananahimik. Ito ay makatutulong upang ang tao ay makapag-isip at makapagnilay. Mula rito mauunawaan ng tao ang tunay na mensahe ng Diyos sa kaniyang buhay. Makatutulong ito upang malaman ng tao kung ano ang ginagawa niya sa kaniyang paglalakbay, kung saan siya patutungo.



3. *Pagsisimba o Pagsamba* – Anuman ang pinaniniwalaan ng tao, mahalaga ang pagsisimba o pagsamba saan man siya kaanib na relihiyon. Ito ang makatutulong sa tao upang lalo pang lumawak ang kaniyang kaalaman sa Salita ng Diyos at maibahagi ito sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng kaalaman na napulot sa pagsisimba/pagsamba.



4. *Pag-aaral ng Salita ng Diyos* – Upang lubos na makilala ng tao ang Diyos, nararapat na malaman ang Kaniyang mga turo o aral. Tulad ng isang tao na nais makilala nang lubos ang taong kaniyang minamahal, inaalam niya ang lahat ng impormasyon ukol dito. Hindi lubusang makikilala ng tao ang Diyos kung hindi siya mag-aaral o magbabasa ng Banal na Kasulatan o Koran.



5. *Pagmamahal sa Kapuwa* – Hindi maaaring ihiwalay sa tao ang kaniyang ugnayan sa kapuwa. Ito ang isang dahilan ng pag-iral ng tao, ang mamuhay kasama ang kapuwa. Hindi masasabi na maganda ang ugnayan ng tao sa Diyos kung hindi maganda ang ugnayan niya sa kaniyang kapuwa. Mahalagang maipakita ng tao ang paglilingkod sa kaniyang kapuwa.



6. *Pagbabasa ng mga aklat tungkol sa espiritalidad* – Malaki ang naitutulong

ng pagbabasa ng mga babasahin na may kinalaman sa espiritwalidad. Ito ay nakatutulong sa paglago at pagpapalalim ng pananampalataya ng isang tao.

Tanong:

1. Alin sa sumusunod na paraan ang iyong nagagawa upang mapalalim ang iyong ugnayan sa Diyos? Ipaliwanag.

Mula sa iba't ibang paraan, napalalalim ng tao ang kaniyang ugnayan sa Diyos. Kaya't dito ay makikita ng tao na hindi maaaring ihiwalay ang espiritwalidad sa pananampalataya. Ang espiritwalidad ng tao ang pinaghuhugutan ng pananampalataya at ang pananampalataya naman ang siyang nagpapataas ng espiritwalidad ng tao. Dito ay nagkakaroon nang malalim na ugnayan ang Diyos at ang tao.

### Ang Pagmamahal sa Diyos at Kapuwa ang Tunay na Pananampalataya

Paano ka ba magmahal? Naitanong mo na ba ito sa iyong sarili? Paano mo minamahal ang Diyos at ang iyong kapuwa? Pamilyar ka ba sa dalawang pinakamahalagang utos? Ito ay ang: Ibigin mo ang Diyos nang buong isip, puso, at kaluluwa at ibigin mo ang iyong kapuwa tulad ng iyong sarili. Ang magmahal ang pinakamahalagang utos. Sinasabi sa *Juan 4:20*, "*Ang nagsasabi na iniibig ko ang Diyos, subalit napopoot naman sa kaniyang kapatid ay isang sinungaling. Kung ang kapatid na kaniyang nakikita ay hindi niya magawang ibigin, paano niya maiibig ang Diyos na hindi niya nakikita?*"

Tanong:

1. Ano ang reaksiyon mo sa pahayag na ito? Ipaliwanag.
2. Ano ang hamon nito sa iyo?

Tunay nga ang sinasabi ng pahayag na ito. Masasabi lamang ng tao na siya ay nagmamahal sa Diyos kung nagmamahal siya sa kaniyang kapuwa. Hindi ito madali, ngunit isa itong hamon para sa lahat dahil kung anuman ang ginawa natin sa ating kapuwa ay sa Diyos natin ginagawa. Kilala mo ba si Mother Teresa ng Calcutta? Nakita sa kaniya ang malalim na ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga tao na hindi katanggap-tanggap sa lipunan tulad ng mga pulubi sa lansangan, mga may sakit na ketong, mga matatandang maysakit na iniwan ng kanilang pamilya, at marami pang iba. Sila ay inalagaan at tinulungan, pinakain at minahal ni Mother Teresa na walang hinihintay na anumang kapalit. Sinabi ni Mother Teresa: Paano mo nalalaman na nagmamahal ka? Ito ang tunay na pagmamahal, ang magmahal na walang hinihintay na anumang kapalit kahit na nahihirapan o nagsasakripisyo ay nagmamahal pa rin. Ganyan ang ipinakitang pagmamahal ni Mother Teresa - isang pagmamahal na ang hinahanap ay makita ang Diyos sa piling ng kapuwang pinaglilingkuran. Kaya't mapapatunayan



lamang ng tao na minamahal niya ang Diyos kung minamahal niya ang kaniyang kapuwa.

Mayroon tayong tinatawag na Apat na Uri ng Pagmamahal ayon kay C.S. Lewis.

1. *Affection* – Ito ay ang pagmamahal bilang magkakapatid, lalo na sa mga magkakapamilya o maaaring sa mga taong nagkakilala at naging malapit o palagay na ang loob sa isa't isa.
2. *Philia* – Ito ay pagmamahal ng magkakaibigan. Mayroon silang iisang tunguhin o nilalayon na kung saan sila ay magkakaugnay.
3. *Eros* – Ito ay pagmamahal batay sa pagnanais lamang ng isang tao. Kung ano ang makapagdudulot ng kasiyahan sa kaniyang sarili. Halimbawa: Mahal mo siya dahil maganda siya. Ito ay tumutukoy sa pisikal na nais ng isang tao.
4. *Agape* – Ito ang pinakamataas na uri ng pagmamahal. Ito ay ang pagmamahal na walang kapalit. Ganyan ang Diyos sa tao. Patuloy na nagmamahal sa kabila ng mga pagkukulang at patuloy na pagkakasala ng tao ay patuloy pa rin Niyang minamahal dahil ang TAO ay mahalaga sa Kaniya.

Kung gayon, ang bawat isa sa atin ay inaanyayahan na tularan ang Diyos. Sikapin natin na mahal in ang ating kapuwa dahil ito ang palatandaan ng pagmamahal natin sa Diyos na Lumikha.

Ngayon ay tatanungin kitang muli, nagsusumikap ka ba na magmamahal para sa Diyos?

### **Tayahin ang Iyong Pag-unawa**

Ano ang naunawaan mo sa iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutin mo ang sumusunod na mga tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang kahulugan ng espiritwalidad?
2. Ano ang kahulugan ng pananampalataya?
3. Paano nakatutulong ang pananampalataya ng tao sa kaniyang buhay?
4. Ibigay ang anim na paraan upang mapangalagaan ang ugnayan ng tao sa Diyos? Ipaliwanag ang bawat isa.
5. Ano ang pagkakatulad ng pananampalatayang Kristiyanismo, Islam, at Buddhismo?
6. Magbigay ng paraan upang maipakita ang pagmamahal sa Diyos at kapuwa?

## Paghinuha sa Batayang Konsepto

Mula sa iyong binasa ay bumuo ka ng konsepto tungkol dito. Isulat ito sa iyong kuwaderno. Matapos mo itong gawin, ibahagi ito sa iyong katabi. Mula rito ay bubuo kayo ng isang malaking konsepto gamit ang *graphic organizer* o *diagram*. Ipakikita ito sa klase.

Graphic Organizer

### **Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa pag-unlad ko bilang tao**

1. Ano ang kabuluhan ng batayang konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



## E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

Ngayon ay nabatid mo na ang kahalagahan ng espiritalidad at pananampalataya sa iyong buhay. Ito ang iyong magiging sandata sa oras ng problema at pagsubok. Ito rin ang nagpapalalim ng iyong ugnayan sa Diyos.

### Pagganap

#### Gawain 5

Mga sitwasyon	Ang aking gagawin
1. Mahal na mahal mo ang iyong mga magulang. Isang araw, habang ikaw ay nasa paaralan, nakatanggap ka ng balita na naaksidente sila at nag-aagaw buhay sa ospital. Hindi ka nakalilimot sa Diyos sa araw-araw at nagsisilbi ka sa inyong simbahan. Ngunit pareho silang binawian ng buhay dahil sa aksidente na kanilang sinapit. Sisisihin mo ba ang Diyos sa pangyayaring ito?	
2. Isang gabi, habang ikaw ay naglalakad pauwi sa inyong bahay, may nakita kang isang lalaking nakahandusay sa kalsada. Siya ay duguan at halos hindi na humihinga. Paglapit mo sa kaniya ay namukhaan mong siya ang lalaking bumugbog sa iyong ama na naging dahilan ng pagka-ospital nito. Ano ang iyong gagawin?	
3. Kumatok ang iyong kapitbahay at humihingi sa iyo ng tulong dahil ang kaniyang anak ay may malubhang karamdaman. Noong araw na iyon, sakto lamang ang iyong pera para sa inyong gastusin sa bahay. Ano ang iyong gagawin?	

## Pagninilay

### Gawain 6

*Panuto:* Ngayon ay inaanyayahan kita na muling balikan ang iyong naging ugnayan sa Diyos at kapuwa. Paano mo ito mapalalago at mapalalalim gamit ang iyong bagong kaalaman at reyalisasyon sa iyong natutuhan? Isulat ito sa iyong kuwaderno.

## Pagsasabuhay

### Gawain 7

Ngayon ay hinahamon ka kung paano sisimulan ang pagpapaunlad ng iyong pananampalataya at espiritwalidad. Nawa'y maipakita mo ito sa pang-araw-araw na buhay.

*Panuto:*

1. Gumawa ng *Personal Daily Log* (Pansariling pang-araw-araw na talahanayan) na may kinalaman sa pagpapaunlad ng pananampalataya at espiritwalidad para sa susunod na dalawang linggo.
2. Itala rito kung nagpapakita ng mabuting ugnayan sa Diyos at kapuwa.
3. Maglakip ng patunay sa iyong ginawa.
4. Ipakita at ipabasa ito sa iyong mga magulang. Bigyan sila ng pagkakataon na makapagbigay ng payo o komento sa iyong ginawa. Anyayahan sila na ito ay lagdaan.

<i>My Personal Daily Log</i>				
Mga Araw	Ugnayan sa Diyos	Ugnayan sa kapuwa	Mga patunay	Komento at lagda ng magulang
Lunes				
Martes				
Miyerkules				
Huwebes				
Biyernes				
Sabado				
Linggo				

Binabati kita sa iyong pagsisikap na makilala ang Diyos at mapalalim ang iyong ugnayan sa Kaniya. Nawa'y ipagpatuloy mo ito lalo na sa pagharap mo sa hamon ng buhay.

**Mga kakailanganing kagamitan (website, software, mga aklat, worksheet)**

**Mga sanggunian:**

Pope Paul VI,. 2005. *Pastoral Constitution on the Church in the Modern World*.  
Revised Edition.

Ramon Maria Luza Bautista (2009). *Schooled by the Spirit*. Quezon City: Jesuit  
Communication Foundation Inc.

**Mga Saliksik sa Internet:**

Retrieved from:<http://biblehub.com/james/2-17.htm> on July 14, 2014.

\_\_\_\_\_. Catholic Spirituality. Retrieved from:<http://www.all-about-the-virgin-mary.com/catholic-spirituality.html> on July 14, 2014

Hobart E. Freeman, ThD. *The Biblical Definition of Faith*. Retrieved from:[http://thegloryland.com/index.php?p=1\\_11\\_The-biblical-definition-of-faith](http://thegloryland.com/index.php?p=1_11_The-biblical-definition-of-faith) on July 13, 2014.

Abul Ala Maududi. *Spiritual Path of Islam*. Retrieved from:<http://www.islam101.com/sociology/spiritualPath.htm> on July 14, 2014.